# PRAKTIKAL NA PAMUMUHAY KRISTIYANO

Dr. Stephen Gibson

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2021 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba’t-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Talaan ng mga Nilalaman


Mga Direksiyon Para sa Tagapanguna sa Klase .......... 5

(1) Integridad ng Kristiyano .......... 7

(2) Ang Pagsasagawa ng pagsunod sa Dios .......... 21

(3) Trabaho .......... 31

(4) Mga Kaugnayan .......... 41

(5) Paggabay ng Dios .......... 53

(6) Ang Biblikal na Konsepto ng Pag-aasawa .......... 63

(7) Ang Kabanalan ng Pag-aasawa .......... 75

(8) Ang Kapaligirang Kristiyano .......... 89

(9) Pananalapi .......... 97

(10) Katapatan .......... 111

(11) Kahalagahan ng Tao .......... 123

(12) Pamahalaan .......... 135

(13) Ang Katawan ng Kristiyano .......... 143

(14) Mga Inirerekomendang Pagkukunan .......... 153

Talaan ng mga Takdang Aralin .......... 155

# Mga Direksiyon Para sa Tagapanguna sa Klase

Ang mga direksiyon para sa bawat leksiyon ay nakaimprenta sa italics (*italics*) sa kabuuan ng leksiyon.

Ang simbolong ► ay matatagpuan sa unahan ng isang tanong para sa talakayan. Dapat itong itanong ng tagapanguna sa klase at bigyan ang mga mag-aaral ng panahon upang talakayin ang sagot. Kung ang parehong mag-aaral ang karaniwang unang sumasagot, o kung ang ilang mag-aaral ay ayaw magsalita, maaaring idiretso ng tagapanguna ang tanong sa isang mag-aaral: “Igor, paano mo sasagutin ang tanong na ito?”

Maraming Kasulatan ang ginamit sa kursong ito. Kailanman na kailangang basahin nang sama-sama ang isang talata, sasabihin iyon ng mga direksiyon. Halimbawa: Dapat basahin ng isang mag-aaral para sa grupo ang Roma 6. Dapat tingnan ng lahat ng mag-aaral ang talatang binabasa. Sa ibang pagkakataon naman, (1 Corinto 12:15). Ang mga reperensiyang ito ay suporta sa mga pangungusap sa teksto. Hindi laging kinakailangang basahin ang mga talata sa parenthesis.

Ang bawat leksiyon ay may mga takdang-aralin na inilalarawan sa hulihan. Ang mga takdang-aralin ay dapat makumpleto pagkatapos ng leksiyon at iulat sa tagapanguna sa klase sa susunod na oras ng pag-aaral. Kung ang isang mag-aaral ay hindi nakatapos ng leksiyon at mga takdang-aralin nito, maaari niyang gawin ang mga ito sa ibang oras. Gayunman, dapat hikayatin ng tagapanguna ang mga mag-aaral na manatili sa iskedyul upang mas marami silang matutuhan mula sa klase. Isang chart ang inilagay sa dulo ng kurso upang itala ang mga takdang-aralin na natapos na ng mag-aaral.

Isa sa mga layunin ng kurso ay ihanda ang mga mag-aaral upang maging mga tagapagturo. Dapat silang bigyan ng tagapanguna sa klase ng mga pagkakataon upang paunlarin ang kanilang kakayahan na magturo. Halimbawa, dapat sa pana-panahon ay pahintulutan ng tagapanguna sa klase ang isang mag-aaral na nagturo ng maikling bahagi ng leksiyon para sa klase.

Sa dulo ng bawat leksiyon ay isang seksiyon na may mga direksiyon para sa pagbabahaginan ng grupo. Maaaring magpasiya ang tagapanguna ng klase kung gaano kahabang oras ang gagamitin sa oras ng talakayan. Maraming leksiyon ang magkakaroon ng saganang talakayan habang pinag-aaralan ang materyal.

Gayun rin sa dulo ng bawat leksiyon ay isang maikling panalangin, na hinihiling sa Dios na ilapat ang katotohanan sa buhay ng mga mag-aaral. Maaaring atasan ng tagapanguna sa klase ang isang mag-aaral na basahin ang panalangin para sa klase.

# Leksiyon 1
# Integridad ng Kristiyano

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng Biblia kapag tinutukoy nito "ang sanlibutan."

(2) Makita ang mga bahagi kung saan ang mga pinahahalagahan ng sanlibutan ay nakakaimpluwensiya sa kanyang buhay.

(3) Ilarawan kung paano at bakit ang pag-iisip ng isang Kristiyano ay dapat maging iba sa pag-iisip ng isang makasalanan.

(4) Ipaliwanag kung ano ang kahulugan para sa isang Kristiyano na mamuhay ng isang buhay na may integridad.

(5) Ipakita na ang katotohanang Kristiyano ay dapat ilapat sa lahat ng detalye ng buhay.

## Si John Chrysostom, Tagapangaral ng Integridad

Si John Chrysostom (370's),[1] ay isang makaDios na pastor na nakilala bilang "ang ginintuang bibig" dahil sa kanyang makapangyarihan at oratorical na pangangaral. Siya ay lubhang minahal ng pangkaraniwang tao at naging pinakakilalang mangangaral ng Silangang Imperyong Romano. Siya ay "nakidnap" noong 398 at dinala sa kapitolyong lunsod ng Constantinople (ang Istanbul, Turkey sa modernong panahon) upang maglingkod bilang pastor at patriarka ng pambansang Iglesya na may 100,000 miyembro.

Kilala si John dahil sa kanyang hindi ikinokompromisong karakter. Ginamit niya ang kanyang tungkulin upang maglingkod sa mga pangangailangan ng buong lunsod, hindi lamang para sa mga mayayaman. Pinakain niya ang mahihirap, nagtayo ng mga ospital, at sumuporta sa mga balo. Kinompronta niya ang mga obispo sa Asia Minor dahil sa kanilang korapsyon at maling pamamahala sa pananalapi at nangaral laban sa kanilang indulhensiya at imoralidad. Binigyang babala niya ang nasa mataas na posisyon sa Constantinople na ang pagdalo sa teatro ang wawasak sa kanila. Inihambing niya ang pagdalo sa teatro sa pagkakalantad sa isang nakamamatay na mikrobyo. Sinabi ni John,

> Kapag nakakita ka ng isang babaeng walang kahihiyan sa teatro, na lumalakad sa entablado nang walang takip ang ulo at magaspang ang pag-uugali, nakadamit ng kasuotang napapalamutian ng ginto, ipinagmamalaki ang kanyang kahalayan, umaawit ng mga imoral na awitin, ipinapakita ang kanyang mga hita sa kanyang

[1]Gerald L. Sittser. *Water from a Deep Well*. (Downers Grove: InterVarsity Press, 2007), 135

> sayaw, at nagsasalita ng walang kahihiyang mga pananalita…huwag mong subukang sabihin na walang nangyayari sa iyo bilang tao?...Mahabang panahon pagkatapos na isara ang teatro at ang lahat ay nagsialisan na, ang mga larawang iyon ay nananatiling nakalutang pa sa harap ng iyong kaluluwa, ang kanilang mga salita, ang kanilang ugali, ang kanilang mga sulyap, kanilang lakad, kanilang posisyon…ang kanilang walang dangal na hita--at ikaw naman, uuwi kang balot ng libong sugat! Subali't hindi ka nag-iisa—ang masamang babae ay kasama mo—bagaman hindi lantaran at nakikita…kundi sa iyong puso, at sa iyong budhi, at doon sa iyong kalooban sinindihan niya ang pugon ng Babilonia..kung saan ang kapayapaan ng iyong tahanan, ang kadalisayan ng iyong puso, ang kaligayahan ng iyong kasal ay matutupok!

Ang babala ni Juan, sa mayayamang mamamayan

> Isang kahangalan at kasamaang pampubliko na punuin ang inyong mga kabinet ng damit at hayaan ang tao na nilikha sa imahen ng Dios at sa wangis natin na tumayong hubad at nanginginig sa ginaw kung kaya't halos hindi sila makatindig nang matuwid…Kayo ay malalaki at matataba, nagdadaos kayo ng inumang pagsasalu-salo hanggang sa kalaliman ng gabi, at natutulog sa komportable at malambot na higaan. At hindi ba ninyo iniisip kung paano kayo magbibigay sulit sa inyong maling paggamit ng mga kaloob ng Dios...Dahil ang salapi natin ay sa Panginoon, sa paano mang paraan natin iyon inipon. Ito ang dahilan kung bakit ipinahintulot na magkaroon pa kayo ng higit pa; hindi upang waldasin lamang ninyo…kundi upang ipamahagi ninyo sa mga nangangailangan.

Sa katagalan si John Chrysostom ay ipinatapon sa silangang baybayin ng Black Sea subali't namatay habang naglalakbay (A.D. 407). Ang kanyang panghuling mga salita ay, "Kaluwalhatian para sa Dios sa lahat ng bagay. Amen."

## Isang Biblikal na Pag-unawa sa Sanlibutan

Ang Juan 17 ay ang panalangin ni Hesus para sa kanyang mga alagad sandaling panahon bago ang kanyang pagkapako sa krus. Ipinapahayag nito ang kanyang dakilang pag-ibig at malasakit para sa kanyang mga disipulo. Sinabi niya na ipinapanalangin rin Niya ang mga sasampalataya sa mensahe ng mga apostol (tal. 20), kaya't ang mga mananampalataya sa ngayon ay kabilang doon.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Juan 17:14-18 para sa grupo.

Ano ang ibig sabihin ni Hesus nang sabihin niyang hindi siya taga-sanlibutan? Alam natin na hindi siya nagmula sa mundong ito; siya ang Anak ng Dios, na dumating sa mundo mula sa langit. Gayunman, nang ipahayag Niya na hindi siya mula sa sanlibutan, hindi niya tinutukoy ang katotohanan na siya ay nagmula sa ibang lugar sa labas ng mundong ito. Sinabi niya na ang mga disipulo ay hindi rin taga-sanlibutan, kung paanong siya ay hindi

taga-sanlibutan. Nangungusap si Hesus tungkol sa mga taong isinilang sa daigdig, isinilang sa mga magulang na tao, at lumaki bilang mamamayan ng kanilang sariling bansa.

Kaya't ano ang ibig sabihin ni Hesus nang sabihin niyang hindi taga-sanlibutan ang kanyang mga disipulo? Kailangan nating maunawaan kung ano ang sinasabi ng Biblia kapag tinutukoy nito ang sanlibutan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 2: 1-3 para sa grupo.

Ipinapakita sa atin ng mga talatang ito na ang pamumuhay katulad ng paraan ng pamumuhay ng sanlibutan ay pareho ng pagsunod sa direksiyon ni Satanas. Nakikita rin natin na ang tao sa sanlibutan ay sumusunod sa kanilang mga makasalanang pagnanasa, at mararanasan nila ang poot ng Dios. Nakatanggap ang mga mananampalataya ng bagong buhay at hindi na namumuhay nang katulad ng sanlibutan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Juan 2:15-17 para sa grupo.

Ang sanlibutan ay binanggit sa 1 Juan bilang isang masamang bagay. Hindi ito dapat mahalin, at ang mga bagay dito ay hindi dapat mahalin. Ang mga maling pagnanasa at motibo ay tipikal sa daigdig. Ang mga makasalanang pagnanasa ay tinatawag na mga pagnanasa nang sanlibutan.

Si Satanas ay tinatawag na tagapanguna ng sanlibutang ito (Juan 16:11). Hindi ito nangangahulugan na karapatan niya ang pag-aari sa sanlibutan; siya ang lider ng isang rebelyon laban sa Dios, at ang tao sa sanlibutan ay sumusunod sa kanya. Hinatulan na siya, at ang mga taong nagpapaptuloy sa pagsunod sa kanya ay hahatulan rin.

Ang pagiging kaibigan ng sanlibutan ay ang pagturing din sa kanya na kaaway ng Dios (Santiago 4:4).

Ang *sanlibutan* ay binubuo ng milyong bilang ng natural, nahulog na mga tao, na hiwalay sa Dios at pinagkakaisa ng bagay na magkakatulad na taglay nila. **Una, mayroon silang maling pagmamahal o pagnanasa**. Minamahal nila ang mga bagay sa sanlibutan nang higit kaysa sa Manlilikha ng sanlibutan. Sinasabi ng 1 Juan 2:15-17 na, "Huwag ninyong mahalin ang sanlibutan… Dahil ang lahat ng nasa sanlibutan—ang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamalaki sa buhay—ay hindi mula sa Ama kundi mula sa sanlibutan."

**Ikalawa, ang kanilang mga maling pagnanasa ay nauuwi sa maling pag-uugali/gawain**; isang pamumuhay na nakatuon sa pagbibigay kasiyahan sa kanilang sarili, madalas ay isinasakripisyo ang katwiran at habag (Amos 5:11-15; 21-24). Lumalakad sila sa kanilang sariling daan, hinihingi kung ano ang kanilang gusto, at ipinapasya kung ano ang tama at mali para sa kanilang sarili. Bagaman mayroon silang maraming anyo ng relihiyon, ginagawa ng lahat ng nasa sanlibutan ang kanilang sarili (kaisipan ng tao, karunungan ng tao, panlasa ng tao, kabutihan ng tao, kapangyarihan ng tao) bilang sentro ng kanilang pagsamba (Roma 1:25). Tinututulan nila ang awtoridad ng Dios at

pinaniniwalaan ang pilosopiya ng buhay na nagbibigay katuwiran sa kung ano ang ipinasiya nilang gawin. Hindi nila sinisikap na malaman kung ano ang tama at gawin ito. Ginagawa nila kung ano ang kanilang gusto, pagkatapos ay humahanap ng paraan upang ipaliwanag na ito ay tama.

Ang mga hindi Kristiyanong psychologists at tagapayo sa sanlibutan ay nagsisikap na tulungan ang mga tao na bigyang kalutasan ang kanilang *guilt* nang hindi nagsisisi at hindi hinahanap ang kapatawaran ng Dios. Ang mga pilosopo sa sanlibutan ay nagsisikap na ilarawan ang isang layunin upang mamuhay na hindi kabilang ang Dios. Ang mga siyentipiko sa sanlibutan ay nagsisikap na ipaliwanag ang pinagmulan ng lahat ng bagay habang itinatanggi ang Manlilikha. Ang mga pulitiko at mga manggagawang panlipunan ng sanlibutan ay nagsisikap na humanap ng paraan upang pigilan ang natural, negatibong bunga ng kasalanan habang itinatanggi na ang kasalanan ang siyang tunay na suliranin. Ang mga nagdidisenyo ng pananamit sa sanlibutan ay nagsisikap na lumikha ng damit na malaswa at nakakatawag-pansin. Ang mga entertainers ng sanlibutan ay nagbibiro tungkol sa kasalanan, moralidad at relihiyon. Ang mga pastor sa sanlibutan ay naniniwala sa isang dios na sumasang-ayon sa kasalanan at nagsasabi na ikaw ay magiging mayaman, masaya at magkaroon ng mabuting pagtingin sa sarili.

Nagbigay ng babala ang Colosas 2:8 sa atin na huwag nating hayaang manakawan tayo ng pilosopiya at pandaraya, ng mga elemento ng sanlibutan. Ang isang con-artist ay nagnanakaw sa pamamagitan ng pagbebenta ng isang maling ideya. Sa pamamagitan ng pagkumbinsi sa mga tao gamit ang maling mga ideya, ninanakaw ng sanlibutan sa mga tao ang kanilang relasyon sa Dios, mga benepisyong espirituwal, at ng langit.

Ang mga pilosopiya at nakakokontrol na motibasyon ng sanlibutan ay nakikita sa paraan ng pamumuhay ng mga tao na nasa sanlibutan. Ang lahat ng pananalita, pag-uugali, pananamit, paglilibang, at mga ginagawa ng mundo ay mga pagpapahayag ng pagiging makasalanan ng kanilang mga puso.

Hindi maaaring sundan ng mga Kristiyano ang moralidad ng kanilang lipunan. Magiging iba ang mga Kristiyano sa kanilang lipunan.

Ang mga kultura ay hinubog ng bagay na ito na tinatawag ng Biblia na *sanlibutan.* Ang mga henerasyon ng tao sa isang lugar ay nagtatatag ng kultura. Nais nila ng maraming mabubuting bagay tulad ng seguridad, kasaganaan, at matatag na pamilya, subali't hinahabol nila ang mga bagay na may makasanlibutang pilosopiya at ang determinasyon na matagpuan ang mga iyon nang hindi nagpapasakop sa Salita ng Dios. Ito ay nangangahulugan na ang mga Kristiyano ay hindi lubusang makasusunod sa kanilang sariling kultura. Ang ilang kultura ay mas naiimpluwensiyahan ng mga prinsipyo ayon sa Biblia kaysa sa iba, subali't walang kultura sa alinmang bansa ang lubusang Kristiyano.

► Batay sa napag-aralan na natin, ano ang ibig sabihin na ang mga disipulo ni Hesus ay "hindi taga-sanlibutan"?

Hindi sinusunod ng mga Kristiyano ang mga makasalanang pagnanasa at mga ambisyon. Nais nilang bigyang-lugod ang Dios nang higit sa lahat. Ang kanilang mga minamahal ay naging, at nagpapatuloy na binabago (Filipos 1:9-11). Nakasulat na sa kanilang mga puso (Jeremias 31:33) ang kautusan ng Dios. Ang mga kautusan ng Dios ay hindi kabigatan para sa mga Kristiyano sa halip ay isang kasiyahan (1 Juan 5:1-3; Awit 19:7-11). Ang mga Kristiyano ay may pangwalang-hanggang prayoridad (Mateo 6:33). Ang kanilang mga ugali ay nagpapakita na nais nilang labanan ang tukso at mamuhay nang matagumpay laban sa kasalanan.

Iniisip ng mga tao sa sanlibutan na ang mga Kristiyano ay kakaiba dahil hindi sila interesado sa parehong mga bagay (1 Pedro 4:4). Sinabi ni Hesus na ang sanlibutan ay namumuhi sa isang tao na naiiba sa espirituwal (Juan 17:14). Ang mundo ay may (antagonism) paglaban sa mga hindi nakikiayon dito. Kaya't sinabi ni Hesus, "Sa sanlibutan ay magkakaroon kayo ng kapighatian" (Juan 16:33). Sinabi ni Apostol Pablo, "Ang lahat ng namumuhay nang makaDios kay Kristo Hesus ay magdaranas ng pag-uusig" (2 Timoteo 3:12).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 2 Corinto 6:14-18 para sa grupo.

Sinasabi ng Biblia na ang mga mananampalataya ay dapat bumukod sa sanlibutan. Ang pagiging bukod na ito ay nagsisimula sa saloobin ng tao, tulad ng itinuro ni Hesus sa Sermon sa Bundok. Dito inilarawan niya ang saloobin ng isang Kristiyano bilang pag-uugali ng kababaang-loob, kalungkutan para sa kasalanan, kaamuan, katuwiran, habag, kadalisayan ng puso, kapayapaan at bukal sa loob na pagtitiis ng pag-uusig. Ang mga natatanging *saloobin* ay magbubunga ng natatanging *pag-uugali.* Halimbawa, ang mga Kristiyano ay hindi maaaring makipareha sa iba kung hinihingi nito na gawin ang mga bagay na mali. Ipinapangako ng Dios na magiging Ama siya sa sinumang nakabukod mula sa sanlibutan. Tandaan, tiningnan natin ang isang talata na nagsasabing ang kaibigan ng sanlibutan ay kaaway ng Dios (Santiago 4:4).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 5:13-16 para sa grupo.

Ang pagkabukod at hiwalay mula sa sanlibutan ay hindi nangangahulugan na ang mga Kristiyano ay dapat humiwalay mula sa lipunan at bumuo ng kanilang sariling mga komunidad. Sinabi ni Hesus na hindi niya idinadalangin na ang kanyang mga disipulo ay alisin mula sa mundo (Juan 17:15). Sinabi rin niya na ang kanyang mga disipulo ay asin at ilaw para sa sanlibutan, na ang ibig sabihin sila ay dapat naroon at nakikita sa lipunan. Ang Kristiyano ay dapat makibahagi sa pamahalaan at sa gawain sa komunidad maliban na lamang kung ang pakikibahagi/pakikilahok dito ay mangangailangan na gumawa siya ng mga maling bagay.

Sinabi sa atin ni Gerald Sittser kung ano ang larawan nito sa unang Kristiyanismo:

> Si Aristides, isang pilosopong taga-Athens na ...namuhay noong ikadalawang siglo, ay naglista ng ilang katangian na nagbubukod sa mga Kristiyano mula sa lahat ng populasyon. Ang mga Kristiyano, ayon sa kanya, ay modelo ng katapatan sa asawa,

makatotohanan, nasisiyahan/kontento, gumagalang sa magulang, nagmamahal sa kapwa, kadalisayan, katiyagaan sa harap ng pag-uusig at kagandahang-loob sa mga estranghero. Pinangalagaan nila ang mga balo at mga ulila. Tinatrato din nila ang mga alipin nang may hindi karaniwang kabaitan. "Ang sinumang alipin, maging lalaki man o babae.. naaakit sila na maging Kristiyano dahil sa pagmamahal nila sa kanila. Kapag naging Kristiyano sila, sila ay nagiging kapatid nang walang pagtatangi."[2]

## Isang Tunay na Pananampalataya

Ang liham ni Santiago ay nagbibigay-diin na ang tunay na pananampalatayang Kristiyano ay ipinapakita sa pamumuhay. Sinabi ni Santiago na ang isang tao na nakaririnig ng Salita ng Dios nguni't hindi ito ginagawa ay nalilinlang ang kanyang sarili (1:22). May mga taong nag-iisip na sila ay mas mabuti kaysa iba dahil mas marami silang nalalamang katotohanang Kristiyano—bagaman hindi nila ito sinusunod – subalit iyon ay hindi totoo.

Sinabi ni Santiago na may mga taong relihiyoso, ngunit walang kabuluhan ang kanilang relihiyon. Nalulugod ang Dios sa relihiyon ng isang tao na tumutugon sa mga pangangailangan ng iba at pinananatili ang kanyang sarili na dalisay, na hindi naparurumi ng sanlibutan. (1:27).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Santiago 2:14-26 para sa grupo.

May mga tao na nagsasabi na dahil ang kaligtasan ay natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pamamagitan ng mga gawa, ang ating mga ginagawa ay hindi na mahalaga. Iniisip nila na ang isang tao ay posibleng magkaroon ng nakapagliligtas na pananampalataya kahit na ang kanyang mga saloobin at pamumuhay ay katulad ng isang hindi mananampalataya. Ang talatang ito sa sulat ni Santiago ay nagsasalita tungkol sa mga ganoong klaseng tao.

Sinasabi ni Santiago na ang *paniniwala* ay hindi sapat; maging ang mga demonyo ay mayroon ding tamang paniniwala, subali't sila'y wala sa tamang relasyon sa Dios (tal.19). Ang isang taong naniniwala sa Dios ngunit hindi nagpapasakop/sumusunod sa Dios ay katulad ng isang taong nakaririnig sa ebanghelyo ngunit hindi naman nagsisisi.

Mahalaga na ipaliwanag ang mga talatang 21 at 24. Sinabi nila na si Abraham ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng mga gawa, at ang isang tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pinagsamang gawa at pananampalataya. Ito ay tila sumasalungat sa ibang kasulatan na nagbibigay-diin na ang isang tao ay naliligtas sa pamamagitan nang nag-iisang paraan lamang at ito ay sa pamamagitan ng biyaya at hindi sa pamamagitan ng gawa.[3] Sa salitang *pinawalang-sala*, hindi ibig sabihin ni Santiago na ang tao ay naliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya at gawa kundi ang isang tao ay *ipinapakita* na *taong naligtas* sa pamamagitan ng pananampalataya at nagbubunga ng gawa. Hindi siya naligtas

[2] Ibid, 54
[3] Efeso 2:8-9, Galacia 2:16, Roma 3:28

sa pamamagitan ng gawa, ngunit kung hindi siya namumuhay bilang isang Kristiyano, hindi rin siya nagtataglay ng nakapagliligtas na pananampalataya. Sinasabi ni Santiago na patay ang pananampalataya ng isang tao kung hindi siya nagtataglay ng buhay na umaayon sa pananampalataya (talata 26).

Sinabi ni Santiago na kung paanong imposible para sa isang puno ang magkaroon ng dalawang klaseng bunga o ang isang bukal ay maglabas ng dalawang klase ng tubig, ang isang tao ay hindi dapat makapagsalita ng kapwa pagpapala at pagsumpa (3:9-12). Ang pag-uugali ng isang tao ay dapat tuloy-tuloy na tumutugma sa kanyang pananampalatayang Kristiyano.

## Ang Konsepto ng Integridad

Sa Roma 2:21-24, sinabi ni Pablo sa mga Judio na nag-iisip na sila ay nakahihigit sa mga Hentil dahil taglay nila ang kasulatan, bagaman hindi nila ito sinusunod. Itinanong niya, "Kayo na nagsasabi na ang tao ay hindi dapat magnakaw; kayo ba ay hindi nagnanakaw?" Sinabi niya, "Kayo na nagmamalaki dahil taglay ninyo ang kautusan, subalit hindi ninyo pinararangalan ang Dios dahil sa inyong paglabag dito." Ang katotohanan na itinataas nila ang kanilang sarili bilang mga taong relihiyoso gayunman ay hindi nagtataglay ng mabuting karakter ang nag-udyok sa mga Hentil upang magsalita ng mga kalapastanganan laban sa Dios at sa Kasulatan.

Ang salitang *integridad* ay nagmula sa salitang *integrate*. Ang kahulugan ng integrate ay gawing hindi nagbabago ang isang bagay sa kabuuan ng buong sistema. Halimbawa, ang isang tao na matapat ay ihahalo ang katapatan sa kabuuan ng kanyang pag-uugali at pananalita. Ang isang taong nagsasabi na siya ay matapat subalit gumagawa ng mga bagay na hindi matapat ay walang integridad.

Ang salitang *integridad* ay maaaring iangkop sa karakter ng isang tao. Sa ilang lengguwahe ang salita ay ginagamit rin upang ilarawan ang ibang mga bagay, tulad ng istruktura ng isang gusali.

► Ano sa inyong palagay ang kahulugan kapag sinabing may integridad ang istruktura ng isang gusali?

Mahalaga para sa isang gusali na manatiling nakatayo. Dapat nitong suportahan ang sariling bigat at ang bigat ng anumang gawain na magaganap sa loob nito. Kapag ito ay gumuho, ang mga tao at ari-arian ay maaaring masaktan, at ang halaga ng gusali ay nawawala. Ang integridad para sa isang gusali ay nangangahulugan na ang mga prinsipyo ng matibay na konstruksiyon ay ginamit sa kabuuan ng buong istruktura.

Mabuti rin na ang gusali ay manatiling nakatayo sa loob ng mahabang panahon. Ang isang tao na nagtatayo ng bahay ay umaasa na ito ay mananatiling nakatayo habang siya'y nabubuhay. Ang mga gusali para sa pamahalaan o malalaking negosyo ay nangangailanan ng malaking puhunan at inaasahang mananatiling nakatayo sa loob ng ilang henerasyon.

Kapag ang isang gusali ay nagsimulang tumagilid o gumuho, ito ay dahil kulang ito sa integridad. Kung minsan ang isang gusali ay nasisira ng lindol, at bagaman ito ay nakatayo pa, hindi na ito ligtas gamitin. Wala na itong integridad.

Bago simulan ang pagtatayo ng isang mahalagang gusali, mayroon itong blueprint— isang drawing na may mga detalye. Ang pinakamahalagang detalye ay kung gaano katibay ang gusali upang manatili itong nakatayo. Ang mga bahagi ng gusali ay dapat konektado sa isa't-isa at sumusuporta sa isa't-isa.

Mahalaga para sa tagapagtayo na sundin ang plano kapag siya ay nagtatayo na nito. Kung babawasan niya ang mga gastusin sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga kinakailangang bahagi ng istruktura, hindi magiging ligtas ang gusali.

► Ano ang ibig sabihin na ang isang tao ay may integridad?

Ginamit ni Hesus ang paglalarawan ng integridad ng isang gusali. Sinabi niya na ang isang taong nakaririnig at sumusunod sa Dios ay katulad ng isang taong nagtayo ng kanyang bahay sa bato. Ang bahay na iyon ay mananatiling nakatayo kapag dumating ang bagyo. Ang isang taong hindi sumusunod sa Dios ay katulad ng isang tao na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Hindi sapat na maririnig at malalaman lamang ang katotohanan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Santiago 1:22-25 para sa grupo.

Sinabi ni Santiago na nililinlang ng isang tao ang kanyang sarili kapag naririnig niya ang Salita ng Dios ngunit hindi naman niya ito sinusunod. Tinutukoy niya ang isang tao na nag-iisip na siya ay mabuting tao dahil nalalaman niya ang mga katotohanan sa Biblia gayunman ay hindi niya ito patuloy na ipinamumuhay. Ang taong ito ay walang integridad.

Sinabi ni Santiago na kapag binabasa natin ang Salita ng Dios hindi tayo dapat maging katulad ng taong tumitingin sa isang salamin ngunit hindi binabago ang sarili kahit na ito'y kanyang nakita. Ang katotohanan ng Dios ay nakakapagpabago. Habang tinitingnan natin ang Salita ng Dios ay nakikita natin ang ating mga pagkukulang, at dapat nating hayaan ang Espiritu ng Dios na baguhin ang ating karakter at pag-uugali upang umayon sa katotohanan ng Dios.

Ang integridad ay ipinapakita sa paraan ng pamumuhay. Ang isang tao ay hindi dapat masiyahan sa kanyang sarili kapag napagtanto niya na ang isang saloobin o ugali ay hindi umaayon sa katotohanan ng Dios.

### Ang Pagsubok sa Bunga

Sinabi ni Hesus na darating ang maraming huwad na propeta. Sila ay mga taong nagnanais ng estado ng panrelihiyong tagapanguna o nagnanais na gawing negosyo ang ministeryo, subalit hindi sila nagtataglay ng karakter ng isang Kristiyano. Sinabi niya na makikilala natin sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga (Mateo 7:15-18). Ang *bunga* ay hindi tumutukoy sa tagumpay. **Ang prutas ay ang natural na pagpapahayag ng karakter ng puno.** Ang bunga ng isang tao ay ang demonstrasyon sa kanyang buhay ng kanyang

panloob na karakter. Kapag ang isang tao ay hindi nagbubunga ng bunga nang Espiritu (Galacia 5:22-23; 1 Corinto 13), o *ipinamumuhay* ang buhay na makasalanan, mayroon siyang makasalanang karakter at hindi siya isang tunay na espirituwal na tagapanguna (1 Corinto 6:9-10; 2 Corinto 11:13-15).

Sinabi ni Apostol Pedro na ang mananampalataya ay hindi dapat makontrol ng kanilang dating mga pagnanasa kundi maging banal sa lahat ng kanilang ginagawa. (1 Pedro 1:14-15).

Ang mabuting bunga ay hindi nangangahulugan na nauunawaan ng isang tao kung paano perpektong ilalapat ang lahat ng prinsipyong Kristiyano sa kanyang mga kaugalian. Tayong lahat ay nasa proseso ng pagkaalam sa katotohanan ng Dios. Ang isang batang nagtatrabaho sa isang hardin ay maaaring magkamali at bunutin ang mga maling halaman. Hindi tayo hinahatulan ng Dios sa mga matapat na pagkakamali. Gayunman, hindi maidadahilan ng isang tao ang biyaya upang tumanggi na pagsisihan ang kanyang mga kasalanan. Sinasabi ni Apostol Juan sa atin na ang isang tao ay nalilinis habang siya ay "lumalakad sa liwanag," at namumuhay ayon sa katotohanan (1 Juan 1:7).

### Integridad sa Pamumuno

Gumagawa ang mga tagapanguna ng pagpapasiya na hindi kailangang gawin ng iba. Ang mga tungkulin at pagkakataon ng isang tagapanguna ay lumilikha ng maraming oportunidad para sa tukso. Ang mga pasya ng tagapanguna ay espesyal na mahalaga dahil ang mga ito ay nakakaapekto sa maraming tao.

Dapat tandaan ng isang lider ng ministeryo na siya, sa pagsunod sa halimbawa ni Hesus, ay tinawag upang maglingkod sa Dios at sa tao. Ang kanyang layunin ay dapat hindi ang maging isang tanyag na tao na pinupuri at pinaglilingkuran ng iba.

Kapag ang kongregasyon ay may malaking bilang ng mga taong hindi tapat sa pagsamba sa Dios, sinisikap nilang baguhin ang paraan ng pagsamba upang ituon ang pansin sa pagganap. Kinikilala ng mga taong ito ang talento nang higit sa pagtutuon sa espirituwal. Nais nilang mga tagapagtanghal ang manguna sa gawain ng pagsamba sa halip na mga tunay na tagapangunang epirituwal. Nalilibang sila ng mga makamundong pagtatanghal. Pumapayag silang umupa ng mga hindi pa nagbabalik-loob na mga musikero na payag din na tumugtog sa mga disko at hindi kuwalipikado upang makibahagi sa pagsamba. Dapat bantayan ng pastor ang pagsamba ng iglesya upang ito ay makaakit at maglingkod sa mga tunay na sumasamba.[4]

[4] Para sa lubos na pagsasaliksik sa pagsambang Kristiyano, tingnan ang kursong *Pagsisimula sa Pagsambang Kristiyano* ng Shepherds Global Classroom, nasa https://www.shepherdsglobal.org/courses

► Kung ang isang tao ay dadalaw sa isang iglesya sa Linggo ng umaga at makikita ang parehong mga musikero na nakita niya sa isang disco noong Sabado ng gabi, ano kaya ang iisipin niya tungkol sa iglesya?

Maaaring matukso ang isang tagapanguna na ituring ang kanyang sarili na hindi saklaw ng mga normal na tuntunin ng moralidad. May mga pastor na nagkakaroon ng maling relasyon sa mga lalaki o babae sa kanilang kongregasyon nang katulad lang ng mga makasanlibutang tagapanguna sa kanilang kultura. Ang ilang iglesya ay mali sa pagkunsinti sa imoral na pag-uugali at gawain ng mga pastor dahil sa kanilang kalagayan.

Maaaring matukso ang isang pastor na paniwalaan na pag-aari niya ang iglesya. Kapag ganito ang paraan ng kaniyang pag-iisip, inilalagay niya ang mga tao sa posisyon dahil sila ay matapat sa kanya, hindi dahil magagampanan nila nang maayos ang mga gawain. Pinapaboran ng ganitong klaseng pastor ang kanyang mga kamag-anak at nais din niyang piliin kung sino ang magmamana ng iglesya kapag wala na siya. Pinagtatakpan niya ang mga kasalanan at pagkakamali ng kanyang mga tagasuporta sa iglesya. Tinatrato niya ang pananalapi at pag-aari ng iglesya na tila ba ang mga ito ay sariling kanya.

**Ang Patotoo ng Iglesya**

Ang iglesya ay maaaring maging *baluktot* kapag nabigo itong kailanganin ang integridad. Kapag ang kongregasyon ay nakikibahagi sa mga pagnanais ng sanlibutan, tinatanggap nila ang mga tagapanguna na katulad ng sanlibutan. Pinababayaan nila ang kasalanan sa kanilang tagapangunang panrelihiyon. Maging ang mga tapat na Kristiyano ay maaaring sumunod sa mga makasalanang tagapanguna dahil hindi nila nauunawaan ang pangangailangan ng integridad at mabuting bunga. Kapag nangyari ito, ang mga makasanlibutan ay siyang magkokontrol sa iglesya, at nasisira/nawawalan ito ng patotoo.

Nagbabala si Pedro na ang mga huwad na tagapangunang espirituwal ay gagawing negosyo ang iglesya (2 Pedro 2:3). Kapag ang iglesya ay naging sikat sa kanilang lipunan, nagiging interesado ang mga makasanlibutan sa pagkakaroon ng katungkulan sa iglesya. Pinag-aaralan nila ang mga anyo ng pagsamba at pangungunang panrelihiyon nang hindi nagiging mga Kristiyano. Ang isang iglesya na hindi nagtataglay ng mabuting doktrina ay nabibigong makita ang mga ito.[5]

Ginamit ni Hesus ang ilustrasyon ng asin upang ipaliwanag kung ano ang nangyayari kapag nawawala ang pagiging bukod ng iglesya (Mateo 5:13). Ang asin na nawawalan ng kanyang alat ay walang ipinagkaiba at hindi mas mabuti kaysa sa buhangin o graba.

Kapag ang iglesya ay naging katulad ng lipunan, hindi na maaaring baguhin ng iglesya ang lipunan.

[5] Ang 2 Peter 2 at ang aklat ni Judas ay isinulat sa paksa ng mga huwad na tagapangunang espirituwal.

Kinukutya ng sanlibutan ang iglesya kapag ang iglesya ay sumusunod sa mga gawain ng sanlibutan at hindi na sumusunod sa katotohanan ng Biblia.

## Pagiging Kinatawan ng Dios

Ang *theology* ay ang sistema ng ating mga paniniwalang Kristiyano, kabilang dito ang mga doktrina tungkol sa Dios, sa sangkatauhan, sa kasalanan, kay Kristo at sa kaligtasan. Ang ating mga paniniwala tungkol sa Dios ay pundasyon ng lahat ng ating iba pang paniniwala.

Nang magsimulang ipahayag ng Dios ang kanyang sarili, ang unang layunin ng kanyang pagpapahayag ay upang ipakita kung anong uri ng Dios siya. Pangunahing inilarawan ng Dios ang Kanyang sarili bilang *banal.* Ang salitang Hebreo para sa kabanalan (*kadosh*) ay ginamit ng higit sa 600 beses sa Lumang Tipan. Halimbawa, paulit-ulit na tinukoy ni Isaias ang Dios bilang "Ang Nag-iisang Banal ng Israel." Ang kabanalan ng Dios ang tema ng pagsamba (Awit 99:3, 5). Hindi sumamba ang bayan ng Dios dahil lamang sa kanyang kapangyarihan, kundi dahil sa kanyang kabanalan.

Inihayag rin ng Dios ang kanyang sarili bilang *pag-ibig.* Ang nangungunang talata sa Lumang Tipan kung saan ipinahayag ng Dios ang kanyang sarili kay Moises at sa Israel ay sa Exodo 34:6-7. Doon inilarawan ng Dios ang kanyang sarili bilang "ang mahabagin at mapagmahal na Dios, hindi madaling magalit, masagana sa pag-ibig at katapatan, nananatili ang pag-ibig sa libo-libo, at nagpapatawad sa kasamaan, pagrerebelde at kasalanan. Gayunman, hindi niya pinababayaang hindi maparusahan ang nagkasala…"[6] Mahalagang panatilihing magkasama ang kabanalan at pag-ibig ng Dios. Ang isang salitang madalas gamitin upang ilarawan ang katangiang ito ng Dios ay "banal na pag-ibig." Dahil ang Dios ay banal, hinihingi niya na tayo ay maging banal; dahil ang Dios ay pag-ibig gumawa siya ng paraan para sa atin upang maging banal, kung paanong siya ay banal.

Ipinakita ng kabanalan ng Dios na ang mga tao ay hindi angkop na maglingkod at sumamba sa Dios nang hindi muna nababago sa pamamagitan ng biyaya. Nakita ni Propeta Isaias na mayroon siyang pagkakatulad sa mga makasalanang kanyang pinangangaralan—mayroon siyang puso na hindi dalisay (Isaias 6:5). "Maruming labi" ay kumakatawan sa mga maling salita at kilos na nagmumula sa isang hindi dalisay na puso. Ang karumihang ito ang dahilan kung bakit hindi angkop na makaharap sa presensiya ng Dios si Isaias. Hindi sinikap ni Isaias na bigyang katuwiran ang kanyang kondisyon, gayun din ang Dios. Tumugon ang Dios nang may awa sa pagpapahayag ng propeta; hindi isang biyayang nagpapabaya kundi isang nakakalinis at nakakapagpabagong biyaya (Isaias 6:6-7).

Ang Dios ng Israel ay naiiba sa mga huwad na dios at humihingi ng ibang uri ng pagsamba. Sa Awit 24 itinanong ni Haring David, "Sino ang pinahihintulutang lumapit sa presensiya ng Panginoon?" (Talatang 3). Itinanong niya, "Sino ang tinatanggap ng Dios upang sumamba?" Pagkatapos, ibinigay niya ang sagot, "Ang taong may malinis na mga kamay at dalisay na puso" (talatang 4). Hindi lahat ay tinatanggap upang sumamba sa Dios. Ang isang

---

[6]*New International Version*

sumasamba ay hindi lamang isang taong kayang itaas ang kanyang mga kamay at nakararamdam ng mga emosyon. Ang isang taong makasalanan ay hindi kuwalipikado.[7]

Sinabi ng Dios na ang kanyang sariling kabanalan ay ang batayan para sa Kanyang paghingi na ang mga sasamba sa kanya ay dapat banal. "Dapat kayong maging banal; sapagkat Ako ay banal" (Levitico 11:44-45, 19:2, 20:26, 21:8). Ang Dios ay hindi isang dios na katulad ng mga sinaunang dios-diosan sa silangan o ang mga dios ng nakalipas na mitolohiya ng Griego at Romano. Ang mga mito tungkol sa mga dios na ito ay naglarawan sa kanila bilang masasama, mapanlinlang, at malupit. Ang mga dios na ito ay nagtataglay ng lahat ng kakulangan sa karakter ng sanlibutan. Tulad ng mga anino sa isang pader, ang mga ito ay eksaheradong pagbaluktot sa imahen ng tao. Ang mga dios na ito ay hindi nangangailangan ng batayang moral o isang panuntunan ng karakter, at ang mga sumasamba sa kanila ay masasama at malupit.

Ang Dios ng Israel ay hindi isang paglalarawan ng imahen ng tao. Siya ay hindi isang imahinasyon, subali't ipinahayag niya ang kanyang sarili sa tao. Siya ay naiiba, at ito ang dahilan kung bakit ang mga sumasamba sa kanya ay dapat naiiba.

Ang pamantayan ng Dios ay inulit sa Bagong Tipan: "Ngunit kung paanong siya na tumawag sa inyo ay banal, gayun din naman magpakabanal kayo sa lahat ng paraan ng pananalita; dahil nasusulat, 'Maging banal kayo; dahil ako ay banal'" (1 Pedro 1:15-16). Ang *pananalita* ay isang salita na tumutukoy sa mga saloobin, pag-uugali, at gawain—bawat bahagi ng buhay. Hindi hinihingi ng Dios na ang mga sumasamba sa kanya ay maging banal na *panseremonya* lamang o *tawaging "banal"* kahit sa katotohanan ay hindi naman. Inaasahan niya na ang mga sumasamba sa kanya ay tunay na namumuhay nang may kabanalan.

Ang ating saloobin at pag-uugali ay nagpapakita kung ano ang iniisip natin tungkol sa Dios at sa klase ng kaugnayan na mayroon tayo sa kanya. Sinabi ni Apostol Pablo na ang mga Judio na nagmamalaki na taglay nila ang kautusan ng Dios ay hindi nagparangal sa Dios dahil kanilang pagsuway dito. Dahil sa kanilang pag-uugali, ang mga tao ay nagsasalita ng masama tungkol sa kanila at tungkol sa kanilang Dios. (Roma 2:23-24).

Anong klase ng Dios ang kinakatawan mo? Ano ang iniisip ng mga tao kung ano ang katulad ng iyong Dios? Kung nais mong malaman ng mga tao na ang Dios ay banal habang siya ay mapagpatawad at maawain, kailangan nilang makita na ikaw ay gayun din.

Kailangan ng mga iglesya na ang kanilang mga pastor ay magturo ng hindi nagbabago at lubusang doktrina.  Hindi dapat kaligtaaan ng pastor ang pangunahing doktrina. Dapat itong marinig ng bawat henerasyon at lahat ng bagong nagbalik-loob. Maging ang mga matatatag na Kristiyano ay nangangailangang paalalahanan. Ang mga sermon ng mga pastor ay hindi lamang dapat emosyonal, dynamic na pagganap para sa pagkakaroon ng kasabikan. Dapat

[7] Para sa buong pagsasaliksik ng tunay na pagsamba, tingnan ang kurso ng Shepherds Global Classroom na *Introduksiyon sa Pagsambang Kristiyano*, makukuha sa https://www.shepherdsglobal.org/courses

niyang ilarawan ang Dios at ilarawan kung paanong ang buhay Kristiyano ay dapat umangkop ayon sa Biblia sa konsepto ng Dios sa lahat ng detalye nito.

Dapat baguhin ng iglesya ang lipunan at kultura, subali't mangyayari lamang iyon kapag ang konsepto ng Dios ayon sa Biblia ay inilalapat sa mga detalye ng ating mga buhay.

### Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

► Anong mga konsepto sa leksiyong ito ang bago para sa iyo? Ano ang plano mo upang baguhin ang iyong pagharap sa pamumuhay Kristiyano?

► Ano ang konsepto na sa palagay mo ay karaniwang napapabayaan sa mga iglesya sa iyong kultura? Paano mo ipapaliwanag ang konseptong iyon sa isang kilala mo?

### Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Nais kong parangalan ka sa isang buhay na umaayon sa iyong karakter. Nais kong maging kinatawan mo sa isang mundo na hindi nagpapasakop sa iyo.

Panatilihin mo po ang aking buhay sa iyong katotohanan. Tulungan mo akong maging handang baguhin ang anumang bagay na hindi dapat maging bahagi ng buhay ng isang Kristiyano.

Salamat po sa iyong nagbibigay-kapangyarihan na Espiritu at nakakapagpabagong biyaya.

Amen

### Leksiyon 1 Mga Takdang-Aralin

(1) Sumulat ng isang paragraph tungkol sa isang pinahahalagahan ng mundo na nakaimpluwensiya sa iyong pag-iisip o pag-uugali sa nakaraang panahon. Pagkatapos humanap ng dalawang talata sa Kasulatan na tumutukoy sa bahaging ito ng buhay at itala ang mga ito. Sumulat ng isang paragraph tungkol sa kung paano ka makapagsisimulang mamuhay nang may pagsunod sa mga Kasulatan ito.

(2) Pag-aralan ang Tito 2:11-14. Maghanda ng maikling presentasyon tungkol sa integridad ng Kristiyano batay sa talatang ito. Gamitin ang talatang ito upang ipaliwanag kung bakit dapat ilapat ang mga katotohanan ng Biblia sa lahat ng detalye ng ating buhay. Ibahagi ang presentasyon sa simula ng susunod na oras ng klase.

# Leksiyon 2
# Ang Pagsasagawa ng pagsunod sa Dios

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Tuklasin ang praktikal na relasyon sa pagitan ng Kristiyanong pag-ibig at personal na buhay ng Kristiyano.

(2) Pagnilayan ang sampung bahagi kung saan ang mga mananampalataya ay dapat na lalong iayon ang kanilang buhay sa mga prinsipyo ng Banal na Kasulatan

(3) Ipaliwanag ang di-kukulangin sa dalawang dahilan kung bakit naiiba ang mga Kristiyano sa mga personal na pagsasabuhay ng mga prinsipyo ng Banal na Kasulatan na may kaugnay sa mga isyu sa uri ng pamumuhay.

(4) Ibuod ang siyam na prinsipyo (ibinigay sa teksto) para sa paggawa ng mga desisyon sa pamumuhay.

## Isang Masunuring Anak

Isang African na Ina ang lumabas upang tingnan ang kanyang anak na lalaki na naglalaro sa ilalim ng puno. Laking gulat niya nang makita ang isang malaking makamandag na ahas na nakasabit sa puno na nasa ibabaw lamang ng ulo ng kanyang anak. Parang kakagatin na ng ahas ang bata. Alam ng ina na kapag sinubukan niyang bigyan ng babala ang kanyang anak ay titingin ito sa halip na mabilis na lumayo. Sa halip na magpaliwanag, tinawag niya ito, "Anak, dumapa ka sa lupa, ngayon na." Nagtaka ang bata, ngunit dahil tinuruan siyang sumunod, ginawa niya iyon. Pagkatapos ay sinabi ng kanyang ina, "Manatili kang nakadapa at gumapang ka papunta sa akin." At muli siyang sumunod at ligtas na nakalayo sa ahas.

Bakit sumunod ang bata nang hindi naiintindihan ang dahilan ng utos? Iginagalang niya ang kanyang ina dahil tinuruan na siyang sumunod, at siya ay itinutuwid kapag siya ay sumusuway sa mga utos. Nagtitiwala din siya sa kanyang ina dahil alam niyang mahal siya ng kanyang ina. Dapat nating sundin nang lubusan ang Dios, hindi lamang dahil tayo ay natatakot sa pagtutuwid niya pero dahil alam natin mahal niya tayo.

## Ang Motibasyong ng Pag-ibig

►Ano ang ilang mga resulta kung mas mamahalin ng isang tao ang Dios? Maaari mong isaalang-alang ang tanong sa pamamagitan ng pagtapos ng pahayag na ito: "Kung mas mamahalin ko ang Dios, Ako ay ..."

Ang isang resulta ng higit na pagmamahal sa Dios ay inilarawan sa Filipos 1:9-11:

> At ito ang aking panalangin, na lalong higit na sumagana ang inyong pag-ibig sa pagkaalam at pagkaunawa, upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat, upang kayo'y maging matapat at walang kapintasan hanggang sa araw ng pagbabalik ni Kristo, na puspos ng mga bunga ng katuwiran na nakay Kristo Hesus, para sa kaluwalhatian at kapurihan ng Dios.

Ang mga talatang ito ay nagsasalita tungkol sa nagpapatuloy na proseso sa buhay ng isang mananampalataya. Ang kanyang pag-ibig ay dapat nagpapatuloy na lumalalim. Habang lumalago ang kanyang pag-ibig sa Dios, ang kanyang kakayahang malaman kung ano ang pinakamabuti ay napapalakas at napapalawak. Kapag nalalaman niya kung ano ang pinakamabuti, iniaayon niya ang kanyang buhay upang ituon sa kung ano ang pinakamabuti. Dapat itong mangyari upang ang isang Kristiyano ay maging matapat at walang kasalanan.

Kung paanong ang isang bagong silang na sanggol ay mayroong buong buhay ng pag-aaral at paglago sa kanyang harapan, gayun din tayo, sa oras ng ating pagbabalik-loob, hindi rin natin nauunawaan ang lahat ng katotohanan na dapat gumabay sa ating mga buhay. Sa mga talata sa itaas, sumulat si Pablo sa mga tao na matagal nang mga Kristiyano. Gayunman ipinanalangin ni Pablo na mananatili silang higit na nagmamahal sa Dios, at sa pamamagitan ng pag-ibig na iyon ay higit na mauunawaan at masusunod ang kalooban ng Dios.

Dapat nating asahan na patuloy na pagbubutihin ang ating mga buhay habang nagbibigay ang Dios ng pagkaunawa. Ninanais ng Dios ang ating lubos na pagsunod sa lahat ng aspeto ng ating mga buhay, hindi lamang sa panrelihiyong gawain.

Hindi natin dapat isipin na alam na natin ang lahat ng bagay na kailangan nating malaman kung paano tayo dapat mamuhay. Hindi natin dapat isipin na nagawa na natin ang lahat ng mga pagbabago na kinakailangan natin sa ating buhay.

## Ilang Mga Bahagi Kung Saan Dapat Lumago ang Isang Mananampalataya

### (1) Pagiging maingat sa impluwensiya (Kawikaan 22:1; Mateo 5:14-16)

May mga bagay ka bang ginagawa na ayaw mong gawin ng iba? Madidismaya ka ba kung makikita mong ginagawa ng iyong pastor ang mga bagay na ginagawa mo?

### (2) Pagpipigil sa Sarili (Kawikaan 16:32, 25:28; Galacia 5:22-23)

Kinokontrol mo ba nang sapat ang iyong mga damdamin at naisin upang gawin kung ano ang dapat mong gawin, o kung minsan hinahayaan mo ang iyong mga damdamin upang ang pagkilos mo ay maging katulad lamang ng isang hindi mananampalataya?

### (3) Pangangalaga sa kalusugan (1 Corinto 6:19, 10:31)

Pinangangalagaan mo ba ang iyong katawan tulad ng isang set ng kagamitan na hindi maaaring mapalitan na itinalaga para sa gawain ng Dios? Dahil ang katawan natin ay pag-aari ng Dios, hindi ito dapat sirain. Hindi mo ito dapat tratuhin nang walang pag-iingat.

**(4) Pagpili ng Paglilibangan (Colosas 3:17; 1 Corinto 6:12)**

Ang iyo bang pinaglilibangan ay nagdudulot sa iyo ng mga pakikipaglaban sa tukso dahil sa dulot nitong mga maling kaisipan o saloobin? Mag-ingat sa anumang nagpapakita sa kasalanan bilang kaakit-akit o nakakatuwa.

**(5) Kagandahang-Asal (Roma 13:9; Colosas 3:19; 1 Timoteo 2:8; 1 Pedro 3:2)**

Pakiharapan mo ang iba nang may respeto, dahil ang mga tao ay nilikha sa imahen ng Dios at may walang hanggang patutunguhan. May mga kaugalian ang mga tao sa pagpapakita ng paggalang. Kailangan mong matutuhan na maging magalang sa paraang na-uunawaan ng mga tao. Dapat kang maging mabait kahit na may taong hindi karapat-dapat dito.

**(6) Tuntunin ng Moralidad sa Negosyo (Kawikaan 20:23)**

Lubos ka bang matapat sa lahat ng iyong pakikitungo? Inilalarawan mo ba ang mga bagay eksakto kung ano ang mga ito o pinapaniniwala mo ang mga tao sa mga bagay na hindi naman totoo?

**(7) Katapatan sa Oras (Galacia 5:14)**

Ang oras ay isang mahalagang resource na kailangan nating gamitin para sa Dios. Pinahahalagahan mo ba ang iyong oras o ang oras ng iba sa pamamagitan ng pagdating sa itinakdang oras hanggat maaari?

**(8) Pananamit (1 Timoteo 2:9; 1 Pedro 3:3-4)**

Ipinapakita ba ng iyong pananamit ang mga pagpapahalagang ito?

- Disente – sapat na pagtatakip sa katawan
- Kababaang-loob – hindi mo sinisikap na makatawag ng hindi nararapat na pansin o paghanga sa pamamagitan ng iyong kasuotan.
- Pagiging Matipid – hindi ka bumibili ng mas mamahaling pananamit na higit kaysa sa kailangan mo

**(9) Pananalita (Colosas 4:6, Efeso 4:29)**

Ang iyo bang pakikipag-usap ay dalisay at magalang sa Dios at sa iba? Marami sa mga salitang ginagamit ng sanlibutan kapag nabigla o nagulat ay gumagamit ng mga malalaswa o mga salita para sa Dios.

**(10) Mapagkakatiwalaan (Awit 61:8; Kawikaan 20:6, 28:20)**

Tumutupad ka ba sa iyong mga pangako o pagtatalaga? Maaasahan ba ng mga tao na gagawin mo ang iyong mga sinasabi? Kinakalimutan mo ba ang iyong mga pangako kung hindi ito madaling gawin/makatutulong?

Maraming tao ang hindi inaaring seryoso ang kanilang pangangailangan na mas lumago. Ang pakiramdam nila ay responsable lamang sila para sa mga simpleng kautusan sa Kasulatan, na hindi nauunawaan na ang mga kautusang iyon ay maraming paggagamitan.

Kailangan nating matanto na ang pag-unlad ay nakaugnay sa paglaki ng ating pag-ibig sa Dios. Kailangan nating seryosong magbulay-bulay sa mga talatang sinimulan natin sa leksiyong ito (Filipos 1:9-11). Kapag ang ating pag-ibig ay lumalago, ang ating pagkaalam at pagpili sa mga tamang pag-uugali ay dapat lumalago rin.

## Para sa Pagbabahaginan sa grupo

► Ano ang isang halimbawa ng pagbabago na ginawa mo sa iyong buhay nang ipakita ng Dios sa iyo na ang isang saloobin, pag-uugali o ikinikilos ay hindi ang pinakamabuti?

► Mayroon bang isang bagay sa uri ng iyong pamumuhay na alam mong dapat mong baguhin? Babaguhin mo ba ito?

► Mayroon ka bang ginagawa na hindi mo natitiyak na nakalulugod sa Dios?

► Payag ka bang hayaan ang Dios na ipakita sa iyo sa panalangin ang anumang pagbabago na kailangan mong gawin?

Ipangako natin na manalangin sa linggong ito nang may bukas na puso upang maipakita sa atin ng Dios ang Kanyang mga pinahahalagahan at anumang pagbabago na nais Niyang gawin sa ating mga buhay. Ipinapangako mo bang gagawin iyon? Sa susunod na linggo tatanungin ko kayo kung ginawa ninyo iyon.

## Pansariling Pagsasabuhay ng mga Prinsipyo ng Biblia

► Napansin ba ninyo ang mga pagkakaiba sa mga Kristiyano, lalo na sa mga praktikal na katanungan tungkol sa kanilang mga ginagawa at hindi ginagawa? Bakit mayroong mga ganitong pagkakaiba-iba, gayung ginagamit nila ang parehong Biblia? Dahil napakaraming mga pagkakaiba sa mga Kristiyano, mahalaga ba talaga kung ano ang ating ginagawa? Bakit?

Hindi lahat ng Kristiyano ay nagkakasundo sa mga detalye kung paano ipapamuhay ang mga prinsipyo at pinahahalagahan ng Biblia. Gayunman ang Kristiyano ay dapat maging seryoso tungkol sa pamumuhay na tumutugma sa kanyang mga pinaniniwalaan.

Ang mga pag-uugali, pinipiling paglilibangan, at pananamit, ang lahat ay nagpapakita ng mga bagay tungkol sa mga kinahihiligan ng puso.

Narito ang ilan sa mga prinsipyo na dapat tandaan ng bawat mananampalataya habang sinisikap niyang unawain kung ano ang pinakamabuti sa mga espesipikong usapin patungkol sa pamamaraan ng pamumuhay.

**Mga Prinsipyo Para sa Mga Pagpapasya sa Paraan ng Pamumuhay**

### (1) Dapat nating sundin ang lahat ng iniuutos ng Biblia sa mga Kristiyano.

Sinabi ni Hesus sa Mateo 5:19,

> Samakatuwid ang sinumang lumalabag sa isa man sa pinakamaliit sa mga kautusang ito, at itinuturo ang gayun sa tao, ay tatawaging pinakamababa sa kaharian ng langit; ngunit sinuman ang gumagawa at itinuturo ang mga ito, siya ay tatawaging dakila sa kaharian ng langit.

Hindi natin maaaring simpleng piliin lamang ang mga puntos na iniisip natin na pinakamahalaga. Walang kautusan sa Kasulatan ang hindi sapat ang halaga upang balewalain natin.

### (2) Ang mga kautusan ng Dios ay para sa ating ikabubuti.

Deuteronomio 10:12-13,

> At ngayon, mga mamamayan ng Israel, ano ang hinihingi ng Panginoong inyong Dios, kundi ang katakutan ang Panginoong inyong Dios, mamuhay ayon sa kanyang pamamaraan, at ang mahalin siya, at paglingkuran ang Panginoon mong Dios nang buong puso, at buong kaluluwa at tuparin ang mga kautusan ng Panginoon, at ang kanyang mga panuntunan, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito para sa iyong ikabubuti.

Awit 84:11,

> Dahil kayo Panginoong Dios ay parang araw na nagbibigay liwanag sa amin at pananggalang na nag-iingat sa amin: Ang Panginoon ay magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian: walang mabuting bagay ang ipagkakait mula sa sinumang matuwid ang pamumuhay.

Hindi ipinagkakait ng Dios sa atin ang isang bagay na mabuti, o nag-uutos ng isang bagay na makasasama sa atin. Hindi tayo mapapabuti kung wala ang Kanyang mga paghihigpit. Ang pagtanggi sa Kanyang mga direksiyon ay ang pagdududa sa Kanyang katalinuhan at pag-ibig. Pinatutunayan natin na tunay na may pananampalataya tayo sa kabutihan ng Dios at karunungan kapag sinusunod natin ang mga tagubilin ng Kanyang Salita sa halip ng sundin ang mga ideya ng tao.

### (3) Ang kalayaan ng Kristiyano ay hindi kalayaan mula sa pagsunod sa Dios.

Isinulat ito ni Pablo sa mga Kristiyano sa 1 Corinto 9:21:

> Para doon sa mga walang [batas ni Moises] kautusan, [ako'y nabuhay] tulad ng walang kautusan (hindi sa walang kautusan sa pagsunod sa Dios, subali't nasa ilalim ng kautusan para kay Kristo), upang maakay ko ang mga taong walang kautusan.

Tayo ay iniligtas mula sa kautusan – kapwa ang sistemang ayon kay Moses at moral na hinihingi ng Dios—bilang isang paraan ng pagpapawalang-sala, dahil tayo ay naligtas ayon sa biyaya at hindi sa pamamagitan ng pagtupad sa mga kautusan ng Dios. Tayo rin ay iniligtas mula sa kahatulan ng kautusan, dahil ang mga kasalanan na nagawa natin ay pinatawad na.

Gayunman, tayo ay hindi pinalaya mula sa pangangailangan ng pagsunod sa Dios o mula sa obligasyon na umibig, "Sapagkat kayo ay tinawag para maging malaya, mga kapatid. Kaya Huwag ninyong gamitin ang inyong kalayaan bilang isang pagkakataon para sa laman, subalit sa pamamagitan ng pagmamahal ay paglingkuran nyo ang isa't-isa." (Galacia 5:13).[8] Kung paanong ipinapakita ng 1 Corinto 9:21 (sa itaas), tayo ay nasa ilalim ng awtoridad ng Dios. Ang kanyang kalooban sa atin ay ipinahayag sa Biblia.

*Ang Legalismo* ay isang espesyal na termino na kung minsan ay ginagamit ng mga tao kapag sila ay tumatalakay ng mga paksang kaugnay sa pagsunod sa Dios. Mahalagang maunawaan ang wastong kahulugan ng salitang ito. **Ang legalismo ay ang maling paniniwala na ang isang tao ay naliligtas o nagkakaroon ng espiritual na paglago sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga tiyak na kahilingan sa halip na sa pamamagitan ng biyaya lamang.**

Gayunman, *hindi* legalismo para sa isang tao na unawain na dapat niyang sundin ang Dios sa lahat ng detalye ng buhay dahil nais niyang malugod ang Dios.

"Dahil kayo ay ginawa nang malaya sa kasalanan, kayo ay naging mga alipin na ng katuwiran."(Roma 6:18).

**(4) Kung mahal natin ang Dios nais nating malaman ang kanyang kalooban, hindi ang iwasan iyon.**

Sinasabi ng 1 Juan 5:2-3

> Sa pamamagitan nito alam natin na mahal natin ang mga anak ng Dios, kapag mahal natin ang Dios at tinutupad ang Kanyang mga kautusan. Dahil ito ang pag-ibig ng Dios, na sinusunod natin ang Kanyang mga kautusan. At ang Kanyang mga kautusan ay hindi kabigatan.[9]

Sinasabi sa Jeremias 31:33, " Dahil ito ang tipan na aking gagawin sa tahanan ng Israel…ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kalagitnaan nila, at isusulat ko ang mga ito sa kanilang mga puso…."

---

[8] *English Standard Version*
[9] *English Standard Version*

Ang isang taong nagmamahal sa Dios ay hindi muna magtatanong, "Hahatulan ba ako ng Dios sa paggawa nito?" kundi, "Saan pinakamalulugod ang Dios?" o, "Ano ang pinakamabuting bagay?" (Filipos 1:10; Tito 3:8.)

**(5) Nagbibigay ang Kasulatan ng batayan para sa pagtatatag ng espesipikong mga tuntunin para sa ating mga buhay.**

Hindi nagbigay ang Biblia ng mga pangkalahatang prinsipyo lamang. Ang ilang mga talata ay inilista sa Takdang-aralin 2 na nagbibigay ng batayan para sa maingat na pamumuhay Kristiyano. Ang ilan sa mga ito ay nagbibigay ng espesipikong direksiyon para sa uri ng pamumuhay ng Kristiyano.

**(6) Ang mga panuntunan tungkol sa mga detalye ng buhay ay hindi ang ating pinakamahalagang mga paniniwala.**

Nagkamali ang mga Pariseo sa paglalagay ng pinakamalaking pagbibigay-diin sa mga minor na mga bagay. Sa Mateo 23:23, sinabi ni Hesus sa kanila

> Kahabag-habag kayo, mga tagapagturo ng kautusan at mga Pariseo, mga mapagkunwari! Dahil kayo ay nagbibigay ng ikasampung bahagi ng maliliit na halamang tulad ng yerbabuena, ruda at linga ngunit kinaliligtaan naman ninyong isagawa ang mas mahahalagang bagay sa kautusan: katarungan at kahabagan at pananampalataya. Dapat ninyong gawin ang mga ito nang hindi kinaliligtaan ang ibang kautusan.

Hindi sinasabi ng talatang ito na mayroong anumang katotohanan na hindi mahalaga, subali't sinasabi nito na may mga bagay na mas mahalaga kaysa sa iba. Dapat nating pinaka pinag-uusapan ang tungkol sa pinakamahahalagang bagay.

**(7) Ang pagtupad sa mga panuntunan ay hindi sapat upang patunayan ang ating pagsunod at pagmamahal sa Dios.**

Sa parehong pagtatalakayan kasama ng mga Pariseo sinabi ni Hesus (talatang 25),

> Kahabag-habag kayo mga tagapagturo ng kautusan at mga Pariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nililinis ninyo ang labas ng tasa at pinggan, ngunit ang loob nito ay puno ng kasakiman at pagiging makasarili.

Maaaring mamuhay ang isang tao sa napakahigpit ng paraan ng pamumuhay gayunman ay hindi minamahal ang Dios o maging lubos ang pag-sunod sa Dios. Sa kabilang dako, maaaring mahalin ng isang tao ang Dios nang kanyang buong puso gayunman ay hindi makita ang dahilan para sa ilang mga panuntunan. Samakatuwid, ang mas mahigpit na tao ay hindi nangangahulugan na siya ay mas espirituwal.

**(8) Ang ating pagtitiwala sa testimonya ng iba ay hindi depende sa maliliit na detalye ng kanilang paraan ng pamumuhay.**

Sa Roma 14:10 tinanong ni Pablo ang mga Kristiyano

> Subalit bakit mo hinuhusgahan ang iyong kapatid? O bakit ka nagpapakita ng paghamak sa iyong kapatid? Sapagkat tayong lahat ay tatayo sa harap ng hukuman ni Kristo.

Ang talatang ito ay nagmula sa isang sipi na tumatalakay sa iba't-ibang pananaw ng mga Kristiyano sa mga praktikal na mga usapin. Mayroong mga matapat na di-pagkakasundo tungkol sa kung ano ang dapat at hindi dapat gawin ng Kristiyano.

Ang isang mananampalataya ay maaaring hindi sumang-ayon sa ating pagbibigay-kahulugan sa isang partikular na talata sa Kasulatan, o maaaring hindi niya nakikita ang masamang maidudulot ng isang bagay na tinanggihan natin. Maaaring ang Dios ay kumikilos sa ibang aspeto ng kanyang buhay, o inilagay siya ng Dios sa ibang kalagayang pangkultura. Hindi iyon nangangahulugan na ang taong iyon ay hindi isang tunay na Kristiyano.

► Ano ang palagay mo tungkol sa pangungusap na ito? "Ipapakita ng Dios sa bawat isa ang katotohanan kung paano siya dapat mamuhay; samakatuwid, ang lahat ng Kristiyano ay dapat magkaroon ng pare-parehong gawain."

Hindi pa kailanman nagkaroon ng lubusang pagkakasundo ang mga Kristiyano tungkol sa lahat ng mga ginagawa sa buhay. Ang mga taong nagmamahal sa Dios at may makaDios na pamumuhay ay hindi lahat nagkakasundo tungkol sa mga ginagawa at mga detalye ng doktrina. Hindi wasto para sa atin na sabihin na ang iba ay hindi Kristiyano dahil iba ang kanilang pagbibigay-kahulugan at paglalapat ng mga Kasulatan. Maaari natin silang tanggapin bilang sinserong Kristiyano bagaman iniisip natin na ang kanilang mga palagay ay mali. Ang pagkilos ng Banal na Espiritu ay hindi dahilan upang ang lahat ng Kristiyano ay magkaroon ng magkakatulad na paraan ng pamumuhay.

Dapat din tayong maging handa na matuto mula sa mga pananaw ng ibang mga Kristiyano. Ang pagmamataas ay nagtutulak sa atin upang isipin na tayo, o ang ating kinaaanibang iglesya, ay *perpektong* nagbibigay-kahulugan o naglalapat ng Kasulatan. Ang mapagpakumbaba, maaaring turuan, at espiritu ng pagtanggap ay lumilikha ng pagkakaisang Kristiyano at nagpapatibay sa katawan ni Kristo.

**(9) Ang pagpapaubaya ng magkakaibang pananaw ay hindi magpapahintulot sa personal na kapabayaan.**

"Hayaan ang bawat isa ay lubusang maniwala sa kanyang sariling pasya." (Roma 14:5b).

"Ngunit ang sinumang kumakain sa kabila ng pag-aalinlangan ay nagkakasala, dahil hindi siya nagiging tapat sa kanyang paniniwala; sapagkat ang anumang ginagawa nang labag sa sariling paniniwala ay kasalanan." (Roma 14:23).

May mga nakapipinsalang resulta kapag nilalabag ng isang tao ang kanyang budhi. Kapag nagpapasya ang tao na gawin ang isang bagay na sa kanyang isip ay masama, siya ay

nagkakasala. May mga pagpapala kapag ang isang tao ay lumalakad sa liwanag na ibinigay ng Dios sa kanya (1 Juan 1:7).

### Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

Hindi magiging mahirap na simulan ang talakayan sa paksang ito. Ang ilang mag-aaral ay maaaring bigyang-diin ang pangangailangan ng mga iglesya upang iutos ang patakaran sa pag-uugali. Ang iba naman ay nagbibigay-diin sa pagpaparaya sa mga pagkakaiba-iba.

Sikapin na makakuha ng nakatarungang konsiderasyon para sa bawat isa sa siyam na prinsipyong nakalista sa itaas.

► Alin sa mga prinsipyong ito ang sa palagay mo ay nalilimutan ng maraming tao?

► Alin sa mga prinsipyong ito ang malamang na malilimutan mo?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit

Nais kong magpatuloy na lumalim ang pag-ibig ko sa iyo. Nais kong mas maunawaan ang iyong kalooban para sa akin.

Tulungan mo po akong matutuhang alamin kung ano ang pinaka nakalugod-lugod sa iyo upang makapamuhay ako nang dalisay at walang paglabag sa iyo.

Tulungan mo po akong makita ang mga kaugalian at mga saloobin na kailangang magbago,at magkaroon ng mga ugali at saloobin na nagbibigay-luwalhati sa iyo.

Nais kong mamunga para sa ikaluluwalhati ng Dios.

Amen

## Leksiyon 2 Mga Takdang Aralin

(1) Pag-aralan ang 1 Corinto 13. Inilalarawan ng kabanatang ito ang buhay ng isang tao na nagtataglay ng pag-ibig na dapat mayroon siya para sa iba. Hayaan mo ang Dios na ipakita sa iyo kung paano Niya nais na baguhin ka upang gawin ang buhay mo na mas tugma sa pag-ibig. Maglista ng ilang pagbabago na nais mong pahintulutan ng Dios na magawa mo sa iyong sariling buhay.

(2) Pag-aralan ang mga sumusunod na Kasulatan na nagbibigay ng batayan para sa maingat na pag-uugaling Kristiyano:

- 1 Corinto 6:19-20
- 1 Corinto 10:31
- 1 Corinto 11:14-15
- 1 Timoteo 2:9-10
- 1 Pedro 3:3-4
- Awit 19:14
- Awit 101:3

Isulat ang pangunahing kahulugan ng bawat talata. Ilarawan ang mga detalye ng paraan ng pamumuhay na pinaniniwalaan mong dapat isagawa dahil sa mga Kasulatang ito.

# Leksiyon 3
# Trabaho

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos nang leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Ipaliwanag kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa trabaho.

(2) Ipakita ang mga katangian ng wastong pagtatrabaho ng Kristiyano.

## Si Brother Lawrence, Manggagawa para sa Dios

Si Brother Lawrence ay isang simpleng monghe na nanirahan sa isang monasteryo noong 1600's. Kilalang-kilala siya sa paggawa ng mga pang karaniwang gawain—pagbabalat ng mga patatas, paghuhugas ng pinggan, atbp. —dahil sa pag-ibig sa Dios at hindi niya kailanman pinahintulutang malayo sa kanyang isipan ang presensiya ng Dios. Ang Dios ang pinanatili niyang sentro ng kanyang buong buhay, kabilang dito ang kanyang trabaho.

*"Pamumuhay sa Presensiya ng Dios"/ The Practice of the Presence of God*

Ang *The Practice of the Presence of God* ay isang napakaikling aklat na nabasa na ng milyong tao. Naglalaman ito ng mga panayam at mga sulat mula kay Brother Lawrence. Isinulat niya, "Ang ating pagpapa-banal [ay] hindi nakabatay sa pagpapalit natin ng ating mga ginagawa o trabaho, kundi sa paggawa para sa kapakanan ng Dios ng mga bagay na karaniwan nating ginagawa para sa ating sarili."

► Ano ang trabaho? Ang trabaho ba ay *hanapbuhay/pagiging empleyado* lamang – uupahan upang gumawa ng isang bagay?

Kabilang sa trabaho ang pagiging empleyado, subalit kabilang din dito ang mga tungkulin ng pangangalaga sa ating sarili at sa iba, ang pangangasiwa sa mga bagay na tinataglay natin, paglikha ng mga bagay-bagay, pagnenegosyo para sa tubo nito, at malayang pagtulong sa iba.

► Dapat bang magtrabaho ang mga Kristiyano? Bakit?

Maraming tao ang nag-iisip na magiging kahanga-hanga na magkaroon ng sapat na pera na hindi na nila kailangan pang magtrabaho. Iniisip nila na ang pinaka kasiya-siyang buhay ay isang buhay ng paglilibang.

## Isang Biblikal na Pag-unawa sa Trabaho

Isipin ninyo kung paano idinisenyo ng Dios ang daigdig sa pasimula. Ito ay perpekto. Ito ang perpektong kapaligiran para sa unang taong nilikha ng Dios. Binigyan ng Dios ng gawain

ang mga unang tao. Maaaring idisenyo ng Dios ang mundo upang tugunan ang lahat ng pangangailangan ng tao nang hindi nagtatrabaho, subali't hindi niya iyon ginawa. Nalalaman ng Dios na ang pinakamabuting buhay para sa mga tao ay kinabibilangan ng pagtratrabaho.

Sa plano ng Dios ang ating trabaho ay kasangkot sa ating mga relasyon. Dapat matutuhan ng mga tao na makipagtulungan, umasa sa isa't-isa, maging maaasahan para sa isa't-isa, gamitin ang kalakasan at tulungan ang iba na may kahinaan, harapin nang sama-sama ang mga hamon, ayusin ang mga di-pagkakasundo, itama ang mga pagkakamali, maaaring sanayin at magsanay ng iba.

Ibinigay ng Dios ang awtoridad at responsibilidad upang pamahalaan ang daigdig, ipailalim ito sa kanilang pagkontrol, at pagyamanin ito para sa kanyang kaluwalhatian. Ang takdang gawaing ito ang nagdulot ng pagpaunlad ng agrikultura, pag-aalaga ng mga hayop, pagkuha ng mga mineral sa lupa, at pagpapaunlad ng teknolohiya.

Nilikha tayo ng Dios nang mas mataas kaysa anumang ibang nilikha dahil nagtataglay tayo ng isang bagay ng Kanyang kalikasan. Sinasabi ng Awit 8:6-8 na

> Ginawa mo sila (sangkatauhan) na tagapamahala sa lahat ng ginawa ng iyong mga kamay; inilagay mo ang lahat ng bagay sa ilalim ng kanilang mga paa: lahat ng langkay at mga kawan, at ang mga hayop na maiilap, ang mga ibon sa himpapawid, at ang isda sa dagat, ang lahat ng lumalangoy sa mga landas ng mga karagatan.

Dahil sa unang kasalanan, nagbago ang daigdig, at naging kabilang sa trabaho ang maraming kahirapan at kabiguan na wala sa orihinal na disenyo ng Dios. Gayunman, dapat nating matanto na dinisenyo tayo ng Dios na nangangailangan na magtrabaho.

Ang ating trabaho ay katulad ng gawain ng Dios na paglikha. Ang trabaho ay ang paraan ng tao sa muling paghubog sa kanyang kapaligiran. Hindi lamang ang pagkita ng ikabubuhay ang nag-iisang layunin ng pagtatrabaho. Natural sa mga tao na baguhin ang kanilang kapaligiran. Sinisikap nilang isa-ayos ang kanilang mga tahanan. Sinisikap nilang itapon ang basura. Ang isang taong hindi na nagnanais na magtrabaho ay tinalikuran na ang kanyang pagnanais at kakayahan baguhin ang kanyang kapaligiran. Tinalikuran na niya ang isang bahagi ng kahulugan ng pagiging isang tao.

► Ano ang inyong naiisip kapag nakakita kayo ng isang bahay o bakuran na hindi maayos na napangangalagaan?

Ang likas na oryentasyon ng tao na lumikha, magplano, mag-organisa at gumawa— ng trabaho, ay bahagi ng imahen ng Dios sa tao. Samakatuwid, ang *lahat* ng trabaho ay banal para sa Kristiyano. Ang lahat ng trabaho ay isang gawain ng pagsamba kapag ito ay ginagawa upang bigyang lugod ang Panginoon (Colosas 3:17, 23). Sinabi ni Hesus na ang kanyang Ama ay nagtrabaho, at samakatuwid siya rin ay nagtrabaho (Juan 5:17).

Hindi mo dapat isipin ang trabaho bilang isang hindi kanais-nais na pangangailangan, tulad ng pag-inom ng gamot kapag ikaw ay may sakit. Ang trabaho ay hindi lamang isang bagay

na kailangan upang manatiling buhay. Ito ay bahagi ng disenyo ng Dios para sa sangkatauhan.

Sinasabi ng 2 Tesalonica 3:10 na dapat tayong magtrabaho, "Dahil kahit noong kasama ninyo kami, iniutos namin ito sa inyo: Kung ang sinuman ay hindi magtatrabaho, hindi rin siya kakain."

Ano ang ating gagawin kung ang ating trabaho ay tila hindi masyadong mahalaga? Sinabi ni Mahatma Gandhi, "Ang iyong ginagawa ay tila hindi mahalaga, subalit ang pinakamahalaga ay ang gawin mo iyon." Isipin ninyo ang isang tao na inupahan upang magwalis ng sahig. Iyon ay tila isang hindi gaanong mahalagang gawain, subalit siya ay gumagawa ng isang mahalagang pagpili. Kapag siya'y nagtutungo sa trabaho araw-araw, pinipili niyang gawin iyon sa halip na ubusin ang kanyang oras sa walang kabuluhan, na hindi nagbibigay halaga sa sinuman. Pinipili niya na maging responsable sa pagsuporta sa kanyang sarili sa halip na maging isang pabigat sa kanyang mga kaibigan o pamilya. Pinangangalagaan niya ang mga taong dumidepende sa kanya, marahil ang kanyang asawa at mga anak, sa halip na pilitin silang humanap ng tulong sa iba. Ang lahat ng mga konsiderasyong iyon ay tumutulong sa atin na malaman na kahit ang trabaho mismo ay tila hindi mahalaga, mahalaga na pinipili niyang gawin iyon.

Marami bang tao na tunay na hindi makapagtrabaho? Hindi. Kahit na ang isang tao ay hindi makahanap ng trabahong mapapasukan upang magtrabaho para sa suweldo, maaari siyang makagawa ng mga bagay upang makatulong na tugunan ang mga pangangailangan ng iba.

Ang isang Kristiyano ay dapat magtrabaho dahil mayroon siyang tungkulin para sa kanyang sarili at sa iba. Hindi dapat umasa ang isang tao na iba ang magkakaloob ng kanyang mga pangangailangan kung hindi siya sumasang-ayon na gawin ang kanyang makakaya.

Ang isang mananampalataya ay may responsibilidad unang-unang para sa kanyang pamilya. "Ngunit kung ang sinuman ay hindi nagkakaloob para sa kanyang sarili, at lalo na para sa kanyang sariling sambahayan, itinanggi na niya ang pananampalataya at mas masama pa kaysa sa isang hindi mananampalataya." (1 Timoteo 5:8)

Ang mananampalataya ay inuutusan ng Kasulatan na magtrabaho upang matugunan niya ang pangangailangan ng iba. "Hayaan ang sinumang nagnakaw na huwag nang magnakaw, at sa halip hayaan siyang magtrabaho, na ginagawa ng kanyang mga kamay kung ano ang mabuti, upang magkaroon siya ng maibibigay sa sinumang nangangailangan." (Efeso 4:28). Pansinin ang paghahambing sa pagitan ng nagnanakaw, kumukuha ng isang bagay nang walang bayad; at ang isang nagtatrabaho upang siya ay makapagbigay. Ang isang Kristiyano ay hindi lamang isang tao na hindi nagnanakaw, kundi isang tao na nagtatrabaho upang makapagbigay.

Maaari kang makahanap ng trabaho kahit hindi ka upahan ng sinuman. Humanap ka ng mga paraan upang maging matulungin at tugunan ang mga pangangailangan ng iba. Mas

mabuti ang mabuhay sa ganoong paraan kaysa walang gawin at magreklamo na walang sinumang tumutulong sa iyo.

Ang isang mananampalataya ay dapat magtrabaho upang magbigay ng kailangan para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya, at upang makapagbigay din sa iba na may pangangailangan.

### Ang Karaniwang Paraan ng Dios sa Pagkakaloob ng Ating Mga Pangangailangan

►Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagsasabing hindi siya magtatrabaho dahil umaasa siya sa Dios upang ipagkaloob ang kanyang mga pangangailangan?

Isipin mo na isang panahon ng tag-araw ay naglakad ka sa inyong bakuran at natagpuan mo na ang isang malaking bahagi nito ay tinubuan ng kamatis, mais, beans at iba pang gulay, at sapat iyon para sa iyo sa mahabang panahon.

Mukha ba iyong isang himala? Nangyari iyon sa libong tao noong nakaraang tag araw. Naglakad sila sa kanilang mga bakuran at natagpuan ang lahat nang tumutubong iyon at marami pang iba. Subali't hindi sila namangha o kaya'y nagulat, dahil ilang buwan bago iyon, nilinang nila ang bukid, nagtanim ng mga buto doon, at pagkatapos sa loob ng ilang buwan ay tiniyak na ito ay nadiligan at nadamuhan. Kaya't nang makita nila ang mga tumutubong pananim, ito talaga ang kanilang inaasahan.

Maaari kang tumugon, "Sagayun, hindi iyon isang himala." Subalit gumawa ang Dios ng milyon milyong mga halaman at ang tao ay hindi kailanman nakagawa ng kahit isa. Sinasabi ng Awit 104:14, "Pinatutubo niya ang damo para sa mga hayop, at halaman [mga gulay] para maglingkod sa tao, at nang makapagkaloob siya ng pagkain mula sa lupa." Ginagawa iyon ng Dios, ngunit ang tao ang naghahanda para dito sa pamamagitan ng paghahanda ng lupa, pagtatanim ng mga binhi, at pagdidilig kung kinakailangan.

Maraming tao ang nag-iisip na ang anumang kilos ng Dios ay isang bagay na hindi karaniwan, isang pagkabukod sa batas ng kalikasan, katulad nang magpagaling si Hesus o kaya'y nang tumigil ang araw. Kaya't sa ganoong kaisipan, ang pagtubo ng mga halaman ay hindi mahimala, dahil ito ay pangkaraniwan.

Subalit sa paghiling para sa isang himala, madalas na hindi natin pinapansin ang mga karaniwang paraan ng Dios na gawin ang mga bagay. Milyon ang bilang ng mga tao na naglakad sa kanilang bakuran sa araw na ito at hindi nakakita ng anumang tumutubo upang mayroon silang makain. Hindi sila nakibahagi sa paraan ng Dios ng paglikha ng pagkain. Ang proseso ng pagtubo ng pagkain ay isa lamang halimbawa ng normal na paraan ng pagtatrabaho ng Dios. Halimbawa, ang normal na paraan ng Dios ng pagkakaloob para sa mga pangangailangan ay sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng tao. Itinuturo sa atin ng Kawikaan 14:23 na "Sa lahat ng pagsisikap ay mayroong pakinabang…" samantalang ang

Kawikaan 19:15 ay nagbababala sa atin na "...ang isang tamad na kaluluwa ay magdaranas ng kagutuman."

May mga tao na humihiling sa Dios na magkakaloob sa kanila ng mga bagay o pagkain, subali't tinatanggihan ang mga pagkakataon upang magtrabaho, dahil ang mga pagkakataong ito ay hindi mga bagay na gusto nilang gawin.

Ano ang mangyayari kung pumapayag kang magtrabaho subalit hindi ka pa nakikita ng sinumang gustong umupa sa iyo? Mayroong trabaho na maaari mong gawin upang tulungan ang iba, at sa pamamagitan ng trabahong iyon, ang ilan sa iyong mga pangangailangan ay matutugunan. Kung ikaw ay hindi nakaempleyo, mayroon kang oras. Bakit hindi ka tumingin-tingin sa paligid at hanapin kung ano ang iyong magagawa upang tumulong sa iba?

Isipin ninyo ang isang trabaho at inuubos ang maraming oras sa pag-upo at walang ginagawa. Wala nga bang anumang bagay na mahalaga ang maaari niyang gawin? Sa kanilang pamayanan ay may mga taong nangangailangan ng tulong. Mayroong basura sa kanilang bakuran at sa daan na dapat linisin. Mayroong lupa na maaaring linangin upang mapagtaniman ng halaman. Maaaring may mga libro na maaari niyang basahin at madagdagan ang kaniyang kaalaman. Mayroong tao na maaari niyang ipanalangin. Ang isang taong nakaupo at walang ginagawa ay may isang amo, ang kanyang sarili, at ang kanyang amo ay hindi kumikilos o nagpapa-unlad. Hindi siya nagiging mabuting amo ng kanyang sarili, kaya't marahil hindi siya magkakaroon ng pagkakataon na pangasiwaan ang iba.

Sa maraming panahon at lugar, karamihan sa mga tao ay hindi inuupahan ng sinuman. Sila ay nagbibigay ng mga bagay na pwedeng ipagpalit, o kaya ay nag-aalok sila ng serbisyo sa iba. Ang lahat ng ito ay paraan ng Dios upang magkaloob ng ating mga pangangailangan.

## Mga Prinsipyo ng Biblia Patungkol sa Pamamasukan ng mga Kristiyano.

Ang mga prinsipyo ng responsibilidad at katapatan ay nagbibigay ng ilang kabutihang-asal para sa mga Kristiyano na kanilang magagamit sa kanilang mga trabaho.

► Paano dapat ilapat ng Kristiyano ang mga prinsipyo ng Biblia kapag siya ay nagtatrabaho para sa isang amo?

Ang Bagong Tipan ay nagbigay ng mga alituntunin para sa mga manggagawa. Sa panahon na ang mga aklat ng Bagong Tipan ay isinusulat, maraming manggagawa ang alipin. Ang isang manggagawa sa panahon ngayon ay naiiba sa isang alipin sa dahilan na siya ay maaaring mayroong pagkakataon na lumipat sa ibang pagtatrabahuhan. Ang kalayaang iyon ay pinagiging posible para sa kanila na tanggapin o tanggihan ang mga termino ng pagtatrabaho. Gayunman, kung sila ay nakipagkasundo upang magtrabaho para sa mga tiyak na benepisyo, sila ay inaasahan ng Kasulatan na maging mabubuting manggagawa habang sila ay nananatili sa kanilang amo.

Maaaring ikaw ay nasa isang sitwasyon kung saan hindi ka malayang pumili ng trabaho na nais mong gawin. Marahil ikaw ay napilitang magtrabaho sa isang nakagigipit na sitwasyon. Dapat taglayin mo pa din ang saloobin ng isang Kristiyano. Ang ilang tao ay nagtatrabaho ng mabagal at hindi maayos kapag sila ay pinupwersa dahil gusto nilang ipakita na hindi sila *sumasang-ayon* sa pagtatrabaho. Kapag ginagawa ito ng isang tao, ipinapakita niya na hindi siya malaya. Kung nais mong kumilos nang malaya, dapat kang magtrabaho nang may kagalakan at gawin nang maayos ang trabaho. Kapag nagtrabaho ka nang gayun, ikaw ay kumikilos nang may kalayaan, dahil walang sinumang makapipilit sa iyo na gawin iyon.

Kung walang sinumang kumuha sa iyo para upahan, ikaw ang iyong sariling superbisor. Anong klaseng manggagawa ka para sa iyong sarili?

**Efeso 6:5-8 – Ang Prinsipyo ng Responsibilidad/Tungkulin**

► Isang mag-aaral ang dapat bumasa ng Efeso 6:5-8 para sa grupo. Talakayin ang kahulugan ng talatang ito, pagkatapos ay tingnan ang listahan sa ibaba upang idagdag sa iyong mga obserbasyon.

Ilang aplikasyon mula sa Efeso 6:5-8:

(1) Ang isang manggagawa ay dapat sumunod sa kanyang amo, hindi lamang kapag nakikita siya ng kanyang amo, kundi palagi. Nangangahulugan din iyon na hindi niya dapat kaligtaan ang mga detalye na alam niyang hindi naman tiyak na sisiyasatin ("…hindi lamang serbisyong nakikita…").

(2) Dapat panatilihin ng isang manggagawa ang kalidad at kasipagan sa kanyang trabaho na tila ba nagtratrabaho siya para sa Dios ("…bilang mga tagapaglingkod ni Kristo, na ginagawa ang kalooban ng Dios…").

(3) Ang isang manggagawa ay pagpapalain ng Dios para sa katapatan sa kanyang trabaho ("Tatanggapin niya ang pareho mula sa Panginoon…").

**Tito 2:9-10 – Ang Prinsipyo ng Katapatan**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Tito 2:9-10 para sa grupo. Talakayin ang kahulugan ng talatang ito, pagkatapos ay tingnan ang listahan sa ibaba upang idagdag sa iyong mga obserbasyon.

Ilang aplikasyon mula sa Tito 2:9-10:

(1) Ang isang manggagawa ay dapat maging magalang sa kanyang pagtugon sa mga direksiyon ng kanyang amo ("…hindi sumasagot nang pabalang…"). Ano ang ilang resulta kapag nagsasalita nang walang paggalang ang isang empleyado tungkol sa kanyang amo sa harap na ibang manggagawa?

(2) Ang isang manggagawa ay hindi dapat magnakaw sa kanyang amo, kahit pa iniisip niya na karapat-dapat siya sa mas mataas na pasahod ("…hindi nangungupit…").

(3) Ang matapat na pagtatrabaho ay isang patotoo para sa ebanghelyo; ang kawalang katapatan ay isang kasiraan para sa ebanghelyo ("…upang kanilang mapalamutian ang doktrina ng Dios…")

► Ano ang ilang halimbawa kung saan ang tao ay hindi matapat sa kanilang trabaho? Ilarawan kung paano dapat maiba ang isang Kristiyano.

Sinasabi ng mga talata sa Kasulatan sa Tito at Efeso kung paano ang isang tao ay dapat magtrabaho kapag siya ay uupahan. Mailalapat din ang parehong mga prinsipyo sa isang tao na uupahan upang magtayo o mag-ayos ng isang bagay. Dapat niyang ibigay ang parehong kalidad ng trabaho na nais niyang gawin ng iba para sa kanya. Ang isang lumilikha ng mga bagay na ititinda ay hindi dapat magtago ng mga depekto nito upang paniwalain ang mga bumibili na sila ay natanggap ng mas maayos na bagay.

## Pagbuo ng mga Kanais-nais na Katangian para sa Pagtratrabaho nang May Upa

Anong mga katangian ng manggagawa ang hinahanap ng isang amo? Ipinapakita ng isang pagsasaliksik na nais ng mga amo ay ang mga taong nagtataglay ng positibong saloobin tungkol sa trabaho. Nais nila ng mga taong mapagkakatiwalaan at handang matuto. Inuupahan ang mga tao para sa kanilang saloobin tungkol sa trabaho nang higit kaysa sa kanilang kasanayan o mga talento. Ang Dios ay nagpapahalaga rin sa ating mga saloobin tungkol sa trabaho tulad ng nakita na natin sa Kasulatan.

Pagyamanin ninyo ang mga katangian na magiging dahilan ng inyong pagiging mahalagang manggagawa. Dapat kayong maging handang maglingkod. Dapat kayong maging matapat, mapagkakatiwalaan, at matiyaga. Ang ilang walang trabaho ay nag-iisip lang ng tungkol sa kanilang pangangailangan. Hindi ka uupahan ng isang amo upang tulungan ka; uupahan ka niya upang tulungan mo siya. Dapat kang maging isang uri ng tao na magiging mahalaga sa isang amo.

Maaaring sabihin ng isang tao, "Ako ay magiging palakaibigan at matulungin at matapat kung ako ay uupahan para dito," subali't ang mga kumukuha ng manggagawa ay hindi uupa ng isang taong hindi palakaibigan at babayaran siya upang maging palakaibigan. Hindi sila uupa ng isang hindi matapat na tao at babayaran siya upang maging matapat. Naghahanap sila ng isang palakaibigan, matulungin at matapat na tao upang upahan.

Sa iglesya iba ang mga bagay. Hindi natin hinihintay na ang isang tao ay magbibigay o maging palakaibigan bago natin siya tulungan. Umaabot din ang Dios sa iyo at pinagpapala ka bago ka pa gumawa ng anumang mabuti. Subalit para sa iyong ikabubuti, kailangan mong magsimulang tumugon sa biyaya. Matuto kang magbigay at maglingkod at ngumiti.

Pagyamanin mo ang iyong mga katangian. Mag-aral ka ng mga kakayahan sa pamamagitan ng pagtatrabaho kasama ng mga taong nagtataglay na ng mga kakayahang iyon. Marahil makapag-bibigay ka ng serbisyo sa iba. Marahil makagagawa ka ng isang bagay na maibebenta. Maaari kang magtanim ng halaman. Higit sa lahat, magkaroon ka ng saloobin

ng pagiging matulungin sa iba kahit hindi iyon nagbibigay ng benepisyo sa iyo. Pagpapalain ng Dios ang iyong paglilingkod.

Ano ang kahulugan ng *maglingkod*? Ang *maglingkod* ay ang paggamit ng iyong mga kakayahan, panahon, at lakas para sa kapakanan ng iba.

Nagtatrabaho ka man o hindi para sa isang amo, ang paglilingkod ay nangangailangan na isa-santabi mo ang ilan sa iyong mga karapatan at prebilehiyo. Halimbawa, kung ikaw ay nagtatrabaho para sa iba maaaring hindi ka makakatulog ng mas matagal sa umaga kahit iyon ang gusto mong gawin, at hindi mo maaaring gamitin ang oras ng trabaho sa paggawa ng ibang bagay na gusto mong gawin. Isinusuko mo ang mga aspeto ng iyong buhay para sa isang layunin kung bakit ikaw ay inupahan. Ang pagiging upahan ay nakakaapekto rin sa paraan ng iyong pananamit at sa paraan ng iyong pakikitungo sa ibang tao.

Ang pagiging handa sa paglilingkod ay naghahatid ng maraming benepisyo:

(1) Ito ay bumubuo ng mga relasyon na nagreresulta sa pagtugon sa ilan sa iyong mga pangangailangan. Madalas ito ay nangyayari sa mga hindi inaasahang paraan, kung kaya't hindi lamang ito pagtulong sa mga taong iniisip mong makakagawa ng mga bagay para sa iyo.

(2) Nagbibigay ito sa iyo ng mahalagang lugar sa iglesya, ang katawan ni Kristo.

(3) Magagawa ka nitong isang tao na nanaisin ng sinuman na upahan.

Ano ang mangyayari kung magsisimula kang lumikha ng isang bagong kaisipan – humahanap ng mga paraan upang maglingkod sa iba? Sinabi ni Hesus, "Mas mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap" (Mga Gawa 20:35). Pinaniniwalaan mo ba ito? Namumuhay ka ba katulad ng iyong pinaniniwalaan?

Mayroong espirituwal na prinsipyo ng pag-iisip sa mga pangangailangan ng iba at hindi lubusang nakatuon ang ating pansin sa ating sariling mga pangangailangan (Filipos 2:4). Mayroon ding praktikal na prinsipyo. Tandaan, ang mga taong kumukuha ng uupahan ay hindi karaniwang ginagawa iyon upang tulungan ang kanilang inuupahan. Inuupahan nila ang isang tao dahil iniisip nila na ang taong iyon ay makatutugon sa kanilang pangangailangan. Kayat kung ang isang tao ay nag-iisip lamang ng kung ano ang gusto niyang gawin ng iba para sa kanya, maaaring hindi siya karapat-dapat na upahan.

Nangyayari ang maraming bagay kapag ang mga tao ay sumasang-ayon na magtrabaho. Ang mga benepisyong iyon ay mga bagay na tila mga himala kung ang mga ito ay nangyayari nang hindi inaasahan, subali't ang Dios ay may normal na paraan ng pagdadala ng mga benepisyong iyon sa iyong buhay.

Marahil sayang lamang ang panahon na tayo ay aasa, humihiling, o kahit nananalangin sa Dios na gumawa ng himala kung hindi ka sumasang-ayon na magtrabaho upang makatanggap ka ng tulong sa paraang nais ng Dios na ibigay iyon sa iyo.

## Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

► Maaaring may isang magbahagi ng kwento kung paanong ang maayos na pagtratrabaho para sa isang amo ay nagbigay ng pagkakataon para sa ebanghelyo.

► Maaaring may isang magbahagi ng kwento kung paanong ang pagtulong sa isang tao sa komunidad ay isang mabuting pagpapakita ng pagmamalasakit ng Kristiyano.

► Dapat sama-samang magbahaginan ang grupo ng mga ideya tungkol sa mga pagkakataon sa trabaho na maaaring pasukan ng isang taong walang hanapbuhay.

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa pribilehiyo upang ako ay makapagtrabaho nang malikhain.  Tulungan mo po akong makakita ng mga pagkakataon upang tumulong sa iba. Ipagkaloob po ninyo ang aking mga pangangailangan habang ako ay nagtatrabaho upang tanggapin ang responsibilidad sa aking sarili at sa iba.

Pagpalain mo po ako ng mga mapagkukunan upang masuportahan ko ang aking pamilya, magkaloob sa iglesya, at tulungan ang iba sa kanilang pangangailangan.

Tulungan mo po akong maging matapat at mapagkakatiwalaan sa lahat ng aking mga tungkulin. Ihanda mo po ako para sa higit na mga pagkakataon at tungkulin kung iyon ang inyong kalooban. Salamat po sa pananatiling matapat sa akin.

Amen

**Leksiyon 3 Mga Takdang-Aralin**

(1) Pag-aralan ang mga talatang ito mula sa Kawikaan:

- Mga Kawikaan 6:6-11
- Mga Kawikaan 10:4-5
- Mga Kawikaan 12:11
- Mga Kawikaan 12:24
- Mga Kawikaan 12:27
- Mga Kawikaan 13:4
- Mga Kawikaan 13:11
- Mga Kawikaan 14:23
- Mga Kawikaan 18:9
- Mga Kawikaan 20:13
- Mga Kawikaan 22:29
- Mga Kawikaan 24:30-34
- Mga Kawikaan 26:13-16

Sumulat ng isang pahina ng mga puntos at pagsasabuhay tungkol sa trabaho at katamaran mula sa mga talatang ito.

(2) Magtrabaho kasama ng ibang kamag-aral upang maghanda ng maikling presentasyon sa isa sa mga paksang nakalista sa ibaba. (Ang tagapanguna sa klase ay magtatakda ng paksa sa bawat grupo). Ibahagi ang presentasyon sa simula ng susunod na oras ng klase.

- Trabaho at ang imahen ng Dios sa tao.
- Trabaho at responsibilidad para sa sarili at para sa iba
- Ang paraan na dapat magtrabaho ang isang manggagawang Kristiyano (Ang mga presentasyong ito ay dapat batay sa Efeso 6:5-8 at Tito 2:9-10.)
- Ang paraan kung paano karaniwang nagkakaloob ang Dios ng mga pangangailangan ng mga tao.
- Trabaho at Pakikipag-ugnayan/relasyon sa iba

# Leksiyon 4
# Mga Kaugnayan

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maisabuhay ang prinsipyo ng pag-ibig, kapayapaan, at respeto sa kanyang mga pakikipag-ugnayan sa iba.

(2) Yakapin ang siyam na tuntunin sa Kasulatan sa layuning bigyang kakayahan ang pananalita ng Kristiyano upang pagpalain ang iba at luwalhatiin ang Dios.

## Si Robinson Crusoe, Namangha sa Relasyon/Pakikipag-ugnayan

Sa kathang-isip na kuwento ni *Robinson Crusoe,* isang lalaki ang nakaligtas sa pagkawasak ng barko sa dagat sa pamamagitan ng paglangoy sa isang isla. Doon, siya ay nag-iisa sa loob ng maraming buwan. Nagtayo siya ng masisilungan, gumawa ng damit, at natuto kung paano humanap ng makakain. Isang araw habang naglalakad sa dalampasigan ay nagulat siya nang makakita ng bakas ng paa ng tao sa buhanginan. Nangangahulugan iyon na may ibang tao doon. Hindi niya alam kung ang taong iyon ay maaaring maging isang kaibigan o isang kaaway. Wala siyang nalalamang anuman tungkol sa pagkatao ng taong iyon, ang lengguwahe, etnikong pinagmulan, o dahilan kung bakit ito naroon. Hindi niya nalalaman kung paano mababago ng taong iyon ang kanyang buhay sa isla. Dahil ang mga kaugnayan ay may malaking epekto sa buhay ng isang indibidwal, naranasan ni Robinson kapwa ang pag-asa at pagkatakot nang makita niya ang bakas ng paa.

## Ang Kahalagahan ng mga Kaugnayan sa Espirituwal na Pag-unlad

Ang Iglesya sa unang siglo ay kinailangang magtrabaho sa maraming di-pagkakasundo.. ang mga Judio at mga Hentil…mga kalagayang panlipunan…mga kultura…mga kasarian…Sinabi sa kanila ni Apostol Pablo na "tanggapin ninyo ang isa't-isa.." (Roma 15:7).

► Isipin ang isang lalaking nag-iisa sa isang isla. Maaari ba siyang maging matiyaga sa sinuman? Maaari ba siyang magpatawad sa sinuman?

Hindi mo maaaring paunlarin at ipakita ang Kristiyanong katangian ng pagtitiyaga nang walang relasyon sa ibang tao. Hindi ka maaaring magpatawad sa iba o patawarin ng iba kung walang pakikipag-ugnayan.

►Ano ang ilang gawain at katangian ng Kristiyano na nangangailangan ng ibang tao?

Ang mga bagay na ito ay nangyayari sa mga pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang mga kalidad ay maaaring mapaunlad at maipakita lamang sa mga relasyon. Nangangahulugan

iyon na ang ating mga relasyon sa ibang tao ay mayroong malaking epekto sa ating espirituwal na paglago o pag-unlad.

Nagbigay ang Biblia ng mga direksiyon para sa iba't-ibang klase ng relasyon. May mga tiyak na direksiyon para sa kaugnayan sa pagitan ng mag-asawa, magulang at mga anak, amo at manggagawa, pastor at iglesya, at matatanda at mga kabataan.

Mayroong hindi bababa sa tatlong prinsipyo sa Kasulatan na naaangkop sa anumang klase ng kaugnayan ng mga tao: ang mga prinsipyo ng kapayapaan, pag-ibig, at paggalang.

## Ang Prinsipyo ng Kapayapaan

"Pagsikapan ninyo na maging mapayapa ang inyong kaugnayan sa lahat ng tao, at magpakabanal kayo, sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo namumuhay nang ganito." (Hebreo 12:14)

Ang talatang ito ay mariing nagpapahayag ng kahalagahan ng mga kaugnayan. Malapit ang koneksiyon ng kabanalan sa pagsisikap na matamo ang kapayapaan sa pakikipag-ugnayan sa lahat ng tao.

►Ano ang ilang bagay na dapat nating gawin upang matamo ang mapayapang kaugnayan sa mga tao?

Upang sikaping matamo ang kapayapaan, kailangan mong pakitunguhan ang bawat tao ayon sa nararapat sa kanila. Para sa mga tao na pinagkakautangan mo ng pasasalamat, respeto, o pagsunod, dapat mo iyong ibigay. Kung hindi, ikaw ay nagkakasala ng pagiging dahilan ng di-pagkakasundo. Kapag nabigo kang tuparin ang iyong mga tungkulin, tuparin ang iyong mga pangako, o bayaran ang dapat mong bayaran sa iba, hindi mo sinisikap na matamo ang kapayapaan. Kapag napagtanto mo na nabigo kang ibigay kung ano ang dapat mong ibigay, dapat kang humingi ng kapatawaran at tuparin ang iyong mga obligasyon sa abot ng iyong makakaya.

Ngunit ang pagsisikap na matamo ang kapayapaan ay nangangailangan ng *higit pa* sa pagbibigay ng iyong pagkakautang. Kabilang dito ang pagbibigay ng pag-ibig at kabutihan na *hindi mo pagkakautang*.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Tito 3:2-3 para sa grupo.

Dapat tayong maging matiyaga at mapagpatawad, inuunawa na ang mga taong hindi pa nagbabalik-loob ay maaaring mayroong mga maling saloobin at mga maling motibo.

Kung nais mo ng kapayapaan hahanapin mo ang pakikipag-ayos kapag mayroong di-pagkakasundo. Ika'y dapat nakahandang magpatawad. Hindi mo agad iisipin na hindi na maibabalik ang kapayapaan. Hindi mo madaling tatanggapin ang permanenteng pagkakahiwalay.

Sinabi ni Hesus na dapat kang pumunta sa taong nagkasala sa iyo at ipaliwanag sa kanya kung ano ang kanyang ginawa.[10] Kung ipinapalagay mo na napakaliit ng bagay na iyon upang magkaroon ng komprontasyon, sagayun hindi mo dapat sabihin iyon sa iba o magkaroon ng sama ng loob sa nakasakit sa iyo.

Kung minsan ang mga tao ay nahihirapang magpatawad sa ibang Kristiyano na nakagawa ng mali laban sa kanila. Maaari tayong umasa ng maling pagtrato mula sa mga taong hindi pa nagbabalik-loob, subali't mahirap maunawaan kapag ang ibang Kristiyano ay gumagawa ng masama laban sa atin.

Sinabi ni Hesus na dapat tayong maging handang magpatawad 70 beses na 7 beses.[11] Isang karaniwang dahilan na ang mga tao ay umaalis sa iglesya at sumusuko sa espirituwal ay ang sama ng loob sa maling pagtrato mula sa mga Kristiyano. Ang paghihinanakit ay madalas dumarating bago ang ibang klase ng espirituwal na pagkabigo.

Kapag ang isang tao ay tumatangging magpatawad, inilalagay niya ang isang bahagi ng kanyang buhay sa pagtutol sa awtoridad ng Dios, dahil iniutos ng Dios na tayo ay dapat magpatawad. Ang bahaging iyon ay nagiging teritoryo kung saan makakaapekto si Satanas sa iba pang bahagi ng ating buhay. Kapag ang isang tao ay tumatangging magpatawad, hindi magtatagal at hindi na niya magagawang tumanggi sa mga tukso na tila lubusang walang kaugnayan.

Ang batayan ng bawat personal na kasalanan ay ang ating pagpapahalaga sa ating mga karapatan. Dahil naniniwala tayo na nararapat sa atin ang tiyak na pakikisama o respeto, tayo ay nasasaktan kapag hindi natin iyon natanggap. Pinaniniwalaan nating nararapat tayong tumanggap nang mas mabuti kaysa sa natanggap natin.

Ang susi sa pagpapatawad sa iba ay ang maunawaan ang kahulugan ng pagtubos. Ang pagtubos ay nangangahulugan ng muling pagbili. Dahil tayo ay tinubos ng Dios, tayo ay pag-aari na Niya, at ang ating mga karapatan ay sa Kanya na. Dapat sinasadya nating isuko ang ating mga karapatan sa Dios. Maaari mong ipanalangin na, "Panginoon, nalalaman ko na ang lahat ng aking karapatan ay sa iyo. Nais kong pamahalaan mo iyon at ibigay lamang sa akin kung ano ang nakikita mong makabubuti sa akin." Pagkatapos, kapag mabuti ang pakikitungo ng mga tao sa iyo, maaari mong pasalamatan ang Dios na pinahintulutan niya ang pribilehiyong iyon sa iyo. Kapag hindi maganda ang pakikitungo ng iba sa iyo, maaari mong alalahanin na ang Dios ang may kapamahalaan sa iyong mga karapatan, at nakita Niya na sa mga panahong iyon ay magiging mas mabuti para sa iyong pag-unlad ang hindi pagtataglay ng karapatan iyon.

Sa pamamagitan ng pagpapatawad sa iba, nagpapasakop ka sa Dios at hinahayaan Siyang paunlarin ka ayon sa kanyang piniling paraan. Ang prinsipyong ito ng pagsusuko ng iyong mga karapatan sa Dios ay mailalapat sa lahat ng pakikipag-ugnayan sa mga tao. (Kabilang

[10] Mateo 18:15
[11] Mateo 18:21-22

sa ibang reperensiya patungkol sa pagpapatawad ay Colosas 3:13, Mateo 6:15, at Roma 12:19).

## Ang Prinsipyo ng Pag-ibig

Dapat pa rin nating tratuhin nang may pag-ibig ang taong hindi natin pinagkakautangan ng anupaman. Dahil nakatanggap tayo ng biyaya, tayo ay may pagkakautang sa Dios. Hindi natin Siya kayang bayaran. Wala siyang pangangailangan, subalit sinabi Niya sa atin na ibigay natin sa iba ang hindi nararapat na pag-ibig na ating natanggap.

"Huwag kayong magkautang ng anuman sa sinuman maliban sa mahalin ninyo ang isa't-isa." (Roma 13:8).

Ang pag-ibig ay ebidensiya na ang isang tao ay isang tunay na Kristiyano.

> "Kung ang sinuman ay nagsasabi, 'Mahal ko ang Dios,' ngunit namumuhi sa kanyang kapatid, siya ay isang sinungaling; dahil kung hindi niya minamahal ang kanyang kapatid na kanyang nakikita, paano niya mamahalin ang Dios na hindi pa niya nakikita? (1 Juan 4:20).

Mayroong espesyal na pagmamahalan sa pagitan ng mga mananampalatayang Kristiyano, at personal na tinitingnan ni Hesus ang iyong mga ikinikilos at saloobin tungo sa ibang mananampalataya. Sasabihin Niya sa araw ng paghuhukom, "Kung paanong ginawa mo iyon sa isa sa pinakahamak sa iyong mga kapatid, ginawa mo iyon sa akin." (Mateo 25:40).

Nguni't ang pag-ibig ng Kristiyano ay dapat ipinapahayag hindi lamang para sa ibang Kristiyano. Sa Mateo 5:44-45a sinabi ni Hesus,

> Ngunit sinasabi ko sa inyo, mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti ang mga namumuhi sa inyo, at manalangin kayo para sa mga taong nang-aapi at umuusig sa inyo, upang kayo ay maging mga anak ng inyong Amang nasa langit; dahil pinasisikat niya ang araw kapwa sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga hindi matuwid.

May mga taong nahihirapang maging mabuti sa mga taong nakagagawa ng mali sa kanila, ngunit wala kailanmang dahilan upang maging magaspang ang pag-uugali. Hindi natin dapat tratuhin ang mga tao ayon sa nararapat sa kanila. Dapat natin silang tratuhin nang may pag-ibig at kabutihan maging nararapat man o hindi iyon sa kanila. Dapat nating tandaan na noong tayo'y mga makasalanan pa, hindi tayo nararapat sa pag-ibig ng Dios, ngunit minahal pa rin Niya tayo.[12]

[12] Tito 3:2-3

## Ang Prinsipyo ng Paggalang

► Kung iaalok ko sa iyo nang walang bayad ang isandaang-pisong papel na marumi at lukot-lukot, gugustuhin mo bang matanggap iyon? Tatanggihan mo ba iyon dahil iyon ay marumi at lukot-lukot?

Tatanggapin mo iyon dahil mayroon iyong halaga na hindi nakadepende sa kanyang kundisyon.

Ang bawat tao ay nararapat tumanggap ng paggalang dahil ang mga tao ay nilikha sa imahen ng Dios.[13] Ang imahen ng Dios ay nagbibigay sa bawat tao ng likas na kahalagahan.

Kahit na kung ang isang tao ay hindi nagtataglay ng mataas na karunungan, o kakulangan sa kakayahan, kasanayan, at anumang ibang bagay upang siya'y maging matagumpay o kapaki-pakinabang ayon sa pangkaraniwang pamantayan, mayroon siyang halaga dahil siya ay isang taong nilikha sa imahen ng Dios.

Ang isang likas na halaga ng isang tao ay nananatili maging kung pinababa niya ang halaga ng kanyang sarili dahil sa mga maling pagpili. Maaaring tumigil siya sa pag-aaral, winasak ang kanyang kalusugan, at nagkaroon ng masasamang kaugalian, mahalaga pa rin siya bilang isang tao na may kaluluwang imortal sa imahen ng Dios.

Dahil sa likas na halaga ng imahen ng Dios sa tao, dapat ipakita ang paggalang sa bawat pag-uugnayan ng mga tao. Ang paggalang ang *minimum*.

Ang pagmamanipula at panlilinlang ay mali, dahil ang bawat tao ay gumagawa ng mga pagpili na may pangwalanghanggang epekto at kinakailangang malaman ang tunay na isasaalang-alang para sa isang desisyon. Ang pag-uutos sa isang tao na gawin ang isang tamang bagay sa mga maling kadahilanan ay hindi katagumpayan, dahil hindi pa siya nakagagawa ng tamang pagpili.

Hangga't maaari, dapat nating pakisamahan nang may paggalang ang isang tao kahit pa ang kanyang pag-uugali ay mali o masama. Maging ang pagtutuwid ng mga kamalian at pagpaparusa sa maling ginagawa (ng mga taong may wastong autoridad upang isagawa ito) ay ginagawa nang may kamalayan na tayo ay nakikipagharap sa mga imortal na mga nilalang na may kalikasan ng Dios.

## Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

Dapat ay mayroong masaganang halimbawa ng pagsasabuhay ng mga prinsipyong ito.

► Magbahagi at magtanong ng mga halimbawa kung paanong ang isang tao ay nagsikap na magkaroon ng kapayapaan.

[13] Genesis 1:17

► Magbahagi at hingin ang pagtatalaga ng sarili mula sa mga miyembro na magpatawad sa mga taong nagkaroon sila ng sama ng loob.

► Magtanong ng sitwasyon kung kailan ang isang tao ay makapagpapakita sa ibang tao ng mas maraming pagmamahal kaysa nararapat sa kanila.

► Talakayin kung ano ang kahulugan ng pagtrato sa isang tao nang may paggalang kahit ang kanyang pag-uugali ay mali.

## Mga Prinsipyo ng Biblia sa Pakikipag-usap

► May isang matandang kasabihan na nagsasabi, "Ang panulat ay mas makapangyarihan kaysa sa espada." Ano ang kahulugan nito?

Mayroong kapangyarihan sa isang ideya, sa panghihikayat, sa pakikipag-usap. Mas marami kang matutupad sa pamamagitan ng paghikayat sa mga tao kaysa kung sila ay pipilitin. Ang isang ideya—isang konsepto—ay maaaring lumaganap at makaimpluwensiya sa maraming tao.

Nagsasalita ang Biblia tungkol sa kapangyarihan ng mga salita upang gumawa ng mabuti o masama (Santiago 3). Ang plano ng pagliligtas ay natutupad sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ebanghelyo, na ipinagkatiwala sa mga taong mensahero.

Paano natin magagamit ang ating mga salita upang tuparin ang mabuti at iwasan ang masama? Nagbigay ang Biblia ng ilang prinsipyo o panuntunan.

### (1) Huwag masyadong magsalita.

"Ang isang hangal ay nagpaparami ng mga salita..." (Mangangaral 10:14).

"Sa karamihan ng mga salita, hindi nawawala ang kasalanan, ngunit siya na nagpipigil sa kanyang mga labi ay matalino." (Kawikaan 10:19).

"Maging ang isang hangal ay itinuturing na matalino kapag siya ay nananahimik; kapag itinitikom niya ang kanyang mga labi, siya ay itinuturing na nakauunawa." (Kawikaan 17:28).

Kaya't huwag labis na magsalita. Ang isang madaldal ay hindi maayos na nagbibigay halaga maging sa kanyang mga salita o salita ng iba. Bumabanggit siya ng mga bagay na hindi niya tunay na ibig sabihin, at iniisip niya na ang ibang tao ay gayun din ang gagawin. Nagbibigay siya ng mga palagay kahit walang kaalaman. Hindi ka dapat magbigay ng palagay tungkol sa isang bagay na hindi mo nalalaman; hindi lahat ng palagay ay magkakapareho ng halaga.

**(2) Huwag kang magsalita bago ka mag-isip.**

Huwag mong hayaan ang iyong damdamin na maging dahilan upang magbigay ka ng mga pangungusap na pagsisisihan mo.

“Samakatuwid, aking mga minamahal na mga kapatid, ang bawat isa ay dapat mabilis sa pakikinig, mabagal sa pagsasalita, mabagal sa pagkagalit” (Santiago 1:19).

“Kung magalit ang mangmang ay walang pakundangan, ngunit ang matalino ay nagpipigil na ang kanyang galit ay mahalata” (Kawikaan 29:11).

“Ang mahinahon ay nagpapakita ng kaunawaan, ngunit ang madaling magalit ay tanda ng kamangmangan (Kawikaan 14:29).

**(3) Huwag ninyong husgahan ang isang pangyayari ayon sa unang pagtingin.**

"Nakakahiya at isang mangmang ang isang taong sumasagot sa tanong na hindi naman niya nalalaman” (Kawikaan 18:13).

“Ang unang pahayag ay inaakalang tama, hangga’t hindi naririnig ang tanong ng kabila.” (Kawikaan 18:17).

Karamihan sa mga kaguluhan ay dahil sa hindi pagkakaunawaan. Ang panahon at pagiging maingat ay karaniwang nakalulutas sa mga ito. Kung ang isang tao na kilala sa pagiging matapat ay nagsasabi ng isang bagay na tila mali para sa iyo, huwag kang maging mabilis sa paghusga sa kanya.

"Ang nakikisali sa gulo ng may gulo ay katulad ng isang taong dumadakma sa tainga ng aso.” (Kawikaan 26:17).

**(4) Maging maingat sa pagpapatawa.**

Dahil sa epekto ng taglay ng mga salita, ang hindi kontroladong pagpapatawa ay katulad ng isang sandata sa kamay ng isang baliw.

"Tulad ng isang baliw na naglalaro ng sandatang nakamamatay, ay ang taong nandaraya sa kanyang kapwa, at saka sasabihing, ‘Nagbibiro lang ako” (Kawikaan 26:18-19).

Huwag kayong maging dahilan upang ang mga tao ay makagawa ng seryosong pagkakamali dahil pinaniwalaan ang inyong biro. Huwag ninyong sabihing kayo ay seryoso kung hindi naman –hindi na uli sila maniniwala sa iyo. Huwag pagtawanan ang mga depekto na hindi maiiwasan ng mga tao. Huwag magbiro tungkol sa mga pagkakamali ng ibang tao. Huwag magbiro tungkol sa kasalanan at ginagawa itong tila walang halaga.

► Ano ang ilan pa sa maling paggamit ng pagpapatawa?

**(5) Huwag mong sabihin iyon sa maling tao.**

“Walang maitatago sa bibig ng isang madaldal, ngunit ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan.” (Kawikaan 11:13).

"Namamatay ang apoy kapag ubos na ang kahoy; natitigil ang away kung walang manunulsol.” (Kawikaan 26:20)

Maaaring may isang bagay na kailangang sabihin, ngunit marahil hindi ikaw ang tamang tao upang magsabi nito. Hindi mo iyon maaaring sabihin sa lugar ng taong may awtoridad na dapat siyang magsabi noon.

Huwag magkalat ng impormasyon tungkol sa mga pagkakamali ng ibang tao.

Hindi ipagkakatiwala sa iyo ng mga tao ang kanilang personal na impormasyon kapag iniisip nila na ipagsasabi mo iyon sa iba.

"Kung may alitan kayo ng iyong kapwa, ilihim at lutasin agad, at nang hindi lumala. (Kawikaan 25:9).

Sinasabi ng isang duwag ang kanyang kaso sa mga maling tao sa halip na sundin ang pamamaraan sa Mateo 18:15-17.

**(6) Maging maingat sa pagpuna.**

Mayroong tamang panahon at pamamaraan ng pagpuna.

"Ang isang lantad na pagsaway ay mas mabuti kaysa nakatagong pagmamahal. May pakinabang sa hampas ng isang kaibigan…” (Kawikaan 27:5-6a).

Tiyakin na ang iyong pagpuna ay nagnanais na magtatag, at hindi upang makasira. Dapat mong ipakita na nagmamalasakit ka sa kanila at nais mong tumulong. Karaniwan na kinakailangan ang isang malusog na relasyon bago makatulong ang iyong mga pagpuna.

**(7) Huwag manlinlang.**

"Huwag kayong magsisinungaling sa isa’t-isa, dahil hinubad na ninyo ang inyong lumang pagkatao pati na ang mga gawa nito.” (Colosas 3:9)

Ang panlilinlang ay angkop sa makasalanang buhay, hindi sa buhay Kristiyano.

“Namumuhi ang Panginoon sa taong sinungaling, ngunit ang tapat ay ligaya niya at aliw.” (Kawikaan 12:22).

**(8) Panatilihing dalisay ang inyong pananalita.**

"...huwag kayong gagamit ng anumang malaswa o walang kabuluhang pananalita at pagbibirong hindi nararapat. Sa halip magpasalamat kayo sa Dios.” (Efeso 5:4).

Huwag magkuwento tungkol sa nakaraan o kasalukuyang eskandalo maliban kung naaangkop upang opisyal na harapin ang sitwasyon. Huwag magbibiro sa mga bagay na dapat ay sabihin lamang ng palihim. Ang mga makasanlibutan ay karaniwang gumagamit ng mga salitang seksuwal o salitang ukol sa mga pribadong bahagi ng katawan sa kanilang mga eksklamasyon, subalit iyon ay hindi naaangkop sa isang Kristiyano. Kawalang-galang ang paggamit ng mga salitang tumutukoy sa Dios o kay Hesus bilang isang eksklamasyon o salita kapag nagugulat sa panahon ng kabalisaan, malibang tunay kang sinsero sa pagtawag sa Dios upang ikaw ay tulungan.

**(9) Huwag ninyong paghiwa-hiwalayin ang mga tao sa pamamagitan ng iyong mga salita.**

"Ang taong baluktot ang isipan ay naghahasik ng kaguluhan, at sinisira naman ng tsismis ang magandang samahan. (Kawikaan 16:28)

"Ang anim na bagay na ito ang kinamumuhian ng Panginoon, oo, pito ang kasuklam-suklam sa Kanya…[ang ikapito] ang taong naghahasik ng pag-aaway sa mga kapatiran." (Kawikaan 6:16, 19).

Huwag mong sikaping pagandahin ang iyong sarili kahit isakripisyo at masaktan ang iba. Huwag ninyong sisirain ang pagiging epektibo ng ministeryo ng iba sa pamamagitan ng tsismis.

Bago kayo magsalita, isaalang-alang ninyo hindi lamang ang "Ito ba ay totoo?" Itanong rin: "Bakit ko kailangang sabihin ito?"

**Konklusyon**

Ang isang Kristiyano ay dapat maging handang humingi ng tawad kapag napagtanto niyang nakasakit siya ng ibang tao dahil sa kanyang mga salita. Dapat siyang maging handa na ituwid ang anumang nasabi niya kapag napagtanto niyang hindi iyon tumpak.

Ang masasama at nakagagalit na mga salita mula sa iba ay hindi nagbibigay ng katwiran upang magsalita ka rin ng masasama.

May ilang mga pagkakamali sa pagsasalita na sa katagalan ay maaaring mapaunlad. Halimbawa, maaari mong matutuhan na mag-isip muna bago magsalita. Mayroon pang ibang pagkakamali na nagpapakita ng suliranin na nasa puso, tulad ng pagnanais na saktan ang ibang tao sa pamamagitan ng iyong mga salita. Kung ikaw ay nagkakasala sa ganung klase ng pagsasalita, kailangan mong hilingin sa Dios na patawarin ka at linisin ang iyong puso mula sa ganoong kaugalian.

Ang iyong pagsasalita ay nagpapahayag ng maraming bagay tungkol sa iyong puso. Huwag mong sirain ang iyong patotoo bilang Kristiyano sa paraan ng pagsasalita na hindi kasang-ayon sa mga pinahahalagahan ng Kristiyano.

Ang iyong pananalita ay maaaring magpala sa mga nakapaligid sa iyo. Karamihan sa ministeryo ay binubuo ng pakikipag-komunikasyon. Ang epekto ng iyong mga salita ay mas higit na mapatataas kung susundin mo ang mga prinsipyo ayon sa Biblia.

## Para sa Pagbabahaginan ng Grupo

► Karamihan sa mga tao ay nakikita ang mga pagkakamali sa sinasabi ng iba, ngunit hindi ang sa kanila. Ang tagapanguna sa klase ay maaaring magbahagi ng isang pagkakataon na siya ay nabigong sundin ang isa sa mga prinsipyong ito o maaaring aminin kung saang prinsipyo siya pinakamahina.

► Hilingan ang mga miyembro na pumili ng prinsipyo kung saan sila ay mahina at mangako na pabubutihin iyon sa tulong ng Dios.

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Tulungan mo po akong mamuhay ayon sa prinsipyo ng kapayapaan, pag-ibig at respeto sa Biblia sa lahat ng aking mga pakikipag-ugnayan.

Nais kong maging mapagpatawad sa mga taong nakagagawa ng kamalian laban sa akin. Tulungan mo akong hanapin ang muling pakikipagkasundo sa mga taong mayroong di-pagkakasundo sa akin.

Tulungan mo akong igalang ang bawat tao bilang isang nilikha sa iyong sariling imahen. Tulungan mo po akong alalahanin ang maaaring maging epekto ng aking mga pakikipag-usap, at panagutan ang aking mga salita. Nais kong tuparin ng aking mga salita ang mabuti at hindi ang masama.

Nais kong ang aking testimonya para sa iyo ay maigalang.

Salamat sa pribilehiyo na maipahayag ang iyong katotohanan.

Amen

## Mga Takdang-Aralin ng Leksiyon 4

(1) Basahin ang Santiago 3. Tingnan ang malaking potensiyal ng pag-uusap na inilarawan dito. Sa mga talatang 13-18 pansinin kung paanong ang pagsasalita ay natural na umaagos mula sa espirituwal na kundisyon ng isang tao. Basahin ang Efeso 4:25-32. Sumulat ng isang parapong panalangin bilang tugon sa mga Kasulatang ito.

(2) Pag-aralan ang Efeso 5:22-6:9. Ilista at ipaliwanag ang mga espesipikong direksiyon para sa pag-uugali sa iba't-ibang kaugnayan. Sumulat ng paliwanag kung paanong ang mga direksiyong ito ay nakaugnay sa mga prinsipyo ng pag-ibig, kapayapaan, at respeto na tinalakay sa leksiyong ito.

(3) Pumili ng tatlo sa mga sumusunod na katanungan. Sumulat ng parapo na sumasagot sa bawat isa sa mga ito:

- Ano ang mga praktikal na ipinapahiwatig ng katotohanan na tinawag tayo ng Dios upang sikaping matamo ang kapayapaan sa ating mga pakikipag-ugnayan?
- Bakit kinakailangan ang pagpapatawad sa iba upang mapanatili ang kaligtasan ng isang tao?
- Ano ang ibig sabihin kapag sinabing dapat ibigay ng isang tao ang kanyang mga karapatan sa Dios?
- Ano ang motibasyon ng ating pagmamahal sa iba na maaaring hindi naman karapat-dapat dito?
- Paano dapat makaapekto sa ating mga pakikipag-ugnayan sa iba ang katotohanan na ang lahat ng tao ay nilikha sa imahen ng Dios?

# Leksiyon 5
# Paggabay ng Dios

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan kung paano tayo tinutulungan ng Dios sa paggawa ng mga pagpapasya.

(2) Malaman kung paano magiging handa na maintindihan ang kalooban ng Dios at gumawa ng mabubuting pagpapasya.

(3) Maiwasan ang mga pagkakamali kapag humahanap ng mga direksiyon.

## Ang Tsunami sa Palu, isang Kabiguan sa Komunikasyon

Noong Setyembe, 2018, isang lindol sa ilalim ng isang isla ang naging dahilan upang magkaroon ng isang tsunami (higanteng alon) patungo sa lunsod ng Palu, sa Indonesia. Isang lalaki na nasa tuktok ng isang mataas na gusali ang nakakita sa dumarating na alon. Sumigaw siya ng babala sa mga tao sa mga kalsada sa ibaba, subali't karamihan sa kanila ay bumalewala sa kanya. Mahigit sa 4,000 tao ang namatay, at 10,000 ang nasugatan.

Sampung taon bago iyon (2008), ang pamahalaan ay naglagay ng 22 lumulutang na mga *buoys* sa dagat na may electronic sensors na nakadisenyo upang magpadala ng babala kapag may padating na tsunami. Gayunman, sa loob ng sumunod na tatlong taon, hindi napangalagaan ang mga buoys, at lahat ng ito ay tumigil sa paggana. Walang alinman sa mga ito ang nagpahatid ng babala tungkol sa tsunami noong 2018.

## Komunikasyon sa Ating Kumander

► **A**no ang bagay na ikinakabit sa lahat ng sasakyan ng militar?

Ang bawat tangke, dyip, eroplano at iba pa ay mayroong radyo. Ito ay hindi isang radyo para pakinggan ng mga sundalo ang kanilang paboritong musika, kundi isang radyo para sa komunikasyon.

Ang komunikasyon ay kinakailangan upang manalo sa isang digmaan. Hindi nakikita ng mga sundalo sa isang labanan ang buong lawak ng aksiyon. Maaaring hindi nila alam kung nasaan ang kanilang mga kaibigan at nasaan ang kanilang mga kalaban. Hindi nila nalalaman kung saang direksiyon sila dapat bumaril, at saang direksiyon sila dapat pumunta, maliban sa pamamagitan ng komunikasyon mula sa kanilang kumander.

Nagkaroon na ng maraming kaso kung saan ang mga sundalo ay napatay ng "friendly fire"/pagbaril mula sa kaibigan, mga balang mali ang direksiyon mula sa kanilang kapwa

sundalo. Nagkaroon na ng mga pagkakataon na ang mga missiles at bomba ay tumama sa mga kaibigan sa halip na sa mga kalaban dahil sa masamang komunikasyon.

Sa modernong labanan, karaniwang estratehiya ang sikapin na pabagsakin ang sentro ng komunikasyon ng mga kalaban. Ang panig na matagumpay na makagagawa noon ay malamang na siyang manalo sa labanan.

Tayo ay nasa espiritual na labanan. Tinutukso at sinisikap tayong linlangin ng demonyo. Sinisikap ng sanlibutan na hilahin tayo sa paraan ng pamumuhay at mga pinahahalagahan nito. Kung minsan ang mga taong nasa paligid natin ang siyang humahadlang at sumisira ng ating kalooban sa pamumuhay para sa Dios. Tayo ay katulad ng mga sundalong nasa isang malupit na bansa, na mayroon lamang kaunting kaibigan at maraming kaaway.

**Nais ng Dios na magtagumpay tayo sa espirituwal na labanan. Panalangin ang ating paraan ng komunikasyon sa ating kumander.**

Isipin ninyo ang isang sundalo sa isang labanan na nagpasyang balewalain ang mga utos sa kanya at sundin ang kanyang sariling kagustuhan. Maaari siyang makagawa ng masama sa halip na mabuti; maaari siyang mabigo na tulungan ang mga taong umaasa sa kanya; at maaari siyang mapatay o mabihag.

> "Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, humiling at sumamo sa patnubay ng Espiritu. Lagi kayong maging handa, at patuloy na ipanalangin ang lahat ng hinirang ng Dios." (Efeso 6:18).

Ang talatang ito ay nasa hulihan ng sipi kung saan inilarawan ni Pablo ang espirituwal na baluti ng isang Kristiyano sa baluti ng militar sa kaniyang panahon. Sinabi niya na ang ating mga kaaway ay hindi sa pisikal, kundi espirituwal.

Marahil kung mayroon nang mga radyo para sa mga sundalo noong panahong iyon, maaaring ginamit iyon ni Pablo upang ilarawan ang ibang bahagi ng kagamitan ng espirituwal na sundalo –ang panalangin. Pagkatapos ilarawan ang baluti, sinabi ni Pablo na ang *pananalangin* ay kailangang gamitin kasama ng espirituwal na baluti.

Habang tayo ay nahaharap sa pakikipaglaban sa espirituwal na kasamaan, dapat tayong magpatuloy sa pananalangin, nananatiling may komunikasyon sa ating kumander. Tayo ay tinawag upang maging mapagbantay sa pananalangin, nananatiling mapagmasid at nagtitiyaga.

Nangako ng paggabay ang Dios para sa mga makikinig.

> "Magtiwala sa Panginoon nang buo mong puso at huwag manangan sa iyong sariling pang-unawa; sa lahat ng iyong daan ay kilalanin Siya, at gagabayan Niya ang iyong mga landas." (Kawikaan 3:5-6).

> "Ang mga hakbang ng mabuting tao ay itinakda ng Panginoon…" (Awit 37:23).

Ang Kristiyano ay hindi nagpapasya sa paraang katulad ng mga tao sa sanlibutan. May mga tao na ginagabayan lamang ng kanilang sariling pagnanasa at mga ambisyon. Sinasabi nila, "Kailangan kong gawin kung ano ang tama para sa akin." Ang ibig nilang sabihin ay isinasaalang-alang muna nila ang kanilang sariling mga naisin sa halip na hayaan ang ibang tao ang magkontrol sa kanila. Iniisip nila na ang kalayaan ay nangangahulugan ng pagiging sentro ng sarili. Naiiba ang Kristiyano dahil nais niyang bigyang-lugod ang Dios at pagpalain ang iba sa pamamagitan ng kanyang buhay.

May mga tao na nagpapayo sa atin na tumingin sa ating kalooban para sa lahat ng kasagutan. Naniniwala sila na ang ating mga damdamin at katutubong ugali ay sapat na gabay para sa mga pagpapasya. Hinihikayat nila ang mga kabataan na ipagsawalang-bahala ang tradisyon at ang mga payo ng mga nakakatanda. Hinahamak nila ang kalinisang-asal/moralidad na panrelihiyon. Ang ganitong klase ng payo ay laganap sa modernong pag-aaliw sa Hollywood. Naglalabas sila ng mga kuwento tungkol sa isang kabataan na nagtagumpay sa pamamagitan ng pagrerebelde laban sa awtoridad at tradisyon upang sundin ang kanyang sariling mga pangarap. Hindi nila ipinapakita ang katotohanan na ang ganoong mga pagpapasiya ay naghahatid sa kalungkutan at kapahamakan.

Sa ilang kultura, ang mga pansariling pagpapasiya ay nalilimitahan ng mas malawak na pamilya/angkan o tribo o lipi.  Ang mga indibidwal ay hindi inaasahang umalis sa rehiyon, baguhin ang kanilang hanapbuhay, magpatuloy sa mas mataas na pag-aaral, o mag-asawa nang walang pahintulot ng grupo/tribo. Ang pinakamahirap na pagbabago sa kapaligirang iyon ay kung ang isang tao ay magbabago ng kanyang relihiyon. Kapag ang isang tao ay naging Kristiyano at ginagabayan ng mga prinsipyong hindi nauunawaan ng kanyang mga kababayan, maaari siyang dumanas ng pag-uusig. Ang isang Kristiyano sa ganoon sitwasyon ay dapat manalangin para sa katalinuhan at paggabay.

Kailangan natin ang paggabay ng Dios sa lahat ng oras, at ginagabayan Niya tayo sa mga paraang hindi natin laging namamalayan. Hindi Niya tayo kinakalimutan, kahit na hindi natin Siya iniisip. Subalit may mga pagkakataon na espesyal na kinakailangan nating hingin ang Kanyang direksiyon at hilingin sa Kanya na tulungan tayong makita ang mga pagpipilian sa kung ano talaga sila. Maaaring nais ng Dios na baguhin ang ating landas sa isang hindi inaasahang paraan.

► Ano ang mga pagkakataon na kinakailangan natin ang espesyal na direksiyon mula sa Dios?

Dapat tayong humingi ng direksiyon mula sa Dios…

**(1)** **Kapag gumagawa tayo ng mga pagpapasiyang nakakabago ng buhay:** pag-aasawa, hanap-buhay, pag-aaral/edukasyon, pagtatalaga ng sarili sa isang lokal na iglesya

**(2)** **Kapag gumagawa ng mga praktikal na pasiya:** mga pagkakataon sa hanap-buhay, saan titira, pagbili ng may malaking halaga

(3) **Kapag nagpaplano at nagsasagawa ng ministeryo:**[14] ang personal na pagkatawag sa isang tao, saan at kanino magmiministeryo, mga temang ipapangaral at ituturo.

(4) **Kapag nakikilahok sa buhay ng iglesya:**[15] paano sasamba, ano ang pag-aaralan, ano ang ibibigay, paano magiging bahagi ng katawan ni Kristo sa mundo.

### Paano Mo Higit na Mauunawaan ang Paggabay ng Dios

**(1) Manatili kang malapit sa Dios sa panalangin.** Kung ang malaking bahagi ng iyong buhay ay nawawalan ng kaugnayan sa iyong pakikipag-usap sa Dios, sinusunod mo ang iyong sariling mga kagustuhan at limitadong pagkaunawa.

**(2) Huwag mong pagtiwalaan ang iyong sariling pangangatwiran nang higit sa tiyak na katotohanang ayon sa Kasulatan.** Tulad ng sinasabi ng talata sa itaas, "…huwag kang umasa sa iyong sariling pagkaunawa" (Kawikaan 3:5).

**(3) Lagi mong sundin ang natitiyak mong kalooban ng Dios.** Mapauunlad nito ang iyong pagkaunawa. Ang isang taong sumusuway sa Salita ng Dios ay hindi tunay na ninanais ang kalooban ng Dios dahil ipinapahayag ng Dios ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng Kasulatan. Kung sinusunod mo lamang ang ilang bahagi ng nalalaman mong kalooban ng Dios para sa iyo, higit ka pang maguguluhan—ang liwanag ay magiging kadiliman (Lucas 11:35).

Nalalaman natin na iyon ay kalooban ng Dios kaya't:

- Pinapasan natin ang ating krus araw-araw at sumusunod kay Hesus (Lucas 9:23)
- Ginagawa ang mabuti at sinasabi ang katotohanan sa ating mga puso (Awit 15:3)
- Iginagalang ang matatapat na tagapangunang espirituwal (1 Tesalonica 5:12-23)
- Nagagalak sa lahat ng panahon (1 Tesalonica 5:12-13)
- Walang tigil sa pananalangin (1 Tesalonica 5:16)
- Nagpapasalamat sa lahat ng pagkakataon (1 Tesalonica 5:17)
- Hindi pinapasakitan ang Espiritu (1 Tesalonica 5:18)
- Hindi hinahamak ang mga propesiya (1 Tesalonica 5:19)
- Sinusubok/sinisiyasat ang lahat ng bagay (1 Tesalonica 5:20)
- Pinanghahawakan kung ano ang mabuti (1 Tesalonica 5:21)
- Umiiwas sa lahat ng anyo ng kasamaan (1 Tesalonica 5:22)
- Pabanalin nang lubusan (1 Tesalonica 5:23)

---

[14] Sinasabi ng Mga Gawa 16:6-9 ang espesyal na paggabay na ibinigay ng Banal na Espiritu kina Pablo at Silas sa kanilang paglalakbay na pangmisyon.

[15] May kamalayan ang unang iglesya sa Banal na Espiritu na nagbibigay ng direksiyon sa kanilang pagsamba, nagbabantay sa kanilang doktrina, gumagabay sa kanilang paglutas ng mga suliranin, at pagbibigay-kapangyarihan sa kanilang mensahe. Tingnan ang Mga Gawa 15:28, 5:3-5, at 6:10.

At marami pang ibang kautusan na maaaring ibuod sa isang salita: *pag-ibig*! (Roma 13:8-10). Habang ginagawa natin ang *alam* natin na kalooban ng Dios, marami sa ating mga pagpapasiyang hindi tungkol sa buhay ang natural na nahahayag.

**(4) Maging matiyaga.** Maaaring kailangan mong maghintay habang nagbubukas ng mga pinto ang Dios at naghahanda ng mga pagkakataon para sa iyo. Huwag kang magmadali sa paggawa ng mga pagpapasiya dahil sa pagkainip. "Mamahinga ka sa Panginoon, matiyaga kang maghintay sa Kanya" (Awit 37:7). Huwag kang gumawa kailanman ng isang bagay na alam mong mali dahil sa pakiramdam na nagmamadali ang bagay o sitwasyon.

**(5) Makinig sa mabuting payo. "**Dahil sa kalooban ng matalinong paggabay maaari kang makipagdigmaan, at sa kasaganaan ng mga tagapayo, mayroon kang tagumpay." (Kawiakaan 24:6).[16] Kapag nais ng Dios na gumawa ka ng malaking pagpapasya, at madalas na ipinapakita rin iyon sa ibang mahalagang tao sa iyong buhay. Kapag mayroong makadios na nakatatanda na nakakikilala at nagmamalasakit sa iyo, hindi ka dapat madaling magpasya sa paggawa ng bagay na sa palagay nila ay isang pagkakamali.

## Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

►Ibahagi ang isang halimbawa ng pasya na alam mong ayon sa direksiyon ng Dios. Paano ipinakita ng Dios sa iyo na iyon ang tamang desisyon?

► Makatutulong rin kung maibabahgi mo rin ang isang halimbawa ng maling desisyon. Nabigo ka bang sundin ang isa sa apat na prinsipyo ng pagiging mas mabuting taong nagagabayan ng Dios?

Pahintulutan rin ang iba na magbahagi ng katulad nito.

► Sa kasalukuyan, maaaring may isang nagsisikap na gumawa ng pagpapasya na payag silang talakayin iyon sa grupo.

## Mga Pagkakamaling Dapat Iwasan Kapag Hinahanap ang Paggabay ng Dios

May isang kuwento tungkol sa isang mangangaral na nagngangalang Charles Stalker na nananalangin isang umaga nang magsalita sa kanya ang Dios at sinabi, "Nais kong pumunta ka sa Tsina." Namangha si Stalker dahil wala siyang kilala doon o pera upang pumunta doon. Napakalakas ng pagtawag kaya't inimpake niya ang kanyang maleta at nagtungo sa istasyon kung saan magsisimula ang gayung klase ng paglalakbay. Doon, isang taong hindi niya kilala ang lumapit sa kanya at nagtanong, "Ikaw ba si Charles Stalker?" at nagpatuloy na, "Pinapunta ako dito upang dalhin sa iyo ang tiket upang makapunta ka sa Tsina."

---

[16] *English Standard Version*

► Ito ba ang paraan na dapat nating *normal* na asahan sa Dios na ipakikita sa atin ang kanyang kalooban?

Magkakaroon ba ng suliranin sa isang taong umaasa na matagpuan ang kalooban ng Dios sa kanyang mga pagpapasya sa ganitong paraan?

May mga taong umaasa ng supernatural na direksiyon sa bawat pagpapasyang kanilang gagawin. Hindi nila pinapansin ang normal na pangangatwiran at pangyayari, dahil iniisip nila na ang kalooban ng Dios ay maaaring kasalungat ng lahat ng katwiran at pangyayari.

Hindi wasto na ipilit natin na dapat magbigay ang Dios ng supernatural na kapahayagan para sa ating mga pasya dahil madalas na hindi niya ipinapakita ang kanyang kalooban sa ganoon paraan. Kapag ipinagwawalang-bahala ng isang tao ang pangangatwiran at pangyayari, maaari niyang isipin na nakatatanggap siya ng direksiyon mula sa Dios kahit sa katotohanan ay sinusunod lamang niya ang kanyang sariling mga emosyon o imahinasyon.

Kailanman na may isang bagay na malinaw na iniuutos o ipinagbabawal sa Kasulatan, alam natin ang kalooban ng Dios. Gayunman, maraming mga desisyon sa buhay kung saan mayroon tayong pagpipilian na hindi tiyak ang iniuutos o ipinagbabawal. Paano malalaman ng isang tao kung saan siya dapat tumira, ano ang dapat niyang trabaho, at paano niya dapat gastusin ang kanyang pera?

► Kung walang espesyal na rebelasyon, paano malalaman ng isang tao ang kalooban ng Dios para sa isang pasya na hindi naman tiyak ang binibigyang direksiyon sa Kasulatan?

Ang ilang tao, dahil inaasahan nila ang kalooban ng Dios ay dapat ipahayag sa supernatural na paraan nang hiwalay sa pangangatwiran at pangyayari, ay humahanap ng hindi makatwirang pamamaraan na iniisip nila na gagamitin ng Dios upang bigyan sila ng direksiyon. Maaaring hilingin nila sa Dios na magbigay ng isang tiyak na tanda upang ipakita ang Kanyang kalooban. O maaari nilang buksan ang Biblia sa alinmang talata upang gamitin iyon sa kanilang sitwasyon.

## Mas Praktikal na Payo sa Paggawa ng Mabubuting Pagpapasya

Nagbigay si John Wesley ng ilang praktikal na tagubilin kung paano mauunawaan ang kalooban ng Dios. Sinabi niya na alam natin ang pangkalahatang kalooban ng Dios sa atin, na ipinahayag sa Biblia, na tayo ay maging banal at dapat gawin natin kung ano ang mabuti. **Samakatuwid, upang gumawa ng espesipikong pagpapasya, dapat nating isaalang-alang kung aling pagpipilian ang pinakamagbibigay sa atin ng kakayahan upang maging banal at tuparin ang pinakamabuti**.

**Natututuhan natin mula sa karanasan kung aling mga pangyayari ang nakakatulong sa espirituwal para sa atin at kung alin ang mapanganib.** May mga pangyayari na mapanganib sa espirituwal sa kahit kanino; ang iba ay mapanganib para sa ilang tao ngunit hindi para sa bawat isa. Hanggat makakaya natin, dapat nating ilagay ang

ating mga sarili sa mga kalagayang makakatulong sa atin upang maging malakas sa espirituwal at dapat umiwas sa mga sitwasyon na magdadala sa atin sa tukso (1 Corinto 10:12-13).

**Sa pamamagitan ng katwiran at karanasan, at sa payo ng iba, maaari rin nating malaman kung aling pagpipilian ang magpapahintulot sa atin na matupad ang pinakamabuti.**

Hindi pangkaraniwan para sa Dios na ipakita ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng espesyal na kapahayagan. **Inaasahan Niya na ilalapat natin ang mga prinsipyo ng Kasulatan habang maingat nating binibigyang katwiran at sinasaliksik ang mga pangyayari.** Ginagabayan tayo ng Banal na Espiritu kahit hindi natin iyon namamalayan. Para sa karamihan sa mga pagpapasya, hindi tayo dapat umasa sa rebelasyon kundi manalangin para sa karunungan at pang-unawa.

Ang mga taong nag-aangkin na mayroong espesyal na direksiyon mula sa Dios kung minsan ay tumatangging makinig sa ibang tao (Kawikaan 12:15). Maaari silang magalit kapag sinisiyasat ng mga tao ang kanilang mga pasya. Nagpapakita sila ng pagmamataas at katigasan ng kalooban sa halip na pagpapakumbaba.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Pedro 5:5-6 para sa grupo.

Maliban sa mga hindi karaniwang pagkakataon, mas mabuti para sa isang tao na hindi angkinin na sinabi sa kanya ng Dios kung ano ang eksaktong dapat gawin. Kapag sinasabi iyon ng isang tao, mahirap siyang bigyan ng sinuman ng payo o palagay. Mas mabuti para sa kanya na sabihin na sinisikap niyang gawin ang pinakamabuting pasya sa tulong ng Dios.

Bukod sa mga prinsipyong ibinigay ni Wesley, kapag iniisip ninyo ang inyong mga pagpipilian, isaalang-alang:

(1) **Ito ba ay sumasang-ayon sa malinaw na iniuutos sa Kasulatan?** Hindi kailanman nais ng Dios na suwayin natin ang Kanyang Salita.

(2) **Ito ba ay sumasang-ayon sa mga prayoridad ng Kasulatan?** Ipinapakita ng Biblia sa atin ang mga bagay na mahalaga sa Dios. Inuuna mo ba sa iyong mga pasya ang mga dapat unahing bagay?

(3) **Ito ba ay sumasang-ayon sa isang makatotohanang pananaw sa mga pangyayari?** Dapat mong makita kung paanong inihanda ng Dios ang iyong sitwasyon para sa pagpapasiyang ito.

(4) **Makatwiran ba?** Kung minsan inaakay ka ng Dios upang gawin mo ang isang bagay na tila hindi makatwiran, ngunit kahit gayunpaman, gagawin niya nang malinaw ang kanyang kalooban. Huwag kailanman tatanggihan ang katwiran bilang isang paraan ng pagtulong sa iyo na matanto ang kalooban ng Dios.

(5) **Kaugaliang Kristiyano ba iyon?** Huwag mong isipin na ang alinmang sitwasyon ay natatangi kaya't maaari mong gawin ang isang bagay na ordinaryong hindi kalugod-lugod sa Dios.

(6) **Kasang-ayon ba iyon ng pagmamahal sa iba tulad sa iyong sarili?** Ang mga makasariling motibo ay makakakabaluktot sa iyong mabuting pagpapasiya.

(7) **Magkakaroon ba ito ng mabuting impluwensiya**? Paano kaya kung gagawin ng iba kung ano ang ginagawa mo? Magiging mabuti ba iyon?

(8) **Pinatotohanan ba ito ng mga tagapayong maka-Dios?** Alam natin kung paano hahanap ng mga kaibigan na sasang-ayon sa atin, nguni't ano kaya ang sasabihin ng mga taong tila pinakaespirituwal at matatalino tungkol sa iyong pasya?

Kapag ang kalooban ng Dios ay isang bagay na napakahindi karaniwan, naipapaalam niya iyon sa iyo nang walang pag-aalinlangan. Ang isang anghel, o isang pangitain, o isang nagliliyab na halaman ay nagbigay ng katiyakan para sa ilang tao sa nakalipas na panahon. Maaaring magbigay ang Dios ng simpleng katiyakan sa kalooban na hindi mapag-aalinlanganan. Subalit kapag walang malinaw na mensahe ang natatanggap mula sa Dios, dapat mong sundin ang mga mapagkakatiwalaang prinsipyo sa pag-unawa sa tamang pagpipilian. Huwag kang umasa na makatatanggap ng espesyal na kapahayagan para sa bawat pagpapasya. Kapag nangangatwiran ka ng matapat at may pananalangin kalakip ng mga tamang prayoridad, magiging matapat ang Dios sa paggabay sa iyong mga pasya.

Sa Roma 12:1-2 isinulat ni Pablo na,

> Namamanhik ako sa inyo, mga kapatid, ayon sa habag ng Dios, na ihain ninyo ang inyong mga katawan bilang buhay na handog, banal, at katanggap-tanggap sa Dios, na siya ninyong makatwirang paglilingkod. At huwag kayong makiayon sa sanlibutang ito, kundi magbago na kayo sa pagpapanibago ng inyong mga isipan, upang mapatunayan ninyo kung ano ang mabuti at katanggap-tanggap at perpektong kalooban ng Dios.

Ipinapakita ng talatang ito kung paanong ang espirituwal na kalagayan ng isang tao ay nakakaapekto sa kanyang mga pagpapasya. Upang mahanap ang kalooban ng Dios, dapat munang lubusang italaga ng isang tao ang kanyang sarili sa Dios. Ang mga pasya ng isang Kristiyano ay sumasalungat sa mga pasya ng sanlibutan, dahil siya ay hindi na "nakikiayon sa sanlibutan" kundi nagbago na at gumagawa ng mga pasya nang may "nagpanibagong isip."

Ang mga motibo ang pinakamahalagang dahilan sa pag-unawa sa direksiyon ng Dios. Ang taong humahanap lamang sa kalooban ng Dios upang makapagpasya siya kung gagawin niya iyon o hindi ay malamang na maguguluhan. Kung hinahanap ng isang tao ang kalooban ng Dios ayon sa Kasulatan at makatwirang pamamaraan, at buong pusong determinasyon na gawin iyon, hindi makakalampas sa kanya ang kalooban ng Dios.

## Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

► Talakayin ang ilan sa mga pagsasabuhay ng prinsipyo ayon kay Wesley. Ang ilang halimbawa ay ang pagpili sa mga kaibigang makakasama mo, mga pagpili sa paghahanapbuhay, o sa pakikipagtipan/pakikipagrelasyon (kung wala pang asawa). Pag-isipan, aling sitwasyon ang makakatulong sa akin upang maging banal at magawa ang pinakamabuti?

► May mga tao na tila hindi mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan bilang Kristiyano kapag kasama sila ng ilang klase ng mga tao, o sa ilang natatanging mga lugar. Umisip ng mga halimbawa.

► Iba pang mga puntos na maaaring talakayin:

- Ang gampanin ng motibasyon sa pagpapasya.
- Ang pagkakamali sa paghihintay ng mga tanda.
- Ang panganib ng sobrang pagtitiwala sa mga panloob na pakiramdam.

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Maraming salamat po sa pagpaplano ng mga mabubuting bagay para sa akin. Alam ko po na ginagabayan mo ang aking mga hakbang nang higit pa sa aking nakikita.

Tulungan mo po akong maging malapit sa iyo sa panalangin. Tulungan mo po akong ituon ang aking pansin sa katotohanan na ipinapakita mo sa akin.

Nais ko pong maging banal at matupad ang lahat ng kaya kong mabuti para sa iyong kaluwalhatian.

Gawin mo pong dalisay ang aking mga motibo, upang hindi nila ako mailayo sa iyong kalooban. Gabayan mo po ako sa pamamagitan ng matatalinong tagapayo na inilagay mo sa aking buhay.

Nais ko pong magtiwala sa iyo sa bawat pasya. Nais kong sundin ang iyong kalooban nang may buong pusong pagsunod.

Salamat po na ninanais mo ang pinakamabuti para sa akin.

Amen

**Mga Takdang-Aralin ng Leksiyon 5**

(1) Pag-aralan ang Kawikaan 3:1-12. Sumulat tungkol sa mga prayoridad, saloobin, at karakter na inilarawan dito. Isulat kung paano mo mapapaunlad sa iyong sarili ang mga katangiang iyon. (Dapat kang sumulat ng 1-2 pahina sa kabuuan.)

(2) Saliksikin ang Santiago 4:13-17. Pansinin ang soberenya ng Dios sa mga pangyayari. Ano ang kasamaan—ang "katigasan ng kalooban"—na binabanggit sa talatang 16? Sumulat ng isang parapo na ipinapaliwanag kung ano ang sinasabi ng talata sa atin tungkol sa pagpaplano para sa hinaharap.

(3) Sumulat ng dalawang parapo na nagpapaliwanag ng kaugnayan sa pagitan ng panalangin at paggawa ng mga pasya. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Paano dapat makaapekto ang pananalangin sa ating pagpapasya?
- Ano ang ilan sa mga pagkakamali na dapat iwasan kaugnay sa pananalangin at pagpapasya?

# Leksiyon 6
# Ang Biblikal na Konsepto ng Pag-aasawa

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Tanggapin ang disenyo at layunin ng Dios tungkol sa pag-aasawa.

(2) Unawain ang kahalagahan na inilalagay ng Dios sa kababaihan.

(3) Italaga ang sarili sa personal na pagsunod sa mga prinsipyo ng Dios tungkol sa pag-aasawang Kristiyano.

## Si Hernando Cortes: Isang Lalaking Itinalaga ang Sarili

Si Hernando Cortes ay hindi isang halimbawa na dapat nating sundan sa kanyang karakter at mga ambisyon. Gayunman, isa sa kanyang mga ginawa ay nagpakita ng lubusang pagtatalaga ng kanyang sarili sa kanyang mga layunin. Isang tagsibol noong 1519, pinangunahan ni Hernando Cortes ang isang ekspedisyon upang sakupin ang teritoryo na ngayon ay tinatawag na Mexico. Nagbigay ang gobernador ng Espanya sa misyon ng labing-isang barko at pitongdaang kalalakihan. Pagkalipas ng maraming buwan sa karagatan, sa wakas ay narating ni Cortes at kanyang mga tauhan ang dalampasigan ng Mexico. Ang sumunod na hamon ay ang paglalakbay patawid sa lupain patungo sa kapitolyong lunsod. Nalalaman ni Cortes na ang paglalakbay sa lupa ay magiging mahirap at mapanganib. Nais niya na matanto ng kanyang mga tauhan na hindi mapagpipilian ang pagbalik, kaya't sinunog niya ang lahat ng barko. Ginawa niyang imposible ang pagbalik sa Espanya at sa parehong panahon ay lumikha ng makapangyarihang motibasyon upang magtagumpay. Sa gayon ding paraan, ang bawat taong pumapasok sa pag-aasawa ay dapat lubusang naglalaan ng sarili, natatanto na kapag siya ay nakasal at nag-asawa, wala nang ibang pagpipilian.

## Panimula

Mabuting bagay ang pag-aasawa na ayon sa Biblia.[17] Subali't ang mga mag-asawa na nagnanais na maranasan ang kagandahan at matikman ang kabutihan nito ay dapat siyasatin kung ano ang *itinuturo* ng Kasulatan tungkol dito, at pagkatapos ay sikapin ang *pagsunod* sa kanilang natutuhan. Isang kasiya-siyang pag-aasawa ay nangangailangan ng paggawa at sakripisyo.

---

[17] Ang leksiyong ito ay isinulat ni Tim Keep.

Upang magsimulang maunawaan ang pag-aasawa dapat tayong bumalik sa pinagsimulan nito—pabalik sa Genesis. Ang istorya ng paglikha ay nagtuturo sa atin tungkol sa pag-aasawa.

► Mayroon ba sa inyo na gustong magbahagi kung paano siya nag-asawa na umaasa ng mga benepisyo ngunit hindi natatanto ang kinakailangang pagtatalaga ng sarili?

## Ang Pag-aasawa Ayon sa Biblia

**Ang pag-aasawa ayon sa Biblia ay para sa pakikipag-ugnayan.**

"At sinabi ng PANGINOONG Dios, 'Hindi mabuti ang lalake ay mag-isa; siya'y igagawa ko ng isang makakatuwang niya." (Genesis 2:18).

Kung paanong ang Dios ay ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay nag-uugnayan, dinisenyo tayo ng Dios upang makisalamuha sa iba. Tayo ay nilikha upang makipag-usap. Tayo ay nilikha para sa matalik na relasyon at pakikipag-ugnayan. Sinabi ng Dios na hindi mabuti ang nag-iisa!

Ang bawat bahagi ng paglalarawan ng mga pangyayari sa Genesis ay nagbibigay ng dignidad at kahalagahan sa pag-aasawa. Kumuha ang Dios ng isang tadyang mula sa lalaki at ginawa itong isang magandang katuwang, at siya ay "dinala nang may natatanging karangalan sa lalaki bilang ang huli at pinakaperpektong nilikha ng Manlilikha. Ang bawat hakbang at yugto ng paglalarawang ito ay naglalayon ng pagbibigay ng kadakilaan sa pag-aasawa."[18] "Ang salita na ("dinala siya") ay nangangahulugan ng mataimtim na pagbibigay sa kanya sa gapos ng kasunduan sa pag-aasawa, kaya naman tinawag ito na tipan sa Dios (Kawikaan 2:17)"[19]

***Ang pag-aasawa ay dapat maging masayang pagsasama.***

Nang sabihin ni Adan, "Ito ngayon ang buto ng aking buto…" (2:23) ipinapahayag niya ang paggalang at umaapaw na tuwa. Hindi sinabi ni Adan, "Sa wakas, isang alipin! Mayroon na akong mauutusan upang maglalaba, magluto ng aking pagkain, imasahe ang aking likod, at tapusin ang mga gawaing bahay!" Sinabi ni Adan, "Sa wakas, isang *katulad ng aking sarili*!"

***Ang pag-aasawa ay dapat maging pagsasama ng magkapantay.***

"...isang katulong na kapantay (isang perpektong kamukha)" (2:18).

Ipinapaalala sa atin ni Matthew Henry na, "Ang babae ay nilikha mula sa isang tadyang sa tagiliran ni Adan; hindi ginawa mula sa kanyang ulo upang pangunahan siya, o mula sa kanyang mga paa upang tapakan niya, kundi mula sa kanyang tagiliran upang maging

---

[18]*Ellicot's Commentary for English Readers* (Notes sa Genesis 2:22). Hinango sa https://biblehub.com/genesis/2-22.htm noong Disyembre 29, 2020.
[19]*Pulpit Commentary* (Notes sa Genesis 2:22). Hinango sa https://biblehub.com/genesis/2-22.htm noong Disyembre 29, 2020.

kapantay niya, sa ilalim ng kanyang braso upang proptektahan, at malapit sa kanyang puso upang mahalin."[20]

Ipinahayag ni Adam Clarke, "Siya ay magiging perpektong sumasalamin sa lalaki, nagtataglay hindi ng mas mababa dito o higit kaysa dito, kundi sa lahat ng bagay ay katulad at kapantay ng lalaki."[21]

***Ang pag-aasawa ay magiging isang pangakong pagkakaisa.***

"Samakatuwid, *iiwan* ng lalaki ang kanyang ama at ina at *makikipag-isa* sa kanyang asawa, at sila ay magiging *isang laman*" (2:24) Ang matitibay na pagsasama ay hindi nakabatay sa romansa (ang mga pakiramdam na romantiko ay lumilipas), o ang kasiyahang-loob, (bagaman ang malulusog na pag-aasawa ay nagdadala ng tuwa), o personal na katuparan (bagaman ang matitibay na pag-aasawa ay tunay na nakatutupad). Ang mga kahanga-hangang benepisyo ng pag-aasawa ay hindi *dahilan* upang magkaroon ng matibay na buhay-mag-asawa; ang mga ito ay bungang *nagmumula* sa matibay na buhay-mag-asawa. Ang pag-aasawa ay itinatag sa hindi matitinag na pundasyon ng pangako – isang lalaki at isang babae na itinalaga ang sarili para lamang sa isa't-isa habang buhay.

Ang pag-aasawa ay dapat isang maliwanag, may pagtitiwala, at tumatanggap na relasyon – "At sila ay kapwa hubad, ang lalaki at ang kanyang asawa, at hindi sila nahihiya" (2:25). Dahil hindi pa nadudungisan ng kasalanan ang pagiging walang inosente ng unang mag-asawa, ang kanilang pag-aasawa ay walang paghatol, walang kahihiyan, at walang pagkatakot. Sinasabi sa atin ng Bagong Tipan, "Ang pag-aasawa ay marangal at ang kama ay puro at dalisay…" (Hebreo 13:4).

Ang matibay na buhay-mag-asawa ay hindi iiral kung saan mayroong kawalan ng kapanatagan, kawalan ng tiwala, pag-aalinlangan, o takot; kung saan ang mag-asawa ay hindi nakatitiyak sa pagtatalaga ng isat-isa sa pag-aasawa. Ang matibay na buhay-mag-asawa ay nangangailangan ng hindi matitinag na pangako, "Hanggang kamatayan walang makapaghihiwalay sa atin!"

Ang isang ekspresyon na figurative English ay "sunugin ang tulay sa iyong likuran," na nangangahulugan na sa iyong ginawang pagtatalaga, ginagawang imposible na ang pagbalik.

Ang mga matatagumpay na pag-aasawa ay sinusunog na ang bawat tulay at bawat barko. Ang diborsiyo o paghihiwalay ay hindi isa sa pagpipilian maliban kung may pang-aabuso at pagtataksil sa asawa. Maging kung ang mga ito ay mangyayari, dapat nating alalahanin na madalas na natutubos ito ng Dios.

Ang pag-ibig na may pangako ay nagbibigay ng kanyang sarili, magalang, at nagpapaganda kahit na mahirap ang relasyon (1 Corinto 13). Ang mahinang pagtatalaga ng sarili ay

[20] *Matthew Henry's Commentary on the Whole Bible*
[21] Adam Clark. *Adam Clarke's Commentary on the Bible*

nagbubunga ng pansamantalang paggawa, kawalang kaugnayan sa emosyonal, pag-atras, at pagkahulog sa tukso.

Ipinamumuhay ng isang asawang lalaki ang pag-ibig na may pangako kapag *hindi siya sumusuko* sa kanyang asawang babae kahit na hindi ito tumutugon, o walang galang, o may sakit. Ipinamumuhay ng asawang babae ang pag-ibig na may pangako kapag pinipili niyang igalang at sundin ang kanyang asawang lalaki, para sa ikalulugod ng Dios, kahit pa hindi siya minamahal ng kanyang asawang lalaki.

Nakakamit niya ang respeto ng asawang babae dahil sa pag-ibig, ang kanyang respeto ay nagkakamit ng pag-ibig ng asawang lalaki. At sila ay nagpapatuloy sa paglago!

► Anong mga suliranin ang nagiging resulta kapag nag-asawa ang isang tao na nag-iisip na maaari niyang baguhin ang kaniyang pasya sa darating na panahon kung sakali na hindi sila magiging masaya sa kanilang pag-aasawa? Ano ang nagagawa ng lubusang pagtatalaga ng sarili—kapag ang tao ay naniniwalang permanente ang kanyang pag-aasawa?

**Ang Biblikal na pag-aasawa ay ang lugar para sa Paglikha: *Procreation.***

"Masdan nyo, ang mga anak ay pamana mula sa PANGINOON, ang bunga ng sinapupunan ay isang gantimpala" (Awit 127:3).[22]

Ang mga bata ay regalo mula sa Dios. Nguni't sa isang banda, sila rin ay regalo ng mga magulang *sa* Dios. "Hindi ba't nilikha ka ng PANGINOON na kaisa ng iyong asawa? Sa katawan at sa espiritu ikaw ay sa kanya. *At ano nga ang nais niya? Mga anak na makaDios mula sa inyong pagsasama.* Kaya't bantayan mo ang iyong puso; manatili kang matapat sa asawang babae ng iyong kabataan" (Malakias 2:15).[23]

May mga tao na mas ginugusto ang paraan ng pamumuhay na walang kasamang mga bata, ngunit itinuturo ng Biblia na nalulugod ang Dios kapag ang mga magulang ay nagtataglay ng maka-Dios na mga anak.

Mahalagang pansinin na hindi lamang ang pagkakaroon ng anak ang nais ng Dios, kundi mga maka-Dios na mga anak. Tinawag ng Dios ang mga magulang upang turuan ang kanilang mga anak upang sumunod kay Kristo.

**Ang pag-aasawang Biblikal ay para kay Cristo.**

Sa Efeso 5:30-32, inihayag ng Banal na Espiritu ang mas malalim na kahulugan ng pag-aasawa, na nakatago hanggang sa pagdating ni Hesus. Ang pag-aasawa ay isang larawan sa sangkatauhan –isang repleksiyon—ng relasyon sa pagitan ni Kristo at ng kanyang Iglesya.

---

[22]*English Standard Version*
[23]*New Life Version,* idinagdag ang pagbibigay-diin.

Sinimulan ni Pablo ang bahaging ito sa pamamagitan ng paghikayat sa mga Kristiyano upang "Mapuspos kayo ng Espiritu" (Efeso 5:18). Sa kontekstong ito nag-aalok ang Espiritu ng mga sumusunod na tagubilin tungkol sa pag-aasawa:

**Ang asawang babae na puspos ng Espiritu** ay *magpapasakop* sa kanyang asawang lalaki (ang kanyang "ulo"), "sa Panginoon," sa parehong paraan na ang mga Kristiyano ay nagpapasakop kay Hesus (Efeso 5:24, 32; tingnan din ang 1 Pedro 3:1), sagayun nagpapakita ng reberensiya (paggalang) kay Hesus at sa kanyang asawang lalaki.

Mahalaga para sa bawa't asawang babae na manatili "ang Panginoon" sa kanyang isipan sa kanyang pagpapasakop. Sa kanya at para sa kanya kung kaya't siya ay nagpapasakop at hindi lamang para sa kanyang asawang lalaki. Ang kanyang paningin ay nakay Hesus, na siyang nag-iisang walang kapintasan. Ang kusang-loob na pagpapasakop ng asawang babae sa kanyang asawang lalaki ay isang paraan ng pagsamba kay Hesus.

Ang pagpapasakop ayon sa Biblia, katulad ng pag-ibig, ay hindi mapipilit. Ang Biblikal na pagpapasakop ay isang *regalo* na ibinibigay ng mga asawang babae sa kanilang asawang lalaki bunga ng kanilang paggalang *para kay Kristo* (Efeso 5:33). Ang pagpapasakop sa "lahat ng bagay" (maliban sa nagiging banta sa kanyang kalusugan o nagkokompromiso sa kanyang relasyon kay Hesus), ay isang paraan ng pagsamba kay Hesus.

Ang pagpapasakop ng asawang babae sa kanyang asawang lalaki ay *isang kilos ng paggalang* (talatang 33) para sa kanya, bilang bahagi ng buhay na puspos ng Espiritu (5:18-21). Ang karangalang ito na nagmumula sa isang "mapagpakumbaba at maamong espiritu" ay napakahalaga sa paningin ng Dios (1 Pedro 3:4).

**Ang asawang lalaki na puspos ng Epiritu** ay *magmamahal* sa kanyang asawang babae tulad ng pagmamahal ni Hesus sa kanyang Iglesya (Efeso 5:25). Dapat siyang mahalin ng asawang lalaki kung paanong minamahal niya ang kanyang sariling katawan (talatang 28-29). Dapat niyang ipakita ang parehong puspos ng Espiritu na pagsasakripisyo ng sarili tulad ng ipinakita ni Hesus sa kanyang Iglesya noong "ibinigay Niya ang kanyang sarili para dito." Ito ang kanyang paraan ng "pagpapasakop" (Efeso 5:21). Ganito ang sinabi ng isang *commentator:*

> At kung paanong ibinigay Niya (ni Hesus) ang kanyang sarili upang magdusa sa krus upang iligtas ang Iglesya, gayundin naman dapat tayong maging handang itakwil ang ating sarili at tiisin ang hirap at pagsubok, upang maisulong natin ang kaligayahan ng asawang babae. Tungkulin ng asawang lalaki na magsikap para suportahan ang babae; magkaloob ng kanyang mga pangangailangan; ipagkait sa sarili ang pahinga at ginhawa, kung kinakailangan, upang tulungan siya kung siya ay maysakit; mauna sa kanya kung may panganib; ipagtanggol siya kung siya ay nasa peligro; pagpasensiyahan siya kung siya ay nayayamot; manatiling kasama niya kung inilalayo niya siya; manalangin nang kasama niya kapag siya ay nasa espirituwal na panganib; at maging handang mamatay upang iligtas siya. Bakit hindi ito dapat mangyari? Kung nawasak ang kanilang barko, at iisa lamang ang tabla na maaaring

> makapagligtas, hindi ba dapat siyang maging handang ilagay ang asawang babae doon, at tiyakin ang kanyang kaligtasan at hindi alintana ang mga panganib para sa kanya? Ngunit mayroon pang dagdag rito… dapat maramdaman ng asawang lalaki na dapat ang pinakamalaking layunin ng kanyang buhay ay ang hanapin ang kaligtasan ng kanyang asawang babae. Dapat niyang maibigay sa kanya ang lahat ng kanyang kakailanganin para sa kanyang kaluluwa… At dapat niyang ipakita ang halimbawa; ang payuhan siya kung kinakailangan niya ng payo; at gawin ang daan ng kaligtasan na hanggat maaari ay maging madali para sa kanya. Kung taglay ng asawang lalaki ang Espiritu at pagtanggi-sa-sarili ng Tagapagligtas, hindi niya aariing napakalaki ng anumang sakripisyo kung kanyang isusulong ang kaligtasan ng kanyang pamilya.[24]

Dapat hanapin ng asawang lalaki ang kadalisayan ng kanyang asawang babae kung paanong dinadalisay ni Kristo ang kanyang asawang babae, ang Iglesya, "..upang Kanyang mapaging-banal at malinis... [at] iharap siya sa Kanyang Sarili ang isang maluwalhati (*napakaganda*) Iglesya na walang mantsa o kulubot o anumang kagaya nito" (Efeso 5:26-27).

Sa sinaunang panahon ang mga babaeng asawa ng mga monarkiya ay pisikal na dinadalisay gamit ang mamahaling mga gamit pampaganda—"anim na buwan ng langis o myrrh, at anim na buwan ng mababangong mga sangkap, at iba pang mga bagay para sa pagpapadalisay sa kababaihan" (tingnan ang Esther 2:12ff). Sa ganitong paraan inihahanda ang isang birhen para sa kanyang asawang lalaki.

Sa espirituwal na kahulugan, ang asawang lalaki ay dapat magkaloob ng lahat ng paraang kinakailangan para sa paglago ng kanyang asawang babae—katapatan, pag-ibig na walang kundisyon, pang-unawa, panalangin, pagpapayo, pagtuturo at kabutihang loob.

Kapag tinatrato ng asawang lalaki ang kanyang asawang babae sa gayung uri ng pag-ibig, siya ay masusuklian ng kaligayahan. Sinasabi ni Pablo, "Siya na umiibig sa kanyang asawang babae ay umiibig sa kanyang sarili" (Efeso 5:28). Ang mga asawang lalaki na umiibig sa kanilang mga asawang babae sa paraang nagsasakripisyo ng sarili ay higit na babayaran ng Panginoon, at mas malamang sa pamamagitan ng paggalang, pagmamahal at katapatan ng kanyang asawang babae.

► Ano ang mga espesipikong bagay na dapat gawin ng asawang lalaki upang magbigay ng suportang espirituwal sa kanyang asawang babae?

## Mga Paraan Kung Paano Mapatitibay ng Mag-asawa ang Kanilang Pagsasama

### (1) Dapat nilang ipagdiwang ang orihinal na disenyo ng Dios at bigyang halaga ang kanilang mga natatanging tungkulin sa loob ng pag-aasawa.

---

[24]Albert Barnes, *Commentary on Ephesians*, (Kabanatang Lima)

Dapat tandaan ng mga asawang lalaki na ang kanilang mga asawang babae ay regalo mula sa Dios at isang "perpektong counterpart," at ihandog ang kanyang buhay para sa kanyang seguridad at espirituwal, emosyonal at pisikal na kalakasan. Dapat niyang piliing magpasalamat para sa kanya at mahalin siya kahit na hindi siya karapat-dapat, natatanto na ang Dios lamang ang makababago sa mga bagay na dapat mabago sa kanya. Pararangalan ng Dios ang kanyang pagsunod at pananampalataya.

Dapat igalang ng asawang babae ang pinili ng Dios na kanyang asawang lalaki bilang kanyang ulo, ipakita sa kanya ang respeto sa lahat ng paraang magagawa niya, at igalang ang kanyang pagiging tagapanguna. Dapat niyang piliin ang pagpapasakop kahit nakakagawa ito ng mga pagkakamali at hindi karapat-dapat, ipinapanalangin sa Dios na baguhin kung ano ang dapat baguhin sa kanya. Pararangalan ng Dios ang kanyang pagsunod at pananampalataya.

**(2) Ang mag-asawang ikinasal ay dapat linangin ang tunay na espirituwal at physical na pagkakalapit/intimacy.**

Dapat nilang sikapin na *makilala* ang isa't-isa nang walang takot, pamimintas, paghahambing sa iba, pag-abuso, kahalayan, pagbibigay-kasiyahan sa sarili o pagbababa ng karangalan. Dapat silang mamuhay nang walang itinatago at may integridad sa harap ng Dios at sa isa't-isa.

**(3) Ang mag-asawang ikinasal ay dapat sumunod sa halimbawa ng biyaya ng Dios kapag sila ay nabibigong makaabot sa mga inaasahan.**

Nang mahulog sa kasalanan sina Adan at Eba at nakaramdam ng kahihiyan at pagsisisi, ipinahayag ng Dios ang kanyang kapangyarihan upang tubusin ang kanilang mga kamalian. Isinakripisyo ng Dios ang isang hayop upang gumawa ng damit para kina Adan at Eva para ipantakip sa kanilang kahubaran (Genesis 3:21). Ang mapagmahal na pagkilos na ito ng Dios ay larawan ng biyaya at pangako ng Dios na pagtubos sa pamamagitan ni Kristo. Ang damit sa pamamagitan ni Kristo ang nagbigay kakayahan sa kanila, at sa atin, na patawarin at mapanumbalik. Sa pamamagitan ni Kristo ang mga ikinasal na mag-asawa ay makababalik sa walang pagkahiyang malapit na kaugnayan maging kahit matapos na sila ay mabigo at magkasala.

## Ang Halimbawa ni Hesus na Paggalang Para sa Kababaihan

Ang mga kababaihan ay itinuturing na mas mababa kaysa sa kalalakihan sa mundo ng mga Romano sa unang siglo at sa Judaismo. Ang mababang pananaw sa kababaihan ay nananatili pa rin sa maraming kultura sa buong mundo, at sa maraming mga tahanan. Hindi nirerespeto ang mga babae, ginagamit bilang mga kagamitang seksuwal, at inaabuso. Subali't ang mataas na pagtingin ni Hesus sa mga babae ang dapat magsibling halimbawa para sa atin.

Para kay Kristo, ang kababaihan ay may likas na dignidad at kahalagahan na kapantay ng mga kalalakihan. Sinabi ni Hesus, "...at sa pasimula ang Manlilikha ay 'ginawa silang lalaki at babae'" (Mateo 19:4; Genesis 1:27). Ang kababaihan ay nilikha sa imahen ng Dios na katulad rin ng mga lalaki. Tulad ng kalalakihan, sila ay may kamalayan-sa-sarili, pansariling kalayaan, nagtataglay ng pansariling determinasyon, at personal na reponsibilidad para sa kanilang mga ikinikilos. Kinilala ni Hesus ang kababaihan bilang nilikhang kapwa tao.

Ang mga tagasunod ni Hesus ay nahahati sa dalawang kasarian, lalaki at babae. Ang mga kababaihan ay tinitingnan ni Hesus bilang tunay na mga tao, hindi lamang simpleng pinagtutuunan ng pagnanasa ng kalalakihan. Tinitingnan Niya sila bilang mga taong dahilan ng kanyang pagparito sa mundo.

Si James Borland, kasama ni John Piper at Wayne Grudem, ay nag-aalok ng malilinaw na halimbawa ng mataas na pagtanaw ni Hesus sa kababaihan at kanyang respeto para sa kababaihan tulad ng natatagpuan sa apat na Ebanghelyo.

**(1) Regular na tinutukoy ni Hesus ang mga babae habang nasa harap ng mga tao.**

Ito ay hindi karaniwang gawain para sa isang lalaki sa panahon ni Hesus (Juan 4:27). Namangha ang mga disipulo nang makita nila si Hesus na nakikipag-usap sa babaeng Samaritana sa balon ng Sicar (Juan 4:7-26). Malaya rin siyang nakipag-usap sa babaeng nahuling nangangalunya (Juan8:10-11). Itinala ni Lucas na sa harap ng mga tao ay nakipag-usap si Hesus sa balo ng Nain (Lucas 7:12-13), ang babaeng dinudugo (Lucas 8:48;Mateo 9:22; Marcos 5:34), at sa isang babae na tumawag sa kanya mula sa karamihan ng mga tao (Lucas 11:27-28). Kinausap ni Hesus ang isang babaeng nakuba sa loob ng labingwalong taon (Lucas 13:12) at sa grupo ng kababaihan sa daan patungo sa krus (Lucas 23:27-31).

**(2) Ipinakita ni Hesus ang kanyang respeto at mataas na paggalang sa kababaihan sa pamamagitan ng *paraan* ng kanyang pakikipag-usap sa kanila.**

Nagsalita Siya sa maalalahanin, makalingang paraan. Itinala nina Mateo, Marcos at Lucas na kinausap ni Hesus ang babaeng dinudugo bilang isang "anak na babae" at tinukoy ang babaeng kuba bilang isang "anak na babae ni Abraham" (Lucas 13:16). Sa kanyang pagtawag sa kanila na "mga anak na babae ni Abraham" inilalagay sila ni Hesus sa pantay na kalagayang espirituwal sa mga "anak na lalaki ni Abraham."

**(3) Ipinakikita ni Hesus ang likas na halaga ng kababaihan sa pamamagitan ng *personal na pananagutan* sa kanilang mga kasalanan.**

Ito ay makikita sa kanyang pakikipag-usap sa babae sa balon (Juan 4:16-18), ang babaeng nangangalunya (Juan 8:10-11), at ang babaeng makasalanan na nagbuhos ng langis sa kanyang mga paa (Lucas 7:44-50). Hindi niya ipinagwalang-bahala ang kanilang kasalanan sa halip hinarap ang mga ito. Ang kanyang ginawa ay nagpapakita na ang bawat isang babae ay mayroong pansariling kalayaan, may pananagutan sa kanyang sariling mga

pagpili, at dapat personal na harapin ang mga usapin ng kasalanan, pagsisisi, at kapatawaran.

### Paano Dapat Gumabay sa Kasalukuyang Iglesya ang Pagpapahalaga ni Hesus sa Kababaihan

Ang ideyal na *gampanin* ng kababaihan sa ministeryo at tahanan ayon sa Biblia ay tinatalakay sa maraming iglesya at denominasyon sa kasalukuyan, ayon sa nararapat dito, gayunman ang *halaga at pagkakapantay-pantay* ng kababaihan bilang mga tao na nilikha sa imahen ng Dios ay *hindi kailanman* dapat tanungin.

Patuloy na ipinakita ni Hesus ang halaga at dignidad ng kababaihan bilang mga tao. Inatasan ni Hesus ang mga kababaihan bilang unang nagbalita tungkol sa kanyang muling pagkabuhay (Juan 20:17). Pinahalagahan niya ang kanilang pakikipag-ugnayan, pananalangin, Kristiyanong paglilingkod, suportang pinansiyal, patotoo at pagsaksi. Pinarangalan ni Hesus ang kababaihan, tinuruan ang kababaihan at nagministeryo sa kababaihan sa mga mapag-alalang paraan.

### Paggalang sa Kababaihan na Ipinakita sa Bagong Tipan

Ang halimbawa ni Hesus ng paggalang sa kababaihan ay nakita sa buhay ng Banal na Espiritu. Sa Araw ng Pentekostes, ang Banal na Espiritu ay ibinuhos kapwa sa "mga anak na lalaki at anak na babae," at ("aliping lalaki at aliping babae") "lalaking tagapaglingkod at babaeng tagapaglingkod" (Mga Gawa 2:17). Walang itinatangi ang Banal na Espiritu.

Sa Roma 16, pinuri ni Pablo ang isang babaeng nagngangalang Phoebe bilang isang "lingkod ng iglesya" (talatang 1), kapwa sina Priscila at Aquila bilang kanyang "kamanggagawa kay Kristo Hesus na naglagay sa panganib sa kanilang mga buhay para sa aking buhay" (talatang 3-4),[25] si Maria bilang isang "nagtrabaho nang mabuti" (talatang 6),[26] si Junia bilang isang "kilalang-kilala ng mga apostol" (talatang 7), at iba pang mga babae.

Sa 1 Tesalonica, pinarangalan ni Pablo ang dinisenyo ng Dios na tulad ng isang pagmamahal ng isang ina at kalambingan ng mga babae nang kanyang isulat, "Ngunit kami ay banayad sa inyo, kung paanong ang isang inang nag-aalaga ay nagmamahal sa kanyang sariling mga anak" (1 Tesalonica 2:7). Sa Efeso, inuutusan niya ang mga asawang lalaki na mahalin ang kanilang mga asawang babae, "kung paanong minahal ni Kristo ang Iglesya at ibinigay ang kanyang sarili para dito," at "katulad ng kanilang sariling katawan" (Efeso 5:25, 28). Nakiki-usap si Pedro sa mga asawang lalaki upang, "mamuhay kasama nila nang may pang-unawa, binibigyang karangalan ang asawang babae…" (1 Pedro 3:7).

Malinaw, ang mga kababaihan ay itinuturing na mahalaga sa Unang Iglesya, at ang mga kalalakihan ay tinuruan na maging magalang sa kababaihan. Panahon na upang ang mga tagapangunang espirituwal sa lahat ng lugar ay manindigan para sa kababaihan at tumindig

[25]*English Standard Version*
[26] Ibid.

laban sa maling pagtrato sa kanila sa bawat kultura. Panahon na upang ating bigyang halaga ang kababaihan bilang mga taong natatangi ang disenyo mula sa kanilang Manlilikha ayon sa kanyang wangis. Anumang katuruan tungkol sa pagkakaiba-iba ng tungkulin ng babae at lalaki sa Iglesya o tahanan ay dapat magsimula sa ganitong pundasyon, o ang ating pagtuturo ay magiging daan para sa pag-abuso.

## Konklusyon

Ang pag-aasawa ay nilikha ng Dios, hindi ng tao. Samakatuwid, dapat tayong magtungo sa Dios para sa alituntunin, hindi sa mundo o sa kultura. Siya lamang ang nakakaalam kung paano gagawing malakas, nananatili at kapaki-pakinabang ang ating pag-aasawa. Ngunit hindi tayo kailanman magiging mga kabiyak na dapat maging tayo, kung wala ang Banal na Espiritu!

## Para sa Pagtatalakayan ng Grupo

► Ipaliwanag ang mga prinsipyo na dapat ituro ng iglesya upang patibayin ang buhay-mag-asawa. Anong pang-unawa ang karaniwang kulang sa inyong kapaligiran?

► Paano naiiba ang pagtrato sa kababaihan kumpara sa mga kalalakihan sa inyong kultura?

► Paano naiiba ang pagtrato sa kababaihan kumpara sa kalalakihan sa mga iglesya sa inyong bansa? Mayroong bang pagkakaiba sa pagitan ng mga iglesya at sa kultura?

► Batay sa halimbawa ni Hesus, anong mga kaugalian ang dapat magbago?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa pagbibigay sa amin ng kahanga-hangang regalo ng pag-aasawa. Tulungan mo po kami na italaga ang sarili na kinakailangan upang maranasan ang pag-aasawa sa paraang ayon sa plano mo.

Tulungan mo po kaming ipakita ang pag-ibig na katulad ng pag-ibig sa pagitan ni Kristo at ng Iglesya.

Tulungan mo po kaming lumampas pa sa ipinapalagay ng aming kultura sa aming respeto sa isa't isa.

Salamat po sa pagkilos ng Banal na Espiritu na ginagawang posible ang maligaya at matibay na mga relasyon.

Amen

## Leksiyon 6 Mga Takdang Aralin

(1) Ilarawan sa sulat ang pagkakaiba sa pagitan ng kababaihan at kalalakihan na ginagawa sa inyong kultura. Paano mababago ang mga pagkakaibang iyon sa pamamagitan ng maingat na paglalapat ng katotohanan ayon sa Biblia?

(2) Pumili ng dalawang prinsipyo na bago para sa iyo mula sa leksiyong ito. Sumulat ng isang parapo na nagpapaliwanag sa bawat isa sa pamamagitan ng iyong sariling mga salita.

(3) Maghanda ng maikling presentasyon sa isa sa mga paksang nakalista sa ibaba. (Itatakda ng tagapanguna sa klase ang isang paksa sa bawat mag-aaral). Ibahagi ang presentasyon sa simula ng susunod na oras ng klase.

- Ang disenyo ng Dios tungkol sa pag-iisang dibdib sa buhay-mag-asawa
- Mga Biblikal na hangarin sa pag-aasawa
- Mga paraan upang mapatibay ang inyong buhay-mag-asawa
- Ang pananaw sa kababaihan ayon sa Biblia
- Mga tungkuling ibinigay ng Dios sa pag-aasawa at ang kahalagahan ng pagiging puspos sa Espiritu upang matupad ang mga tungkuling iyon.

# Leksiyon 7
# Ang Kabanalan ng Pag-aasawa

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Nauunawaan ang plano ng Dios sa pag-aasawa at ang mga panuntunan sa pag-aasawa na nangangalaga dito mula sa mga suliranin at nagbibigay ng mga pagpapala.

(2) Ipaliwanag ang mga direksiyon mula sa Biblia para sa mga pamilya.

## Si Robertson McQuilkin, Isang Tumutupad sa Pangako

Si Dr. Robertson McQuilkin ay naglingkod bilang isang misyonero sa Japan sa loob ng labindalawang taon. Nang lumaon siya ay naging presidente ng Columbia International University. Kilala siya bilang isang manunulat, isang tagapagsalita, at tagapagturo. Ang kanyang asawang si Muriel ay nagkasakit ng Alzheimer's disease. Nang lumala ang sakit hanggang sa ang kundisyon ni Muriel ay nangailangan na ng patuloy na pangangalaga, nag-resign si Dr. McQuilkin sa pagiging presidente ng unibersidad upang alagaan ang kanyang asawa. Sinabi niya na tinutupad lamang niya ang pangako na kanyang ginawa sa kanya nang sila ay ikasal. Naniniwala siya na ang pag-aalaga sa kanyang asawa ay mas mahalaga kaysa manatili sa kanyang posisyon bilang presidente ng unibersidad.

## Ang Institusyon ng Pag-aasawa Ayon sa Dios

Ang pag-aasawa ay itinatag ng Dios para sa unang lalaki at babae na kanyang nilikha.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Genesis 2:21-24 para sa grupo. Ano ang sinasabi sa atin ng mga talatang ito tungkol sa pag-aasawa?

Ang pag-aasawa ay idinisenyo ng Dios na eksakto sa kinakailangan ng tao. Idinisenyo ito eksakto para sa kalikasan ng tao. Sa lahat ng bagay na idinisenyo ng Dios at sa lahat ng bagay na hinihingi niya, lagi niyang ninanais kung ano ang pinakamabuti para sa atin.[27] Nalalaman ng Dios na ang kanyang plano para sa pag-aasawa ay magbibigay sa bawat kabiyak ng pinakamabuting emosyonal, relasyonal at espirituwal na kabutihan.

Ang pag-aasawa ay idinisenyo rin upang sumalamin sa katauhan ng Dios at sa kanyang mga relasyon. Ang Dios Ama, ang Dios Anak, at ang Dios Espiritu Santo ay namamalagi at mananatiling magkakaugnay sa isa't-isa. Ang bawat isa ay natatangi sa kanyang tungkulin, ngunit ang lahat ng Persona ng Trinidad ay permanenteng Iisa at may Isa lamang ang pinakadiwa. Sa relasyon sa pagitan ng mga Persona ng Trinidad, nakikita natin ang

[27] Deuteronomio 6:24

pagkakaisa, pagkakalapit-lapit, katapatan, at nananatiling pagmamahal. Ang Biblikal na pag-aasawa ay inihahalintulad sa kahanga-hangang relasyong ito. Ang plano ng Dios para sa bawat asawang lalaki at babae na maging dalisay sa kanilang pag-ibig at nakatalaga habang-buhay sa isa't-isa.

Sinabi ng Dios na sa pag-aasawa ay iiwan ng lalaki at babae ang kanilang mga magulang at sila ay magsasama. Inilalagay ng pag-aasawa ang dalawang tao sa isang pagkakaibigan at pagiging kabiyak na mas matibay at mas malapit kaysa alinmang kaugnayan ng mga tao.

Ang pag-aasawa ay hindi lamang dalawang taong magkasama sa isang limitadong samahan. Ang kanilang mga buhay ay pinagbuklod na upang sa isang kahulugan sila ay katulad na ng iisang persona. Ito ay hindi pagbubura ng kanilang pansariling personalidad, kundi isang espesyal na pagiging iisa.

## Ang Pagiging Permanente ng Pag-aasawa

Idinisenyo ng Dios ang pag-aasawa upang maging permanente. Sa pag-aasawa ay nangangako ang isang lalaki at isang babae na maging matapat sa isa't-isa hangga't nabubuhay silang dalawa.

Itinala ng Biblia ang mga salita ni Hesus tungkol sa pag-aasawa, na binigkas sa isang pakikipag-usap sa mga Pariseo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 19:3-8 para sa grupo.

Sinabi ni Hesus na layunin ng Dios na ang pag-aasawa ay maging permanente. Sinabi niya na ang paghihiwalay ay itinatag para sa mga taong hindi sumusunod sa Dios.

Maraming dahilan kung bakit idinisenyo ng Dios na maging permanente ang pag-aasawa, na ang ilan ay tinalakay na natin sa huling seksiyon. Ang isa pang dahilan kung bakit dapat permanente ang pag-aasawa ay para sa kapakanan ng mga anak. Ang pagsunod sa plano ng Dios sa pag-aasawa ay lumilikha ng pinakamabuting kapaligiran para sa pagpapalaki sa mga anak. Habang pinararangalan ng mga magulang ang Dios sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga prinsipyo sa kanilang pag-aasawa at pamilya, makapagpapalaki sila ng mga makaDios na mga anak.[28]

Idinisenyo ng Dios ang buhay ng tao sa paraang kailangan ng mga bata ng ilang taon upang lumaki at magkaroon ng sapat na gulang. Sa panahong ito, ang mga anak ay nakadepende sa mga magulang para sa proteksiyon, mga pangangailangan, at pagsasanay. Ito ay naiiba sa mga hayop na lumalaki at nagiging sapat ang gulang sa loob ng isa o dalawang taon lamang. Nangangailangan ang mga tao ng mas mahabang panahon upang makapagpaunlad ng may gulang na katauhan. Idinisenyo ng Dios ang pamilya bilang paraan ng pagpapalaki

[28] Malakias 2:15

sa mga anak. Marami sa mga suliranin sa lipunan ay nagmula sa kawalan ng pamilyang mayroong matatapat na mga magulang.

Ang pag-aasawa ay nangangailangan ng mga tao na mangangako na italaga ang kanilang buong buhay para sa isa't-isa. Ang bawat kultura ay may mga anyo at isang seremonya upang ipakita na ang pag-aasawa ay isang seryosong pagtatalaga ng sarili. Ang seremonya ay isang paraan para sa isang lalaki at isang babae upang ipahayag sa publiko na ginagawa nila ang isang buong buhay na pagtatalaga ng sarili.

Karamihan sa mga pamahalaan ay nag-iingat ng mga tala ng pag-aasawa. Ang mga batas patungkol sa pag-aasawa ay nakakaapekto sa pagmamay-ari ng mga ari-arian, ang pangangalaga sa mga anak, at pagmamana.

Narito ang isang halimbawa ng pangako sa kasal na ginamit na sa maraming kasal:

> Tinatanggap kita na maging akin asawa [asawang lalaki/asawang babae], upang ariin at ingatan, mula sa araw na ito, sa mabuti, o sa masama, sa kasaganahan o paghihirap, sa karamdamanan at sa kalusugan, upang mahalin at ingatan, hanggang paghiwalayin tayo ng kamatayan, ayon sa banal na kautusan ng Dios; at sa gayun ipinapangako ko ang aking sarili sa iyo.

Ang romantikong mga pakiramdam ay hindi mananatiling hindi nagbabago sa lahat ng panahon. Ang pag-aasawa ay hindi maibabatay sa mga pakiramdam na nagbabago. Ang mga pangako sa kasal ay nangangahulugan na ang isang lalaki at isang babae ay nangangako na magiging matapat sa isa't-isa habang sila ay nabubuhay, at ang pangakong iyon ay hindi depende sa anumang kundisyon.

## Ang Pag-aasawa Bilang Isang Kristiyanong Samahan

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 2 Corinto 6:14-18 para sa grupo.

Sinasabi sa atin ng mga talatang ito na ang pagtatalaga ng sarili ng isang Kritiyano ay nahahadlangan kung sobra ang lapit ng kaniyang koneksiyon sa mga hindi mananampalataya. Kung paanong ang isang Kristiyano ay hindi makakasamba kasama ng isang sumasamba kay Satanas, hindi siya makasusunod sa paraan ng pamumuhay at mga prayoridad ng mga hindi mananampalataya. Ang babala ay maaaring ilapat sa iba't-ibang uri ng relasyon, kabilang ang mga pakikipagsosyo sa negosyo.

Ang pag-aasawa ang pinakamalapit na pakikisama ng mga tao. Ang isang Kristiyano ay hindi dapat mag-isip na mag-asawa ng isang hindi matapat na Kristiyano (1 Corinto 7:39). Ang isang Kristiyano na may asawang hindi mananampalataya ay makararanas na labis na kapighatian at maraming hadlang sa pagpapalaki sa mga anak at sa mga pagpapasiya patungkol sa paraan ng pamumuhay.

Kung ang mag-asawa ay kapwa Kristiyano ngunit nanggaling sa magkaibang iglesya, dapat nilang tiyakin na sila ay magkatugma sa mahahalagang usaping espirituwal. Dapat nilang iplano na maging bahagi ng iisang lokal na iglesya pagkatapos na sila ay makasal.

► Bakit nagsisimula ang pag-aasawa sa mga pangako at hindi lamang simpleng pangungusap ng pag-ibig?

## Ang Moral na Pamantayan ng Dios

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Hebreo 13:4 para sa grupo.

Sinasabi ng talatang ito sa atin na ang pag-aasawa ay dapat binibigyan ng mataas na paggalang. Ang kasalanang seksuwal ay kawalang-galang sa pag-aasawa. Hahatulan ng Dios ang seksuwal na imoralidad.

Kabilang sa mga kasalanang seksuwal ang pakikipagtalik nang hindi kasal, pangangalunya, gawaing homosexual, at paggamit ng pornograpiya. Ang pakikiapid ay gawaing seksuwal sa pagitan ng dalawang taong hindi kasal. Ang pangangalunya ay gawaing seksuwal na kahit ang isa lang sa dalawang tao ay kasal sa iba. Ang homoseksuwal na gawain ay gawaing sekswal sa pagitan ng dalawang tao na pareho ang kasarian. Kabilang sa pornograpiya ang mga sulat, larawan, at video na nakadisenyo upang makalikha ng reaksiyong seksuwal sa pagpapakita ng kahubaran o gawaing seksuwal. Ang lahat ng ito ay paglabag sa relasyon sa buhay-mag-asawa.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 6:9-10 para sa grupo.

Ang bawat lipunan ay may pangkulturang pananaw sa mga pakikipag-ugnayan ng mga lalaki at babae. Ang mga pangkulturang pananaw na ito ay may mas mababang pamantayan kaysa sa mga pamantayan ng moralidad ayon sa Biblia. Maraming kultura ang mayroon lamang mga batas na kinakailangan upang mapanatili ang isang maayos na lipunan. Hinahayaan lamang nila ang seksuwal na kasalanan kung ito ay maingat na nagagawa na sapat upang makaiwas sa masasamang bunga nito o eskandalo. Iba ang pamantayan ng moralidad ayon sa Biblia.

Nakakalungkot, may mga iglesya na sinusunod ang moralidad ng kanilang kultura sa halip na ang moralidad ayon sa Biblia. Pinarurusahan nila ang mga taong ang kasalanan ay nagiging lantad at walang ingat, ngunit kinukunsinti nila ang parehong mga kasalanan ng mga taong nagiging mas maingat.

Sinasabi sa atin ng mga talatang ito na ang mga taong gumagawa ng mga kasalanang ito ay hindi mga Kristiyano at hindi makakapunta sa langit. Ang ilan sa mga mananampalatayang taga-Corinto ay nakagawa ng kasalanang ito sa nakalipas na panahon ngunit nailigtas na mula sa mga ito.

Anumang doktrina na nagbibigay katwiran sa alinman sa mga kasalanang ito para sa isang taong nagpapahayag na siya ay Kristiyano ay isang maling doktrina. Kung tinatawag ng

isang tao ang kanyang sarili na Kristiyano gayunman ay gumagawa pa rin ng kasalanang seksuwal, ang iglesya ay inuutusan ng Kasulatan na alisin siya mula sa iglesya at huwag siyang ituring na isang Kristiyano (1 Corinto 5:11-13).

Dapat magpakita ng mabuting halimbawa ng kaugalian ang mga tagapanguna sa iglesya. Kapag pinahihintulutan ng iglesya ang mga tagapanguna sa pagsamba na magdamit nang malaswa o hayaan ang mga mapang-akit na anyo ng sayaw sa iglesya, ipinahihiwatig nila na ang mga pagnanasang malaswa ay normal. Ipinahihiwatig nila na ang seksuwal na kasalanan ay hindi seryoso.

Ang mga istilo ng pananamit ng isang lipunan ay maaaring magpahiwatig na ang isang babae ay hindi sapat ang bihis malibang siya ay nakadamit upang magmukhang seksuwal na kaakit-akit sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga bahagi ng kanyang katawan. Kung minsan nahuhulog sa pagkakamaling ito ang ilang miyembro ng iglesya, lalo na kapag espesyal ang okasyon. Iniisip nilang kulang ang kanilang bihis maliban kung susundin nila ang uso o moda ng kanilang lipunan. Dapat ituro ng iglesya na ito ay mali. Ang isang Kristiyano ay hindi dapat magnais na lumikha ng maling pagnanasa sa iba. Sinasabi sa atin ng 1 Timoteo 2:9-10 na ang mga Kristiyano ay dapat manamit at kumilos sa paraang malalaman ng sinumang makakikita sa kanila na sila ay namumuhay ng maingat, dalisay na buhay at hindi nagnanais na magkasala o maging dahilan upang ang iba ay magkasala. Ang kababaihang Kristiyano ay dapat "…gayakan ang kanilang sarili sa kagalang-galang na gayak, may kahinhinan at pagpipigil sa sarili…"[29]

**Tulong Para sa Makasalanan**

Sinasabi ng Galacia 6:1 na ang iglesya ay may tungkulin na sikapin na mapanumbalik ang isang miyembro na nagkasala. Hindi ito nangangahulugan na ang isang tao ay dapat manatili sa isang posisyon sa ministeryo o agad na maibalik sa posisyon sa ministeryo pagkatapos na siya ay magkasala. Ang pagpapanumbalik ay nangangahulugan na muling tanggapin sa pakikisama at pangangalaga ng iglesya. Kung ang miyembro ay tunay na nagsisisi, siya ay pinatatawad ng Dios at ng iglesya. Ang iglesya ay dapat magbigay ng espirituwal na pananagutan upang tulungan siya na mapanatili ang tagumpay at maging malakas sa espirituwal.

Kapag ang isang babaeng hindi kasal ay magbuntis, hindi siya dapat alisin/itiwalag sa pakikisama at pangangalaga ng iglesya nang hindi tinatangka ang pagpapanumbalik sa espirituwal. Kung siya ay magsisisi at magpapasakop sa espirituwal na pananagutan, siya ay patatawarin. Ang kanyang kasalanan ay hindi mas malala kaysa sa kasalanan ng lalaking kasangkot. Kung minsan ang babae ay tinatrato nang mas malubha sa simpleng dahilan na sobrang lantad ang resulta ng kanyang kasalanan.

Ang iglesya ay isang pamilya ng pananampalataya. Hindi sapat para sa iglesya na hatulan ang kasalanan. Dapat pangalagaan ng iglesya ang kanyang mga miyembro. Halimbawa,

---

[29]*English Standard Version*

kung ang babae ay sinusuportahan sa pinansiyal sa pamamagitan ng makasalanang pamamaraan, hindi lamang siya dapat sabihan ng iglesya na ang kanyang ginagawa ay mali, gayundin dapat maging handa ang iglesya na siya ay tulungan sa kanyang mga pangangailangan kung siya ay magsisisi.

*Isang tunay na sitwasyon……*

Ilang kabataang babae ang dumadalo sa isang malaking iglesya at umaawit sa koro. Mahihirap lamang ang kanilang mga pamilya. Mayroong imoral na mga relasyon ang mga kabataang babaeng ito sa mga lalaki upang kumita ng pera para matulungan ang kanilang mga pamilya. Ano ang dapat gawin ng iglesya sa ganitong sitwasyon?

► Ano ang dapat gawin ng inyong iglesya upang tulungan ang mga tao na iwan ang makasalanang paraan ng pamumuhay?

**Pornograpiya**

Ang pornograpiya ay mga babasahin, mga larawan, o video na idinesenyo upang maging dahilan ng seksuwal na reaksiyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabuharan o seksuwal na aktibidad.

Ginagawa ng internet na maging madaling makita ang pornograpiya sa buong mundo. Ang malawakang paggamit ng teknolohiya ay ginagawang tukso ang pornograpiya para sa mga taong hindi naturuang ilapat ang mga prinsipyong Kristiyano sa usapin. Maraming may gulang na mga pastor at tagapanguna ang hindi kailanman naharap sa mga tuksong iyon dahil wala pa ang internet noong kanilang kabataan. Maaaring halos hindi nila maunawaan kung ano ang kinakaharap ng bagong henerasyon.

**Mali ang pornograpiya** dahil ito ay nakadisenyo upang hikayatin ang tao na magkaroon ng kasiyahan sa pag-iisip mula sa mga gawain ng pakikiapid, pangangalunya, at marami pang anyo ng baluktot na seksuwal na gawain. Ito ay nakakaakit sa isang taong may makasalanang pagnanasa. Inaanyayahan ng pornograpiya at binibigyang kakayahan nito ang isang tao na magkaroon ng kasiyahan sa mga imoral na gawaing hinahatulan at kinamumuhian ng Dios.

**Nakakahumaling ang pornograpiya.** Ang taong gumagamit ng pornograpiya ay nakararamdam ng malakas na pangangailangan para dito. Ni hindi niya maisip kung paano mamumuhay kung wala ito. Sa isip niya ang buhay ay magiging walang kahulugan at walang kabuluhan kung wala ang mga imahinasyon na nakukuha niya sa pornograpiya. Katulad lamang ng lahat ng ibang uri ng pagkahumaling, nagiging lubusan ang pagnanasa, at ang sinumang gumagamit ay nagsisimulang isakripisyo ang mabubuting bagay sa kanyang buhay.

**Ang pornograpiya ay lumalala.** Ang gumagamit ay nangangailangan ng mas tumitinding tahasan at makasalanang mga materyal. Nagsisimula siyang magkaroon ng kasiyahan sa

mga imahinasyon na dati ay nagbibigay sa kanya ng pakiramdam ng pagkainis at panginginig sa takot.

**Ang pornograpiya ay nakakasira.** Ang gumagamit nito ay nagkukulang sa kakayahang masiyahan sa normal na relasyon. Ang kanyang mga pagnanasa ay nagiging sobrang hindi natural kaya't hindi kailanman ito masisiyahan. Hindi siya nagiging sensitibo sa pag-abuso ng iba.

Dapat magbigay ng babala ang mga pastor at mga magulang sa mga kabataan tungkol sa panganib ng addiction o pagkalulong. Hindi dapat bigyan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng walang limitasyong paggamit ng internet kung kulang pa ang mga ito ng sapat na kakayahang labanan ang tukso. Ang sinumang nahihirapang labanan ang tukso ng paggamit ng pornograpiya ay dapat maglagay sa kanyang sarili sa relasyon na may pananagutan. Dapat siyang regular na mag-ulat sa taong ito.

►Anong mga gawain ang dapat mong irekomenda sa mga tao upang maprotektahan sila mula sa pagkalulong sa pornograpiya? Paano makakatulong ang iglesya?

### Mga Gawaing Homosexual

Ang ilang modernong lipunan na tumatanggi sa awtoridad ng Biblia ay tumatanggi rin sa paglalarawan ng pag-aasawa ayon sa Biblia. Sinasabi nila na ang mga tao ay may kalayaang pumili ng relasyon na galing sa parehong kasarian.

Ipinagbabawal ng Biblia ang gawaing homosexual.

► Dapat sama-samang tingnan ng grupo ang Roma 1:26-27, 1 Timoteo 1:10, at 1 Corinto 6:9.

Ibinibilang ng tatlong talatang ito sa Biblia ang gawaing seksuwal sa isang listahan ng ilan sa pinakamasasamang uri ng kasalanan. Ang mga taong sumusunod sa mga kasalanang ito ay tinatanggihan ang awtoridad ng Dios.

May mga taong nagsasabi na sila ay mayroong natural na pagkahilig sa pakikipagrelasyon sa parehong kasarian/homosexual. Sinasabi nila na hindi sila dapat sisihin para sa kanilang kaugalian dahil hindi nila pinili na magkaroon ng ganoong mga pagnanasa.

Itinuturo ng Biblia na ang bawat tao ay sumunod sa natural na tendensiya upang magkasala (Isaias 53:6). Tinatawag tayo ng Dios upang pagsisihan ang ating sariling sinasadyang kasalanan (Isaias 55:7). Dahil tayo ay isinilang na may likas na pagiging makasalanan, ang ating natural na pagnanais ay hindi mapagtitiwalaan upang siyang manguna sa atin. Ang isang tao ay maaaring makaramdam ng malakas na natural na tendensiya upang makiapid, o maging marahas, o magnakaw, nguni't ang natural na pagnanasa ay hindi nangangahulugan na ang pagnanais ay tama.

**Mga Prinsipyo sa Pagpaparangal sa Dios Nang May Kadalisayang Moral Bago Mag-asawa**

Nahaharap ang mga kabataan sa matinding tukso bago sila ikasal. Mahalaga para sa kanila na tandaan na kailangan nila ng kasama sa buhay na magiging matapat.[30] Hindi nila dapat isipin ang isang relasyon sa isang tao na ang gusto ay panandaliang kasiyahan nang walang kasal. Hindi nila dapat naisin na magkaroon ng relasyon sa isang taong hindi naman matapat na Kristiyano (1 Corinto 7:39). Dapat lamang nilang isaalang-alang ang isang taong magiging matapat na kabahagi sa buhay-may-asawa at magiging isang mabuting magulang.

Ang isang kabataan na nagnanais na magkaroon ng mabuting pag-aasawa ay dapat maging matapat, Kristiyanong nakatalaga ang sarili upang maakit ang tamang uri ng tao.[31] Ipinapakita ng isang tao ang mabuting katauhan sa pamamagitan ng angkop na pag-uugali at disenteng pananamit (1 Timoteo 2:9-10). Ang mga taong hindi maingat sa pakikitungo sa mga taong kabilang sa katapat na kasarian ay nagpapahiwatig na sila ay nakahandang magkaroon ng relasyon batay sa maling mga pagnanais.[32] Ang isang taong nagbibihis sa paraang nakalilikha ng maling pagnanasa ay umaakit ng maling uri ng tao.[33]

Nagbigay ang Dios sa mga kabataan ng mga magulang, mga pastor, at iba pang tagapangunang Kristiyano upang magbigay ng paggabay sa pag-uugali, pananamit, at pagpili ng mga relasyon. Sa pagpapasakop ng mga kabataan sa mga tagapangunang ito bilang pagsunod sa Dios, magkakaroon sila ng pinakadakilang mga pagpapala ng Dios at poprotektahan sila mula sa matinding kasamaan at tukso.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Pedro 5:5 at Hebreo 13:17 para sa grupo.

Responsibilidad ba ng mga anak at mga kabataan na magpasakop sa katalinuhan at pangunguna ng kanilang mga magulang at espirituwal na mga awtoridad? Tungkulin ng mga tagapangunang ito na tulungan ang mga kabataan na mamuhay nang matagumpay laban sa tukso.

► Basahin nang sama-sama ang Roma 13:14 at 1 Corinto 10:13.

Hindi pinahihintulutan ng Dios na malagay ang mga Kristiyano sa mga sitwasyon ng tukso nang higit sa kanilang kayang paglabanan at takasan **kung** sila ay handang gawin iyon. Tungkulin ng mga kabataan na takasan ang tukso (2 Timoteo 2:22). Gayunman, dapat hadlangan hangga't maaari ng mga magulang ang kanilang mga kabataan na maranasan ang hindi kinakailangang mga tukso. Mayroong tatlong paraan kung paano ito ginagawa ng mga magulang:

---

[30] Tingnan ang Kawikaan 31:11-12, 1 Timoteo 3:12, Malakias 2:14-16, Kawikaan 2:16-17.
[31] Kawikaan 3:4-8
[32] 1 Tesalonica 4:1-7
[33] Kawikaan 7

**(1) Sa pagbibigay ng mga tiyak na panuntunan** tungkol sa kung ano ang dapat gawin at hindi dapat gawin ng mga bata, sino ang dapat nilang kasama, at kung saan sila dapat pumunta (Efeso 6:1-4).

Hindi dapat pahintulutan ng mga magulang ang kanilang mga anak na malagay sa mga sitwasyon kung saan hindi pa sapat ang kanilang maturity upang protektahan sila mula sa tukso. Halimbawa, kung ang isang kabataang lalaki at isang kabataang babae ay walang kasama sa isang pribadong lugar, maaari silang matukso na gumawa ng maling pagkilos.

**(2) Sa pagpapanatili sa kanilang mga anak na magkaroon ng pananagutan sa mga lugar ng pagtukso.**

**(3) Sa pagbibigay sa mga anak ng payong Biblikal.**

Dapat tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matutuhang pag-isipan ang mga sitwasyon na nasasa-isip ang mga prinsipyo ng Biblia (Kawikaan 4:1-9; 7:1, 4-5). Dapat nilang kausapin ang kanilang mga anak tungkol sa mga panganib na kanilang nakikita. Dapat nilang tulungan ang kanilang mga anak na isaalang-alang ang iba’t-ibang pagpili na kakailanganin nilang gawin. Maaari nilang tulungan ang kanilang anak na pag-isipan agad ang hinaharap kung paanong maiiwasan ang tukso at kung ano ang gagawin kapag naharap sila sa mga tukso.

Ang iglesya ay dapat maging hiwalay sa kultura nito kapag ipinagtatanggol nito ang moralidad ng Biblia. Maraming kultura ang hindi itinuturing na seryoso ang seksuwal na kasalanan. Inaasahan nila ang mga kabataang dalaga at binata na magkaroon ng relasyong seksuwal bago sila ikasal. Hindi dapat magkompromiso ang iglesya sa kasalanan. Hindi dapat isipin ng iglesya na normal ang kasalanang seksuwal sa mga kabataan. Sinasabi ng Dios na ang mga imoral ay hindi mga Kristiyano (Efeso 5:3-7, Hebreo 13:4).

Ang tagal ng panahon na umiiral ang relasyon bago ang kasal ay hindi panahon para magsimula ang seksuwal na relasyon. Sa halip ito ay isang panahon kung saan ang lalaki at ang babae ay dapat tiyakin na magkaisa sila sa parehong espirituwal at Biblikal na prayoridad. Ito ang panahon na sila ay nagtatatag ng pag-unawa sa isa’t-isa na nagbibigay kakayahan sa kanila na sapat na pagtiwalaan ang isa’t-isa upang gumawa ng permanenteng pagtatalaga ng sarili sa isa’t-isa. Kung hindi sila makakaabot sa ganitong pagtitiwala sa katauhan ng isa’t-isa, dapat nilang wakasan ang relasyon at hindi na magpakasal.

Ang mga tao sa ilang lipunan ay ipinagpapaliban ang kasal dahil inaasahan ng kanilang kultura na ang kasal ay magiging isang detalyado, magastos at mamahaling seremonya. Maraming beses, ang mag-asawa ay nagsasama nang maraming taon at mayroon nang mga anak habang ipinagpapaliban ang kasal. Para sa ilang mag-asawa, ang gastos sa kanilang kasal ay nakasakit sa kanilang pananalapi sa matagal na panahon matapos ang kasal dahil ginastos nila ang lahat para sa araw ng kasal at marahil ay nakahiram pa ng pera sa iba. Ang iglesya ay dapat maging isang komunidad ng pananampalataya na nagbibigay ng ibang modelo ng pag-aasawa. Ang pag-aasawang Kristiyano ay para sa isang

lalaki at babae na nakatalaga ang sarili sa isa't-isa at sa Dios at hindi nangangailangan ng malaking gastos na nagpapaliban sa kasal o nakakasakit sa kinabukasan ng mag-asawa.

► Ano ang ilang paraan na ang pag-aasawang Kristiyano ay dapat naiiba sa mga kaugalian sa pag-aasawa ng lipunan?

### Mga Taong Hindi Nag-aasawa

Ang pag-aasawa ay plano ng Dios sa karamihan sa mga tao. Gayunman, inilarawan ni Apostol Pablo ang ilan sa mga dahilan kung bakit may mga tao na hindi nag-aasawa. Sa 1 Corinto 7:26 binanggit niya "ang kasalukuyang kapighatian" — mahihirap na kalagayan sa buhay na maaaring kabilang ang pag-uusig. Sinabi niya na maaaring mas mabuti na hindi na mag-asawa sa gayung mga kalagayan.

Ang parehong sipi (1 Corinto 7:32-35) ay nagsasabi na ang isang taong walang asawa ay may espesyal na benepisyo. Ang isang taong walang asawa ay makapagtutuon sa paglilingkod sa Dios nang walang iniisip na kailangang pangalagaan ang kanyang asawa. Kapag ang isang tao ay tinawag ng Dios upang magtuon sa ministeryo nang hindi nag-aasawa, maaari siyang tunay na maging epektibo at pinagpala sa kanyang ministeryo.

Maaaring mayroon pang ibang dahilan kung bakit pinipili ng Dios na ang isang tao ay manatiling walang asawa (Mateo 19:10-11). Hindi natin dapat isipin na ito ay isang hindi natural na kalagayan. Hindi natin dapat isipin na ang bawat taong walang asawa ay kinakailangang ihanap ng magiging kasama sa buhay. Hindi natin dapat isipin na ang kaligayahan at kalubusan sa buhay ay nakabatay sa pag-aasawa.[34]

Ang isang walang asawa ay dapat maging maingat sa pag-iwas na magkaroon ng mga maling relasyon dahil sa emosyonal at pisikal na pangangailangan. Nagbibigay ang Dios ng kaligayahan at kakontentuhan sa taong lubusang inilalaan ang kanyang buhay para sa kanya.

### Mga Direksiyon sa Pag-aasawa Ayon sa Biblia

► Basahin nang sama-sama ang 1 Pedro 3:1-7 at Efeso 5:22-33. Dapat panatilihing nakabukas ng grupo ang mga siping ito para sa pagsasaliksik sa panahon ng talakayan.

**Ang lalaki ay sinabihan na mahalin ang kanyang asawang babae kung paanong minahal ni Kristo ang iglesya.** Ibinigay ni Hesus ang kanyang sarili bilang sakripisyo para sa iglesya. Dapat isakripisyo ng asawang lalaki ang kaniyang sariling mga benepisyo, kaginhawahan, at mga naisin upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanyang asawang babae. Isang talata ang nagsasabi na dapat siyang "mamuhay nang kasama niya nang may karunungan," nangangahulugan na dapat niyang gawin ang kanyang

[34] Awit 107:9

pinakamabuti upang unawain siya. Dapat niyang pag-aralan ang kanyang asawa upang maunawaan ang kanyang mga pangangailangan.

Ang babae ay tinawag na "ang mas mahinang sisidlan" sa talatang ito. Nangangailangan ang asawang babae ng konsiderasyon mula sa kanyang asawang lalaki. Dapat niya siyang ipagtanggol hindi lamang sa pisikal na panganib kundi mula rin sa pag-aalala at emosyonal na paghihirap.

**Sinabihan ang asawang babae na magpasakop sa kanyang asawang lalaki at respetuhin siya.**

Inaasahang tatanggapin ng asawang babae ang pagiging tagapanguna ng kanyang asawang lalaki, kahit na ang lalaki ay hindi mananampalataya. Kapag ginawa niya ito, ang kanyang asawang hindi mananampalataya ay mas maaaring maging isang mananampalataya.

Mahalagang alalahanin kung paanong ibinigay ang mga kautusan sa mga talatang ito. Ang asawang lalaki ay hindi sinabihan na ipilit ang awtoridad sa kanyang asawang babae. Ang asawang babae ay sinabihan na sundin ang kanyang asawang lalaki, ngunit ang asawang lalaki ay hindi inutusan na pilitin siyang sumunod. Sinabihan siya na mahalin ang kanyang asawang babae at magsakripisyo kung kinakailangan upang siya ay pangalagaan. Gayundin naman, ang asawang babae ay hindi sinabihan na hingin ang pangangalaga mula sa kanyang asawa; siya ay sinabihan na respetuhin niya ang kanyang asawang lalaki.

Ang prayoridad ng asawang lalaki ay hindi dapat ang pagpapanatili ng kanyang awtoridad kundi ang pagbibigay ng mapagmahal na pangangalaga. Ang prayoridad ng asawang babae ay hindi dapat ang paghingi ng pangangalaga para sa kanyang sarili kundi ang respetuhin ang kanyang asawang lalaki.

Nagbigay ng babala ang apostol sa asawang lalaki na ang kanyang mga panalangin ay mahahadlangan kapag hindi niya maayos na pinangangalagaan ang kanyang kabiyak. Sinasabi nito sa atin na ang **ating kaugalian/ginagawa sa ating buhay-mag-asawa ay nakakaapekto sa ating relasyon sa Dios.**

Sinabi ni Apostol Juan na kung hindi minamahal ng isang tao ang kanyang kapatid, hindi rin niya minamahal ang Dios (1 Juan 4:20). Gayundin naman, mula sa mga salita ni Pablo at Pedro makikita natin na ang isang taong hindi nangangalaga para sa kanyang asawang babae tulad ng dapat niyang gawin ay hindi nagmamahal sa Dios tulad ng nararapat. Ang asawang babae na hindi rumirespeto sa kanyang asawang lalaki, ay hindi rumirespeto sa Dios tulad ng nararapat.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 7:1-5 para sa grupo.

Sinasabi ng mga talatang ito na ang isang layunin ng pag-aasawa ay bigyang kasiyahan ang mga seksuwal na pagnanasa. Ibinigay na ng asawang lalaki at asawang babae ang kanilang mga sarili sa isa't-isa at itinanggi na ang sariling pag-angkin sa kanilang sariling

mga katawan. Ito ay nangangahulugan na ang isang taong may-asawa ay hindi dapat umasa na makipagtalik lamang kung kailan niya nais kundi dapat din siyang tumugon sa mga pagnanais ng kanyang kabiyak. Hindi sinasabi sa atin ng mga talata na maaaring ipilit ng isang tao ang pagbibigay kasiyahan sa kanya nang laban sa kagustuhan ng kanyang kabiyak. Sa halip, sinasabi ng talata sa isa't-isa na tumugon sa pangangailangan ng isa't-isa.

Sinasabi ng siping ito na ang mga taong may-asawa ay hindi dapat pagkaitan ang isa't-isa ng pribilehiyong ito. Ang maikling panahon ng hindi pagtatalik na may kasamang pag-aayuno ay lehitimo, subalit ang matagalang pagkakahiwalay ay magbubunga ng tukso dahil sa pagnanasang hindi natutugunan. Kung minsan pinipili ng mag-asawa na magkahiwalay sa loob ng ilang buwan o higit pa dahil ang isa ay nagtatrabaho o nag-aaral sa malayong lugar. Bago gawin ang ganitong pasya, dapat nilang isaalang-alang kung ang plano ay naaayon sa plano ng Dios. Maaari silang makaranas ng mga suliranin dahil sa matagal na pagkakahiwalay.

Isang layunin ng pag-aasawa ay ang pagbuo ng mga pamilya na nagbibigay ng kailangan para sa kanilang mga miyembro.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Timoteo 5:8 para sa grupo.

Ang talatang ito ay kasama sa isang sipi na naglalarawan ng tungkulin ng mga miyembro ng iglesya na mangalaga sa isa't-isa. Ang unang responsibilidad ng isang tao ay ang kanyang sariling pamilya. Dapat tiyakin ng isang magulang na natutugunan ang mga pangangailangan ng kanyang anak, tulad ng tirahan, pagkain, pananamit at edukasyon. Dapat gawin ng magulang ang lahat ng kanyang magagawa upang makapagbigay ng pangangailangan sa halip na iwan sa iba ang responsibilidad na ito.

### Para sa Pagbabahaginan ng Grupo

Ang mga paksa sa leskiyong ito ay magbubunga ng maraming talakayan.

Dapat sikapin ng mga mag-aaral na ilapat ang prinsipyong ng Kasulatan sa leksiyong ito sa kanilang mga kalagayan.

► Ano ang katotohanan tungkol sa pag-aasawa na tila nalilimutan na ng maraming tao?

► Paano sama-samang makapagtatrabaho ang mga tao sa iglesya (higit pa sa pagkakaroon ng PanLinggong Klase) upang tumulong sa hamon ng pagsasanay sa mga anak upang sumunod kay Kristo?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa inyong kamangha-manghang disenyo ng pag-aasawa. Tulungan mo po akong maging matapat sa iyong kalooban sa bawat bahagi ng aking buhay. Tulungan mo po akong maging mabuting halimbawa ng pagiging matapat na Kristiyano. Tulungan mo po akong hikayatin ang iba na sundin ang iyong kalooban.

Tulungan mo po ako na makipagtulungan sa iglesya sa pagtulong sa mga pamilya, mga kabataan, at mga bata upang maging matibay sa pananampalataya at pagsunod.

Salamat po sa pribilehiyo na ibinibigay mo sa amin upang magkaroon ng mga relasyon na iyong pinagpapala.

Amen

## Leksiyon 7 Mga Takdang Aralin

(1) Kung ikaw ay wala pang asawa, sumulat ng dalawang parapo ng pagtatalaga ng sarili sa pagsunod sa mga prinsipyo ng Dios para sa iyong mga relasyon bago ikasal at sa iyong pag-aasawa sa hinaharap. Kung ikaw ay may asawa na, sumulat ng dalawang parapo ng pagtatalaga ng sarili sa pagsunod sa mga prinsipyo ng Dios sa iyong buhay-may-aasawa.

(2) Pumili ng isa o higit pang paksa mula sa leksiyong ito at sumulat ng isang pahina na naglalarawan kung paano mailalapat ng tao sa inyong lipunan ang mga prinsipyo mula sa Kasulatan.

Halimbawa:

- Ilarawan ang Kristiyanong relasyon ng isang lalaki at isang babae na nagpaplanong magpakasal sa inyong lipunan.
- Ilarawan ang pag-uugali ng isang lalaki o babae na nagnanais na magpakita ng katapatan sa buhay-may-asawa sa inyong lipunan.

# Leksiyon 8
# Ang Kapaligirang Kristiyano

## Mga Layuninn ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyon ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan kung bakit nilikha ng Dios ang lahat ng bagay at kung paano natatangi ang tao mula sa lahat ng bagay na nilikha ng Dios.

(2) Maunawaan na binigyan ng Dios ang tao ng kapamahalaan sa buong sannilikha.

(3) Malaman ang ilang paraan na maaari niyang matuwid na pamahalaan ang nilikha ng Dios.

## Si George Washington Carver, Siyentipikong Pang-Agrikultura

Si George Washington Carver ay isinilang bilang alipin sa America mga taong 1860. Pagkatapos nabigyang wakas ang pagkaalipin, ninais niyang mag-aral. Ang edukasyon ay hindi madaling makuha para sa mga kabataang itim sa panahong iyon, ngunit isang mabait na babae ang nagsabi sa kanya, "Dapat mong pag-aralan ang lahat ng iyong makakaya pagkatapos bumalik ka sa mundo at ibigay ang iyong karunungan pabalik sa mga tao." Nanalangin si George, "Panginoon, ipakita mo sa akin ang mga lihim ng sanlibutan," at sinabi niyang tumugon ang Dios, "Napakaliit mo upang maunawaan ang mga lihim ng sanlibutan." Pagkatapos nanalangin si George, "Kung gayun, Panginoon, ipakita mo sa akin ang mga lihim ng isang mani," at sinabi niyang sumang-ayon ang Dios. Mahalaga ang mani dahil ito ang pangunahing tanim na itinatanim ng maraming mahihirap na magsasaka. Nalalaman ni George na ang pag-imbento ng marami pang produkto mula sa mani ay magtataas ng halaga ng mga produktong mani. Natuklasan ni George ang 300 na maaaring produkto mula sa mani at 100 produkto mula sa kamote. Nagturo siya ng agrikultura sa Tuskegee Institute sa loob ng 47 taon at nakatagpo siya ng mga paraan upang magturo ng mga bagong pamamaraan sa mga magsasaka, tinutulungan sila na paunlarin ang kanilang lupa at magkaroon ng mas mabuting mga ani. Si George Washington Carver ay isang malaking pagpapala dahil sa kanyang pananampalataya sa Dios at sa kanyang pagtitiwala na ang nilikha ng Dios, kung maayos na pamamahalaan, ay makapagdadala ng dakilang benepisyo sa sangkatauhan.

**Isang Pagbibigay-kahulugan: Ang Ecology/Kapaligiran ay ang pag-aaral sa mga paraan kung paanong nagkakaugnay-ugnay sa isa't-isa ang mga bagay na nabubuhay at ang kanilang kapaligiran.**

## Ang Awtoridad ng Tao sa Kalikasan

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Genesis 1:1 at 1:26-28 para sa grupo.

Ang responsibilidad ng tao para sa mundo ay batay sa katotohanan na nilikha ng Dios ang mundo para sa Kanyang kapurihan (Awit 148) at inilagay niya rito ang mga tao bilang tagapamahala. Bilang mga tao na nilikha sa imahen ng Dios, tayo ay nilikha upang maghari tulad ng ginawa ng Dios; upang "magkaroon ng kapamahalaan" na naaayon sa kalikasan ng Dios. Sinabi ng Salmista, "Gayunman ay nilikha mo ang tao na bahagyang mas mababa kaysa sa makalangit na nilikha at pinutungan siya ng kaluwalhatian at karangalan. Ibinigay mo sa kanya ang kapamahalaan sa mga gawa ng iyong mga kamay, inilagay mo ang lahat ng bagay sa ilalim ng kanyang mga paa" (Awit 8:5-6).[35] May natatanging gampanin ang tao sa mundo. Hindi sila basta isa pang klase ng hayop. Binigyan ng Dios ang mga tao ng gampanin na pamahalaan ang mundo at ang mga nilikha na nabubuhay doon.

Sinabi ng Dios kina Adan at Eba na magpakarami at punuin ang mundo. Sinabi niya sa kanila na supilin ang mundo. Ang proseso ng pagsupil sa mundo ay ipagpapatuloy ng kanilang mga salinlahi. Kabilang sa gawain ng pagsupil sa mundo ay pagtuklas, pag-aralang manirahan sa mga bagong lugar, pagtuklas at paggamit ng mga mineral, pagpapaamo sa mga hayop, at pagpapaunlad sa teknolohiya.

Ang lahat ng bagay ay mabuti nang likhain niya iyon. Ang gawain ng tao na pangangalaga sa Garden ng Eden (Genesis 2:15) ay kasiya-siyang gawain na magkakatugmang pagsasamahan sa kalikasan. Pagkatapos nagkaroon ng kasalanan, ang kalikasan ay naapektuhan ng sumpa, at naging mahirap ang gawain ng tao (Genesis 3:17-19). Wala na ang orihinal na pagiging perpekto ng mundo,[36] ngunit patuloy itong nagpapakita ng kaluwalhatian ng Dios sa kanyang kahanga-hangang disenyo.

Pagkatapos ng baha, sinabi ng Dios na ang mga tao ay maaaring kumain ng mga hayop (Genesis 9:3). Ang batas na ibinigay ng Dios kay Moises ay nagbawal sa mga tao na kumain ng ilang uri ng hayop, ngunit sa Bagong Tipan sinasabi sa atin na tayo ay pinahihintulutan nang kainin ang anumang nilikha na maaaring kainin (Marcos 7:19, 1 Timoteo 4:4). Ang mga hayop ay walang karapatan na naglalagay sa kanila sa antas na maihahambing sa mga tao.

### Ang Reponsibilidad ng Tao Upang Pamahalaan ang mga Mapagkukunan.

Bagaman ang tao ay may awtoridad sa ibang mga nilikha sa mundo, hindi siya ang may lubusang awtoridad. Ang tao ay may pananagutan sa Dios.

Ang mundo at ang kanyang mga ibinubunga o inaani ay pag-aari pa rin ng Dios.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Awit 24:1 at Awit 50:10-11 para sa grupo.

---

[35] *English Standard Version*
[36] Roma 8:18-23

Pag-aari ng Dios ang mundo. Idinisenyo ng Dios ang mundo upang ipahayag ang kanyang kaluwalhatian (Awit 19:1), tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao (Genesis 1:29), at maging isang magandang lugar para panirahan nila. Layunin ng Dios na maging kasiyahan natin ang mundo at ang mga bagay na nagmumula rito. Hindi natin dapat sambahin ang mundo, dahil ito ay ginawa lamang ng kamay ng Dios (Roma 1:25). Hindi rin natin dapat pakinabangan ang mundo sa mga mapanirang pamamaraan.

Kung minsan kinukuha ng mga tao ang benepisyo mula sa lupa ngunit kasabay nito na nasisira ang lupa. Maaaring kunin ng mga tao ang mina ng mineral ngunit iniiwan nila ang lupa na walang silbi at pangit. Kung minsan kinukuha ng mga tao ang lahat ng puno sa isang lugar, at hinahayaang anurin ng ulan ang lahat ng mabuting lupa. Kung minsan hinuhuli ng mga tao ang mga maiilap na hayop para kainin hanggang sa maubos ang mga ito sa lugar. Itinatapon ng mga tao ang basura sa mga ilog hanggang sa ang tubig ay hindi na ligtas para gamitin.

Idinisenyo ng Dios ang mundo upang maging produktibo. Hindi tama na gamitin ng tao ang lupa sa paraang masisira ito. Hindi napararangalan ang Dios sa nakasisirang paggamit ng lupa.

Idinisenyo ng Dios ang mundo upang maglingkod sa maraming henerasyon ng tao sa loob ng libo-libong taon. Dapat tayong maging responsable na pangasiwaan at paunlarin ang kapaligiran para sa susunod na henerasyon. Ang taong sumisira sa lupa para sa biglaang benepisyo ay hindi nagmamahal sa kanyang kapwa at sa susunod na henerasyon.

Nais mo bang isipin na dalawampung taon mula ngayon ay mayroong magnanakaw sa iyong mga anak? Siyempre, hindi! Gayunman ninanakawan ng mga tao ang kanilang mga anak sa pagsira ng kapaligiran na paninirahanan ng kanilang mga anak. Kung wala ka pang sariling mga anak, dapat mo pa ring pagmalasakitan ang anak ng iba na sa hinaharap ay magmamana sa lupain.

Maraming tao ay maingat sa lupa na kanilang pag-aari ngunit hindi sila nagmamalasakit sa pampublikong lupain. Dapat magpakita ng halimbawa ang mga Kristiyano sa pangangalaga sa kapaligiran, dahil alam natin na ito ay pag-aari ng Dios at dahil nagmamalasakit tayo sa ating kapwa at sa susunod na henerasyon.

Kung minsan iniisip ng mga tao, "Hindi sa akin ang lupang ito, kaya't maaari kong iwan ang aking basura dito," o "Maaari kong putulin ang lahat ng mga puno, maging ang maliliit pa sa mga ito."

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Deuteronomio 22:6 para sa grupo.

Sa bahagi ng mundo kung saan isinulat ang aklat ng Deuteronomio, may mga ibon na madaling mahuhuli habang nakaupo sa pugad. Kung laging kukunin ng tao ang inang ibon at ang mga itlog o mga inakay, ang mga ibong iyon ay madaling mauubos. Sinabi sa kanila ng Dios na palayain ang inang ibon upang ang lahi nito ay hindi maubos. Ang ating mga tuntunin sa kasalukuyan sa iba't-ibang lugar ay hindi magiging magkakatulad, subalit

sinasabi sa atin ng talata na dapat tayong maging maingat sa pangangalaga sa mga kayamanan sa pampublikong lupa.

## Pagpapahalaga sa Likas na Ganda

Nang likhain ng Dios ang mga halaman, hindi lamang mga gulay at prutas ang kanyang nilikha, gumawa siya ng mga bulaklak at maraming magagandang bagay. Sinasabi nito sa atin na ang Dios ay hindi lamang nagpapahalaga sa mga praktikal na gamit ng lupa; pinahahalagahan rin niya ang kagandahan (Lucas12:27). Nilikha niya ang kagandahan ng kalikasan upang magbigay ng magandang kapaligiran para tirahan ng mga tao.

Lahat ng mga bundok, disyerto, mga ilog, mga palanas, at mga gubat ay nagtataglay ng natural na kagandahan. Kung minsan ang mga taong ipinanganak sa isang partikular na lugar ay hindi nakikita ang kagandahan na naroon dahil ordinaryo na iyon sa kanila.

► Isipin ninyo halimbawa na ikaw ay isang pintor. Halimbawa na nag-ukol ka ng maraming panahon upang makagawa ng magandang larawan at ibinigay iyon sa isang kaibigan. Pagkatapos, isang araw nang dalawin mo siya nakita mo ang larawan sa sahig, sira na at natapakan ng mga tao. Ano ang iyong magiging pakiramdam?

Maraming mga komunidad kung saan ang mga tao ay nagtatapon ng lahat ng kanilang basura kahit saan. Nililinis nila ang kanilang sariling bakuran ngunit iniiwan ang basura kung saan-saan. Ang mga kalsada sa kanilang pamayanan ay puno ng basura.

► Ano ang dapat maunawaan ng mga taong ito?

Dapat tayong magmalasakit sa mga lugar na ating ginagamit kasama ng ibang tao, para sa kanilang kapakanan at para rin sa ating sariling kapakanan.

► Ano ang maaaring gawin ng iglesya upang baguhin ang kanilang pamayanan?

## Ang Paggamit ng mga Hayop

Ang mga hayop ay naiiba sa mga tao. Hindi sila nilikha sa imahen ng Dios. Sagayun, hindi sila nagtataglay ng walang kamatayang espiritu (Ecclesiates 3:21) at hindi sila nagtataglay ng mga karapatan ng tao.

Pinahintulutan ng Dios ang mga tao na kainin ang mga hayop, na nagpapahiwatig na maaaring mangaso ng mga maiilap na hayop para sa pagkain at mag-alaga ng mga maaamong hayop para sa pagkain.

Sa halos buong kasaysayan ng tao naging pangkaraniwan na sa mga tao na magkaroon ng hayop para alagaan o para magawa ang mga trabaho.

► Mahalaga ba sa Dios kung paano tinatrato ng mga tao ang mga hayop?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Kawikaan 12:10 para sa grupo.

Sinasabi ng talatang ito na isang katangian ng isang taong matuwid ay ang pag-aalaga niyang mabuti sa kanyang mga hayop. Ang kalupitan ay katangian ng isang masamang tao.

Dapat tiyakin ng isang taong nagmamay-ari ng hayop na ito ay may pagkain, tubig, at silungan na kailangan nito. May maling bagay sa isang tao na hindi nangangalaga sa mga pangangailangan ng kanyang mga alagang hayop.

Tandaan ninyo na lahat ng mga hayop ay pag-aari ng Dios (Awit 50:10-11). Silang lahat ay dinisenyo at nilikha ng Dios. Nilikha niya ang mga ito nang maraming pagkakaiba-iba. Maaari sana niyang nilikha lamang ang ilang klase upang magsilbing pagkain at para sa trabaho, subalit gumawa siya ng libo-libong uri ng hayop, bukod pa sa mga insekto at microscopic na anyo ng buhay. Ang kahanga-hangang pagiging malikhain ng Dios ay ipinakita sa iba't-ibang uri ng mga hayop.

May mga hayop na kayang magpakita ng katapatan at pagpapahalaga sa nag mamay-ari sa kanila. Natutuwa sila sa atensiyon mula sa mga tao at natututo silang tumugon. Sapat ang kanilang katalinuhan upang matuto ng maraming mga bagay. Malinaw na idinisenyo sila ng Dios para magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga tao. Binigyan ng Dios ang mga hayop ng espesyal na respeto para sa mga tao (Genesis 9:2).

Nilikha ng Dios ang mga hayop nang may katalinuhan at likas na tumutugon sa mga tao. Ang pag-abuso sa kanila ay kawalang respeto sa mga layunin ng Dios. Dagdag pa sa katotohanang iyon, mayroong mali at baluktot sa isang taong natutuwa kapag nahihirapan ang isang hayop.

Maraming beses na ginagamit ng Kasulatan ang paglalarawan ng isang pastol. Si David ay isang pastol bago siya naging hari ng Israel. Isinulat ni David ang Awit 23 at inihahambing niya ang Dios sa isang pastol. Nalalaman ni David na inaalagaan ng Dios ang mga tao sa paraang inaalagaan ng pastol ang kanyang mga tupa. Sa Bagong Tipan ang mga pastor ay inihahambing sa mga pastol (1 Pedro 5:2 at marami pang iba). Ang paghahambing na ito ay hindi magkakaroon ng kahulugan kung hindi inaasahan ng Dios na alagaan ng tao ang kanilang mga hayop.

Ang pag-aalaga ni David ng mga tupa ay bahagi ng kanyang pagsasanay sa pangangalaga sa mga tao. Sa parehong paraan, ang ating pangangalaga sa lupa at mga hayop na ipinagkatiwala sa atin ng Dios ay maghahanda sa atin upang alagaan ang mga tao.

### Ang Kahalagahan ng Luntian

Luntian ang pinakakaraniwang kulay sa kalikasan maliban sa mga lugar na nagkukulang sa tubig o mabuting lupa. Iyon ang kulay na pinakana maginhawa sa ating mga mata.

Maraming mga tao na naninirahan sa mga lunsod ang nakararamdam ng kapahingahan kapag sila ay lumalabas sa lunsod at pumupunta sa isang kapaligirang mas malapit sa kalikasan.

Maraming kapaligiran sa lunsod ang halos ay wala nang halamang nabubuhay. Karamihan sa lugar ay natatakpan ng konkreto o aspaltado. May ilang lipunang nagsisimula nang gumawa ng mga parke at iba pang luntiang lugar sa mga lunsod. Ang mga tao sa bawat komunidad ay dapat magtulungan nang sama-sama upang magbigay ng mga lugar para tumubo ang mga puno at iba pang halaman. Dapat silang maglaan ng mga luntiang lugar para maging kasiyahan ng mga tao at higit para sa mga bata upang kanilang maging laruan. Maaaring magkaroon ang mga pamilya ng kanilang sariling luntiang lugar sa kanilang mga bakuran at tahanan sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halaman.

## Mga Kaibahan ng isang Kristiyanong Kapaligiran

Sa simula ng leksiyong ito ay ang kahulugan ng ecology/kapaligiran.

► Bakit dapat pangalagaan ng mga Kristiyano ang kapaligiran?

May mga taong nag-iisip na maaari nating mailigtas ang daigdig sa pamamagitan ng pagpigil sa polusyon. Bilang mga tao, hindi natin naililigtas iyon, bagaman dapat nating gawin ang ating bahagi upang panatilihin ito hanggang kaya natin. Nalalaman ng mga Kristiyano na hindi natin kayang hanggang wakas na mababaligtad ang pagkasira ng sanlibutan. Sa wakas, babaguhin ng Dios ang mundo (Pahayag 21:1). Samakatuwid, nalalaman natin na hindi natin maililigtas ang daigdig.

May mga tao na naniniwala na ang mga tao ay hindi mas mahalaga kaysa iba pang nilalang, at dapat nating igalang ang mga hayop dahil ang kanilang mga karapatan ay kapantay ng sa atin. Alam ng mga Kristiyano na ang mga tao ay binigyan ng Dios ng kapamahalaan sa daigdig. Alam natin na ang mga tao ay naiiba sa mga hayop dahil tayo ay natatanging nilikha sa imahen ng Dios at nagtataglay ng walang hanggang kaluluwa. Samakatuwid, ang mga hayop ay walang mga karapatan na maihahambing sa mga karapatan ng tao.

Pinangangalagaan ng mga Kristiyano ang daigdig dahil

(1) Ito ay pag-aari ng Dios

(2) Ang mga tao ay may tungkulin mula sa Dios upang pangalagaan ang daigdig

(3) Pinagmamalasakitan natin ang susunod na henerasyon ng mga tao

► Anong karaniwang kaugalian sa inyong bansa o komunidad ang nagpapakita na ang mga tao ay walang di-nagbabagong pang-unawang Kristiyano patungkol sa kapaligiran?

► Isang maaaring talakayin sa klase: Papikitin ang isang tao at ipalarawan sa kanya kung ano ang lagi niyang nakikita kapag umaalis siya sa bakuran ng sambahan? Ano ang hitsura ng lugar sa harap ng sambahan? Mayroon bang basura sa paligid? Mukha bang mayroong nangangalaga dito? Sino ang dapat mangalaga sa lugar na iyon? Ilarawan kung paano iyon maaaring baguhin ng mga tao sa sambahan. Bakit dapat nilang isipin na pangalagaan ang kapaligiran? Ano ang magiging impluwensiya sa iba ng kanilang pangangalaga? Gayun din ang maaaring isipin ng mga mag-aaral sa kapaligiran ng kanilang mga tahanan.

## Para sa Pagbabahaginan ng Grupo

Pag-isipan ang mga sumusunod na katanungan.

► Anong mga kaugalian ang dapat baguhin?

► Paano makagagawa ng pagkakaiba ang inyong iglesya sa komunidad nito sa pamamagitan ng halimbawa at pagtuturo?

► Paano mapabubuti ng inyong komunidad ang kapaligiran nito kung makikiisa ang mga tao sa komunidad?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Maraming salamat po sa paglikha ng mundo na may kagandahan at lahat ng mapagkukunan ng pangangailangan. Salamat sa pagtitiwala sa amin ng tungkulin ng pangangalaga para sa mundong iyong nilikha.

Tulungan po ninyo kaming mamuhay nang may pagpapahalaga sa iyong kamangha-manghang sannilikha.

Tulungan po ninyo kaming sama-samang magtrabaho upang pangalagaan ang kagandahan at lahat ng mapagkukunan ng pangangailangan sa sanlibutan.

Amen

## Leksiyon 8 Mga Takdang Aralin

(1) Sumulat ng isang parapo na naglalarawan sa iyong plano upang baguhin ang iyong mga kaugalian dahil sa katotohanang natutuhan sa leksiyong ito.

(2) Sumulat ng isang pahina na naglalarawan sa mga maling gawain ng inyong lipunan. Pagkatapos, magpatuloy sa paglalarawan kung paano mo ipapaliwanag sa isang tao kung *bakit* ang mga gawain ay dapat maiba. Ibatay ang iyong mga inaangkin sa espesipik na Kasulatan at sa pananaw ng mundo na ayon sa Biblia.

# Leksiyon 9
# Pananalapi

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Italaga ang sarili sa pagsunod sa mga prinsipyo ng Dios para sa wastong paggamit at pangangasiwa ng pananalapi at lahat ng mapagkukunan ng pangangailangan.

(2) Unawain ang mga espirituwal na panganib na kaugnay ng hindi wastong paniniwala tungkol at paggamit ng pera at kung paano maiiwasan ang mga ito.

## Si John Wesley, Ang Bukas-palad na Tagapagbigay

Namuhay si John Wesley sa England mula 1703 hanggang 1791. Ipinangaral niya ang ebanghelyo sa labas sa mga taong mahihirap na hindi tinatanggap sa mga iglesya. Namuhay siya ng maingat, sinisikap na parangalan ang Dios sa bawat detalye ng kanyang buhay, kabilang dito ang kanyang paggamit ng pera. Itinuro niya na kapag ang mga Kristiyano ay kumikita ng pera, dapat nilang ipunin ang lahat ng kanilang makakaya at ibigay ang lahat ng kanilang makakaya. Siya ay isang matapat na halimbawa ng paggamit ng disiplinadong kaugaliang pampananalapi. Binawasan niya ang kanyang taunang gastusin, upang magkaroon siya ng mas maraming maipamimigay. Pagkatapos, nang tumaas ang kanyang kinikita, pinanatili niya ang kanyang mga gastos, at ipinamigay ang natira. Bagaman kumita siya ng 30,000 pounds sa kanyang buong buhay, nang siya ay mamatay mayroon lamang siyang kaunting barya sa kanyang bulsa. Alam ni Wesley na pinagtitiwalaan ng Dios ang mga tao upang pamahalaan ang pera para sa kanya, at itinuro na ang mga Kristiyano ay dapat sumunod sa mga prinsipyo ng Dios sa pangangasiwa sa pera.

## Panimula

Binanggit ng Bagong Tipan ang pera nang higit sa alinmang ibang paksa, hindi dahil napakahalaga ng pera para sa Dios, kundi dahil napakaraming suliranin ng mga tao patungkol sa pera.

Bilang Manlilikha, ang Dios ang may-ari ng lahat ng tao at ang kayamanan na taglay nila. Bilang mga Kristiyano, tayo ay pag-aari ng Dios sa espesyal na paraan, dahil tinubos niya tayo. Dapat nating ituring ang ating mga sarili bilang mga tagapangasiwa ng mga pag-aari na dapat gamitin para sa kaluwalhatian ng Dios. Hindi mali na magkaroon ng kasiyahan sa mga mabubuting bagay. Nagagalak ang Dios na pagpalain tayo kapag tinatanggap natin ang lahat ng bagay nang may pasasalamat at kababaang-loob.

Subalit ang pera ay isang espirituwal na panganib para sa karamihan ng mga tao.

## Mga Babala at Panuntunan Para sa Mayayaman

► Ano ang ibig sabihin ng pagiging mayaman?

May iba't-ibang dahilan na ang isang tao ay maaaring ituring na mayaman.

Kapag mayroon kang pera na ipambibili ng higit sa pangunahing pangangailangan, mas mayaman ka kaysa sa kalahati ng lahat ng tao sa mundo. Maraming tao ang nagtatrabaho araw-araw upang kumita ng para sa pagkain nila sa araw na iyon; kapag may isang bagay na nangyayari na nakapipigil sa kanilang pagtratrabaho, wala silang pagkain sa araw na iyon.

Karaniwang itinuturing ng mga tao na ang isang tao ay mayaman kapag mas marami siyang pag-aari kaysa karamihan sa mga tao sa kanyang sariling lipunan. Ipinapakita ng kanyang paraan ng pamumuhay na gumagastos siya ng higit na pera kaysa karamihan sa mga tao. Itinuturing siya ng mga tao na nasa mas mataas na kalagayan sa lipunan. Maaari siyang magkaroon ng kasiyahan sa mga karangyaan na hindi kayang bilhin nang karamihan sa mga tao. Mayroon siyang impluwensiya sa mga tao na may awtoridad. Ang mga tao ay handang maglingkod sa kanya dahil sa kanyang pag-aari.

Ang Biblia ay may mga espesyal na direksiyon at mga babala para sa mayayaman.

Isang napakaseryosong babala ang pangungusap ni Hesus na napakahirap para sa isang mayaman na makapunta sa langit (Mateo 19:24).

Makakakuha tayo ng pang-unawa sa mga panganib ng kayamanan mula sa mensahe ni Apostol Pablo para sa mayayaman.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Timoteo 6:17-19 para sa grupo.

Nagbigay ng babala si Pablo sa mayayaman na huwag nilang ituring ang kanilang sarili na mas mataas ang kalagayan kaysa sa ibang tao. Mayroong tukso para sa mayayaman na isipin na mas mataas ang kanilang uri kaysa sa iba. Binigyang babala rin ni Santiago ang iglesya na huwag gawin ang parehong pagkakamali, na pinararangalan ang mga tao dahil sa kanilang kayamanan o kalagayang panlipunan (Santiago 2:1-4).

Ang taong mayaman ay hindi dapat makaramdam ng seguridad dahil sa kanyang kayamanan kundi dapat siyang umasa sa Dios. Mas mahirap para sa isang mayaman ang maramdaman ang pangangailangan sa ibibigay ng Dios kapag mayroon siyang sobrang pananalapi. Mayroong tukso na maging walang-ingat sa espirituwal dahil hindi nararamdaman ang pangangailangan sa tulong ng Dios (Deuteronomio 8:6-18).

Ang mayayaman ay dapat maging bukas-palad sa pagbibigay at gumawa ng mga mabubuting bagay gamit ang kanilang pera.

Isa sa mga kahatulan sa mayayamang tao sa sanlibutan sa Santiago 5:5 ay ang kanilang pamumuhay nang may kasiyahan habang ang ibang tao ay nagdurusa. Maraming mabubuting bagay ang magagawa kung matalino ang pagbibigay. Hindi makabibili ng

kaligayahan ang pera, ngunit ito ay makababawas ng maraming kalungkutan. Hindi wasto para sa isang tao na ipagwalang-bahala ang paghihirap ng ibang tao habang nabubuhay siya sa karangyaan.

Sa pamamagitan ni propeta Amos, ipinapahayag ng Dios ang kanyang puso para sa katarungan para sa tao (habag at malasakit para sa mahihirap at inaapi) sa mga salitang ito: "Subalit hayaang umagos ang katarungan na tulad ng tubig, at ang pagiging matuwid tulad ng isang makapangyarihang bukal" (5:24). Ipinahayag ng Dios ang hatol sa kaginhawahan kapag ang kaginhawahan ay nagbubunga ngkapanatagan, pagpapasarap sa buhay, at pagiging kakaiba sa kalagayan ng mahihirap (Amos 6:1; 3-6; 8:4-7, 11-12).

Ang bawat Kristiyano ay dapat magsakripisyo sa pagbibigay sa pagtulong sa mahihirap at inaapi, dapat magbigay ng ikapu bilang suporta sa lokal na iglesya, at dapat magbigay upang sumuporta sa gawaing pangmisyon para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Sinabi ni John Wesley na mayroong tatlong dahilan kung bakit ang iglesya sa kanyang panahon ay nakagawa lamang ng kaka-unting epekto sa mundo:

(1) Kakulangan ng matibay na doktrina

(2) Kakulangan ng disiplinang may pananagutan

(3) Kakulangan ng pansariling pagsasakripisyo

## Ang Pagmamahal sa Pera

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Timoteo 6:8-10 para sa grupo.

Ang mga babala tungkol sa pera ay hindi nakatuon sa mayayaman lamang. Maraming mahihirap ang may pakiramdam na hindi sila kailanman magiging masaya dahil sila ay mahirap. Sinasabi ng Biblia na ang pag-ibig sa pera ay nagiging dahilan ng lahat ng uri ng kasamaan. Ang babalang iyon ay maaaring gamitin sa lahat ng tao.

Ang pag-ibig sa pera ay hindi kailanman masisiyahan. Ang isang taong nagmamahal sa pera ay hindi kailanman masisiyahan anumang dami mayroon nito (Mangangaral 5:10). Sinasabi sa atin ng Biblia na dapat nating iwasan ang pag-ibig sa pera at makontento sa ating mga pangunahing pangangailangan (Hebreo 13:5).

Ang taong nasasabik sa kagustuhang yumaman ay maraming matukso upang ikompromiso ang kanyang katauhan. Sa proseso ng pagsisikap na maging mayaman, maaaring talikuran ng isang tao ang kanyang pananampalataya at dumanas ng maraming kalungkutan sa halip na kaligayahan na tulad ng kanyang inaasahan.

Kung minsan nakakaakit ng mga tagasunod ang mga tagapangunang panrelihiyon sa pamamagitan ng pangakong sila ay yayaman. Sinasabi nila na ang isang taong may pananampalataya ay dapat may kayamanan. Maraming tao sa mahihirap na lipunan ang naaakit ng ganitong mga pangako dahil mahirap ang kanilang mga buhay. Palaging nagsasalita at nangangaral ang mga lider na ito tungkol sa pera at ipinagmamalaki nila na

naipapakita rin nila ang parehong mga tanda ng tagumpay sa pananalapi tulad ng naipapakita ng mga tao sa sanlibutan.

Sinasabi ng Biblia na ang pagiging makaDios nang may pagiging kontento sa buhay ay isang mahalagang katangian. Ang isang taong naghahangad ng kayamanan sa pamamagitan ng paraang panrelihiyon ay nakaharap sa parehong panganib ng sinumang tao sa mundo na naghahangad ng kayamanan. Ang mga iglesya na nangangako ng kayamanan ay nakakaakit ng mga taong hindi pa nagbabalik-loob sa pamamagitan ng pag-akit sa kanilang personal na pagnanasa. Gayunman, ang mga iglesyang ito ay napupuno ng mga taong umaasa ngunit hindi kailanman natatanggap ang ipinapangako sa kanila. Ang tanging tao na yumayaman sa ebanghelyo ng kayamanan ay ang mga mangangaral na kumukolekta ng mga kaloob mula sa mga taong naniniwala sa kanila.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Filipos 4:10-13 para sa grupo.

Nagpapasalamat si Pablo sa mga mananampalataya sa Filipos na nagpadala ng kaloob para isuporta sa kanya. Sinabi niya sa kanila na natutuhan na niyang makontento sa anumang kundisyon, maging kagutuman. Ang pangungusap na ito ay nagpapakita sa atin na hindi laging masagana ang pera ni Pablo. Sinabi niya na sa tulong ng Dios magagawa niya ang lahat ng bagay. Ang konteksto ng pangungusap ay nagpapakita na ibig niyang sabihin na sa anumang kundisyon maaari siyang maging kontento at matapat sa Dios.

## Katapatan

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Kawikaan 11:1 para sa grupo.

Ang talatang ito ay nagsasalita tungkol sa mga timbangan na ginagamit sa pagbebenta ng mga bagay ayon sa timbang, tulad ng prutas o gulay o karne. Kung minsan ang mga tao ay may timbangan na nakadisenyo upang magbigay ng maling timbang upang makakuha ng ekstrang pera. Sinasabi ng talatang ito na kinamumuhian ng Dios ang kawalang katapatan.

Maraming tao ang gumagawa ng hindi matapat na bagay para sa pera. Ang susunod na leksiyon sa kursong ito ay sa paksa ng katapatan.

## Pagtitiwala sa Dios

Sumulat si Apostol Pablo sa mga Kristiyano sa Filipos at ipinangako na ipagkakaloob ng Dios ang kanilang mga pangangailangan. Ito ay isang kamangha-manghang pangako. Dapat nating tingnan ang sipi kung saan ito natatagpuan upang makita kung ano ang sitwasyong umiiral.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Filipos 4:15-19 para sa grupo.

Nagpadala ng suportang pinansyal ang iglesya kay Pablo. Sinabi niya na iyon ay isang sakripisyo para sa Dios. Ipinangako niya na ipagkakaloob ng Dios ang kanilang mga pangangailangan. Hindi niya ipinangako ang malaking pagpapadami ng kanilang pera.

Ang pangakong ito ay hindi para sa mga taong naging iresponsable o bulagsak. Ito ay para sa mga taong napamahalaan ang kanilang pananalapi ayon sa prayoridad na espirituwal.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 6:25-33 para sa grupo.

Nagsalita si Hesus kung paanong pinakakain ng Dios ang mga ibon at pinagaganda ang mga bulaklak at ipinangako na pangangalagaan niya tayo. Sinabi niya sa atin na huwag mag-alala tungkol sa ating ikabubuhay. Ipinapangako Niya na kung uunahin natin ang kaharian ng Dios ipagkakaloob niya ang ating mga pangangailangan.

Karaniwang nag-aalala ang mga tao hindi lamang para sa *araw na ito* kundi tungkol *sa hinaharap*. Hindi ipinangako ng Dios na ipagkakaloob ang lahat nang kailangan bago pa ang panahon na kakailanganin iyon. Alalahanin na sa Lumang Tipan nang bumagsak ang manna, dumarating ito araw-araw (Exodo 16). Gayundin naman, sinabi ni Hesus na dapat nating ipanalangin ang ating "tinapay sa araw-araw" (Mateo 6:11). Nais ng Dios na pagtiwalaan natin siya sa araw-araw.

Sinabi ni Santiago na ginawa ng Dios na "mayaman sa pananampalataya" ang mahirap (Santiago 2:5). Ang mga mahihirap ay may mas mabuting pagkakataon na umasa sa Dios kaysa sa mga taong may seguridad sa pananalapi.

Ang pagtitiwala sa Dios ay hindi nangangahulugan na dapat tayong maging iresponsable. Karaniwang nagkakaloob ang Dios sa atin sa pamamagitan ng ating trabaho (Efeso 4:28). Kung ang isang tao ay hindi nakahandang magtrabaho, hindi siya dapat umasa na pagkakalooban siya ng Dios, at ang ibang tao ay hindi dapat obligahin na magbigay sa kanya (2 Tesalonica 3:10).

Hindi natin dapat asahan ang probisyon ng Dios upang gawin tayong mayaman. Pinagpapala ng Dios ang ilang tao ng kayamanan, ngunit hindi kayamanan ang plano ng Dios para sa lahat ng tao. Ang isang taong may matinding pagnanais na yumaman ay magkakaroon ng suliraning espirituwal.

### Gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan

Ang gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan ay mga bagay na taglay ng mga tao upang tulungan silang makalikha. Halimbawa ng mga ito ay lupa, isang set ng kagamitan, o isang kompyuter. Maaaring gamitin ng isang tao ang isang gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan upang kumita, subali't dapat niyang panatilihin iyon at hindi maaaring ibenta. Kung hindi, matitigil ang produksiyon. Ang isang reperensiya sa Biblia na tumutukoy sa gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan ay Kawikaan 14:4, "Kapag walang baka, ang kulungan ay malinis, subali't maaaring magkaroon ng maraming kita mula sa lakas ng isang baka."

Maaaring hindi maunawaan ng isang taong mahirap ang konsepto ng gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan. Halimbawa, maaari niyang isipin na ang kanyang kaibigan ay maraming pera dahil mayroon siyang mamahaling set ng kagamitan, o may

kompyuter, o may sasakyan. Iniisip niya na ang kanyang kaibigan o kamag-anak na mayroong ganoong gamit ay dapat makapagbigay sa kanya ng pera kapag kailangan niya ito. Gayunman, ang alinman sa mga bagay na iyon ay maaaring isang gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan na hindi maaaring ibenta nang hindi magiging dahilan upang mawalan ito ng hanapbuhay.

► Ano ang iba pang halimbawa ng gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan sa inyong kapaligiran?

Kung hindi nauunawaan ng isang tao kung paano gumagana para sa ibang tao ang gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan, marahil hindi niya nalalaman kung anong katulad na mga bagay ang maaari niyang magamit. Maaaring hindi niya masabi nang tiyakan kung ano ang pinakakailangan niya o kung anong uri ng tulong ang makakabago sa kanyang kalagayan. Maaari niyang ilarawan ang tulong bilang isang agaran, maikling pagbuti sa kanyang pang-araw-araw na pagsisikap, sa halip na bilang isang tunay na pagbabago ng buhay.

Isang aspeto ng kahirapan ay ang kawalan ng gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan. Malibang ang isang taong naghihirap ay matutuhan ang pangangailangan ng pagkakaroon, pangangalaga at pagpapaunlad gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan, hindi siya maiaalis sa pagpapakalingan.

Sa ilang kultura, mahirap para sa isang tao ang mag-ipon ng pera at pagbuo ng mga gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan, dahil ang mga tao sa kanyang paligid ay umaasa na ibabahagi niya sa iba ang lahat ng bagay. Hindi nila nauunawaan kung bakit siya nag-iipon ng pera samantalang mayroong ibang nangangailangan ng pera. Inaasahan nila na ibabahagi niya kung ano ang mayroon siya kahit na sila ay naging iresponsable.

Dapat igalang ng isang Kristiyano ang mga inaasahan ng kanyang kultura gayundin ang paglalapat ng mga prinsipyong biblikal. Sinasabi sa atin ng Kasulatan na hindi natin tungkulin na tulungan ang isang tao na ayaw gawin kung ano ang kanyang makakaya (2 Tesaslonica 3:10). Kung ipamimigay ng isang tao ang kanyang gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan upang tulungan ang isang taong iresponsable, kapwa sila mananatiling mahirap.

Ipinahihiwatig ng Kasulatan na ang klase ng kaunlaran na ibinibigay ng Dios ay ang pagkakaroon ng mga tao ng kanilang sariling gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan. Sinabi ni Propeta Mikas na sa isang pinagpalang lipunan, ang bawat tao ay dapat may kasiguraduhang magmay-ari ng "kanyang sariling baging at puno ng igos" (Mikas 4:4). Tumutukoy iyon sa pribadong pagmamay-ari ng ari-arian at paraan ng paglikha ng mga bagay. Sa ilang lugar, ang agrikultura ay maaaring hindi ang pinakamabuting anyo ng produksiyon, subali't ang prinsipyo na ang mga taong pinagpala ay dapat magtaglay ng kanilang kinakailangan upang makalikha ng mga mapagkukunan ng pangangailangan.

Madalas ang mga taong mahirap na naging Kristiyano ay nagsisimulang higit na umunlad, hindi lamang dahil sa direktang pagpapala ng Dios kundi dahil sa kanilang mas mabuting paraan ng pamumuhay. Tumigil sila sa pagsasayang ng pera sa mga bagay na tulad ng alak, pagsusugal, at mga maling anyo ng paglilibang. Sila ay nagiging mas mabuting manggagawa at nagkakaroon ng mas mabuting reputasyon. Pinagpapala ng Dios ang kanilang suporta sa mnisteryo. Madalas ang ikalawang henerasyon ng isang pamilyang Kristiyano ay nasa higit na mas mabuting kalagayan kaysa sa unang henerasyon.

► Ano ang mga paraan na maaaring magawa o ipunin ng mga tao sa inyong kapaligiran upang mapabuti ang kanilang kalagayan sa pananalapi?

### Pagsusugal

Ang pagsusugal ay pagtataya ng pera sa pagsisikap na makakuha ng pera nang walang hirap. Ang bawat taong nananalo ay kumukuha ng pera sa ibang taong natatalo, na hindi nagbabalik ng anuman. Maraming tao ang nalululong sa pagsusugal, sinasayang ang kanilang pera, at nabibigong pangalagaan ang kanilang pamilya. Maraming tao ang nakagamit na ng perang hindi naman sa kanya upang magsugal, umaasa na mananalo at mababayaran iyon. Maraming nakulong sa bilangguan dahil sa pagnanakaw para lamang nakapagsugal. Maraming taong naghihirap ang nagsusugal dahil may pakiramdam sila na wala silang pag-asang baguhin ang kanilang sitwasyon maliban sa maging masuwerte at manalo ng pera.

Taliwas ang pagsusugal sa maraming prinsipyo ng Kristiyano:

(1) Ang prinsipyo ng pagkakaroon ng kayamanan sa pamamagitan ng pagtatrabaho (Efeso 4:28)

(2) Ang prinsipyo ng pagiging kuntento (1 Timoteo 6:6)

(3) Ang prinsipyo ng paghahasik at pag-aani (Galacia 6:7)

Gayundin, nais ng Dios na magkaloob tayo ng paglilingkod o produkto para sa kita sa halip na kumiha ng pera mula sa ibang tao sa pamamagitan ng swerte. Nakasasama ang pagsusugal dahil ito ay nakakalulong at nagpaparami ng krimen.

Ang pagsusugal ay taliwas sa pagdepende sa Dios. Dapat tanungin ng isang tao ang kanyang sarili, "Naniniwala ba ako na pinangangalagaan ako ng Dios?" "Maaari ko bang ipanalangin na ibibigay ng Dios ang kailangan ko?" "Naniniwala ba ako na ang paraang nais ng Dios upang pagkalooban ako ng Dios ay sa pamamagitan ng pagtataya ng pera para magsugal, umaasa na makakuha ng pera mula sa iba?" "Iniisip ko ba na gagantimpalaan ako ng Dios sa pagsusugal kung mananalo ako ng malaking halaga?" Ang isang taong nagsusugal ay hindi nagtitiwala sa Dios sa kanyang kalagayang pinansyal. Kapag tunay tayong nagtitiwala sa Dios, sinusunod natin ang kanyang malinaw na mga tagubilin sa atin,

nalalaman natin na matapat niyang ipagkakaloob ang ating mga pangangailangan habang tayo ay sumusunod sa kanya.

## Utang

Kapag ang isang tao ay humihiram o umutang ng pera, iniisip niya na mababayaran niya iyon mula sa perang kikitain niya sa hinaharap. Samakatuwid, ang paghiram ay ang paggastos ng pera mula sa hinaharap kahit na ang hinaharap ay magdadala rin ng mga bagong pangangailangan.

Sinasabi ng Biblia na ang umuutang ay alipin ng nagpapautang (Kawikaan 22:7). Ang umuutang ay lumilikha ng mga obligasyon na naglilimita sa kanyang kalayaan.

May ilang uri ng pangungutang na mas masama kaysa sa iba. Kapag ang isang tao ay nangungutang para sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, pumapasok siya sa mas masamang kalagayan. Mauubos ang pagkain, at mananatili ang utang, at siya ay magiging mas mahirap pa kaysa dati.

Kapag ang isang tao ay nangungutang ng pera para sa isang bagay na hindi kinakailangan, halimbawa ay personal na palamuti, hindi kinakailangang pananamit, libangan, o dekorasyon sa bahay, ginagastos niya ang kanyang pera sa hinaharap. Nililimitahan niya ang kanyang kalayaan sa hinaharap; sa hinaharap hindi na niya magagawang piliin na bumili ng mga bagay dahil nagastos na niya ang pera.

May mga negosyo na nagpapautang ng pera na may mataas na dagdag na tubo. Ang mga taong umuutang sa kanila, hindi magtatagal, ay higit na mas marami ang pagkakautang kaysa sa orihinal nilang hiniram. May mga tindahan na nagbebenta ng mga bagay nang utang sa mataas na interest rate. Sa wakas nagbabayad ng higit na malaking halaga ang mga tao para sa bagay na kanilang binili nang utang dahil hindi sila nakapaghintay hanggang sa panahon na mayroon na silang sapat na pera upang bilhin iyon sa normal na halaga.

Kung minsan nangungutang ng pera ang mga tao upang maibigay ang mamahaling kasal na inaasahan ng kanilang kultura. Nagsisimula sila sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa nang may malaking utang. Ang iglesya bilang isang pamilya ng pananampalataya ay dapat tumulong sa mga miyembro nito sa pagbuo ng mga bagong kaugalian o paghanap ng mga paraan upang gawing maganda ang kasal nang hindi kinakailangang lubhang malaki ang gastos.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 13:7-8 para sa grupo.

Sinasabi ng mga talatang ito na dapat nating ibalik ang utang natin sa kanila. Utang natin ang respeto at pagsunod sa mga awtoridad. Utang natin ang mga buwis sa pamahalaan. Ang unang pangungusap sa talatang 8 ay nagbubuod sa mga pangungusap sa talatang 7. Hindi tayo dapat mabigong ibigay sa sinuman kung ano ang dapat nating ibigay. Hindi ito nangangahulugan na hindi tayo kailanman dapat manghiram, dahil kung binabayaran natin

tulad nang pinagkasunduan natin sa nagpautang, hindi tayo nabibigong ibigay kung ano ang ating nararapat ibigay.

Nagnanakaw ang isang tao kapag nangungutang siya nang walang intensiyon na bayaran iyon, o ang manghiram at pagkatapos ay magpasya na hindi na ito bayaran (Awit 37:21)

Karamihan sa mga kautusan sa Lumang Tipan ay nakaukol sa bansang Israel bilang isang primitibong lipunang agrikultural. Karamihan sa mga tao ay nabubuhay sa pagsasaka at sa pagdadala kung ano ang kinakailangan sa kanilang sambahayan. Pag-aari ng mga pamilya ang parehong lupa sa maraming henerasyon. Samakatuwid, bihira sa isang tao ang humihiram ng pera upang bumili ng lupa o magsimula ng negosyo. Kung ang isang tao ay humihiram ng pera, ito ay dahil siya ay nasa masamang sitwasyon at nangangailangan ng pera para sa mga pangunahing pangangailangan. Nais ng Dios na ang Israel ay maging isang pamilya ng pananampalataya na nangangalaga para sa mga miyembro nito. Sinabi ng Dios sa kanila na magpahiram ng pera sa mga taong nangangailangan nang hindi humihingi ng anumang tubo (Exodo 22:25). Isa sa mga katangian ng isang taong matuwid na inilarawan sa Awit 15 ay ang kanyang pagpapautang ng pera na walang tubo.[37]

Hindi masama para sa isang namumuhunan na humingi ng tubo kapag siya ay nagpapautang ng pera upang tulungan siyang magsimula ng negosyo.[38] Ang tubo ang gantimpala para sa namumuhunan sa pagtulong niya na maging posible ang negosyo.

Ang mga taong nakikipagnegosyo sa mahihirap ay hindi lamang dapat nag-iisip kung paano kikita ng tubo (Kawikaan 22:16a). Hindi tama na magbenta ng mga produktong mababa ang kalidad o maningil ng hindi angkop na presyo, dahil ang mahihirap ay walang ibang pagpipilian. Hindi tama na magpautang o magbenta ng mga gamit na ipinauutang para sa layunin ng kumuha ng mataas na patubo mula sa mga taong humihiram lamang dahil sa mahihirap na kalagayan. Dapat humanap ng mga paraan ang isang negosyente upang mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga mamimili.

Sinabi ni Propeta Ezekiel na ang kasalanan ng Sodoma ay hindi lamang ang sekswal na imoralidad kundi ang mga tao ay namumuhay sa karangyaan nguni't "hindi pinalalakas ang kamay ng mahihirap" (Ezekiel 16:49). Tinatawag tayo ng Dios hindi lamang upang magbigay sa mahihirap, kundi upang tumulong din *sa mga natatanging mga paraan* upang mas palakasin sila.

Ang mga kautusan ng Dios para sa sinaunang Israel ay nagpapakita sa atin ng kanyang mga prayoridad. Sa kasalukuyan ang mga batas ng ating bansa ay hindi pareho sa mga batas na ibinigay ng Dios sa Israel, ngunit ang mga inaalala niya ay iyon pa rin at pareho rin ang mga prinsipyo. Dapat humanap ang iglesya ng mga paraan kung paano palalakasin

---

[37]Ang Ezekiel 18:5-9 aykatulad ng Awit 15.
[38] Mateo 25:27

ang mahihirap, unang mangangalaga para sa pamilya ng pananampalataya, pagkatapos ay gagawa ng pagkakaiba sa komunidad.

## Pagbadyet sa Pananalapi

May mga tao na ginagastos agad ang lahat ng kanilang pera sa oras na matanggap nila iyon. Madalas silang nahihirapan sa mga pangangailangan bago sila magkaroon muli ng pera. Hindi nila nagagawang magkaroon ng responsibilidad para sa iba.

Ang badyet ay isang plano ng pangangasiwa sa karaniwang mga paggastos. Karamihan sa mga tao ay may mga gastusin na kanilang inaasahan sa mga tiyak na panahon, at dapat silang maglaan ng pera para sa mga pangangailangang iyon bago pa man dumating ang araw. Halimbawa, ang isang tao ay umuupa ng bahay. Maaari siyang magbayad buwan-buwan o taun-taon. Kailangan niyang magpatuloy na magtabi ng isang bahagi ng kanyang kinikita upang makapagbayad siya ng upa kapag dumating na ang oras. Kung ang kanyang upa ay taunan, maaari niyang hawakan ang bahagi ng perang iyon sa mahabang panahon, at mayroong tukso na gamitin iyon, subali't dapat niyang ilaan ang perang iyon at ituring na nagasta na ang pera.

Ang unang perang dapat ilaan ay ang ikapu (Kawikaan 3:9-10). Dapat mong ipangako na magbigay ng 10% ng iyong kinikita upang suportahan ang ministeryo. Huwag mong tingnan kung mayroon kang sobrang pera para sa ikapu pagkatapos mong gumastos. Pagpapalain ng Dios ang iyong katapatan.[39]

Pagkatapos mabayaran ang mga pangunahing pangangailangan mula sa kanyang natitirang sweldo, dapat siyang maglaan para sa mga hindi inaasahang gastos. Dapat siyang maglaan ng pera para sa pagpapaunlad sa kanyang kalagayan, tulad ng pag-iipon ng pera para makabili ng kanyang sariling bahay. Dapat din niyang sikapin na gawing puhunan ang bahagi ng kita para madagdagan ang kanyang kita. Ang isang halimbawa ng maliit na pamumuhunan ay ang pagbili ng mga kagamitan na magbibigay sa kanya ng pagkakataon na higit na mabayaran sa pagtrabaho.

Ang isang taong may gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan (isang bagay na nakakatulong sa kanya upang makagawa ng dagdag na kita) tulad ng isang sasakyan o gusali ay dapat maglaan ng pera upang panatilihin at alagaan ang kagamitan. Kung ang taong iyon ay nagkakaroon ng dagdag na kita dahil sa kanyang kotse ngunit hindi nagtatabi ng pera, hindi niya magagawang bayaran ang mga pangunahing pagpapaayos ng sasakyan o bumili ng iba, at sa kalaunan ang kanyang dagdag na kita ay matitigil na.

Ang isang tao na hindi nagbabadyet ay kadalasang hindi nagagawang tuparin ang kanyang mga responsibilidad. Maaari siyang umasa sa iba upang tulungan siya at hindi niya kayang

[39] Isang malalim na pag-aaral tungkol sa pag-iikapu ang ginawa sa kurso ng Shepherds Global Classroom na *Doctrine and Practice of the Church*, available at https://www.shepherdsglobal.org/courses

tumulong sa iba. Hindi kailanman bumubuti ang kanyang kalagayan dahil hindi siya namumuhunan sa anumang paraan.

Ikinuwento ni Hesus ang Mabuting Samaritano na tumulong sa lalaking sugatan.[40] Pansinin na ang Samaritano ay mayroong pera at isang asno na ginamit upang dalhin ang sugatang lalaki. Paano kung naibenta na ng Samaritano ang kanyang asno at ginastos na ang lahat ng kanyang pera? Kahit na mayroon siyang mabuting pagnanais na tumulong, malilimitahan siya sa kanyang kakayahan na pumagitan sa sitwasyon.

Sa pagbabadyet nagkakaroon ng kakayahan ang tao na paghandaan ang kanyang mga pangangailangan, magkaroon ng pananagutan para sa mga taong umaasa sa kanya, mamuhunan para sa kanyang hinaharap, tumugon sa mga di inaasahang pangyayari, at sumuporta sa ministeryo.

## Ang Pamilya ng Pananampalataya

Sa mga unang araw ng iglesya, pagkatapos ng Pentekostes, ang mga mananampalataya ay naglaan ng sarili sa pamilya ng pananampalataya kung kaya't tiniyak nilang natutugunan ang pangangailangan ng bawat isa. Ibinabahagi nila ang kanilang ari-arian, at walang sinumang nagsabi na pag-aari nila ang anuman. Marami sa kanila ang nagbenta ng ari-arian at ibinigay ang pinagbilhan sa iglesya (Mga Gawa 2:44-45). Bagaman hindi natin maaaring asahan ang buhay sa iglesya na laging maging katulad nito, nakikita natin na kapag ang iglesya ay nasa pinakamabuti nitong kalagayan, mayroong pagiging bukas-palad, at kagustuhang mangalaga sa pamilya.

Tinitiyak ng mga mananampalatayang taga-Tesalonica na lahat ng mga miyembro ay may pagkain, subalit ang ilan ay hindi nagtatrabaho. Ang mga taong iyon ay namumuhay sa karangyaan, umaasa sa pagiging bukas palad ng iglesya. Hindi sinabi ni Pablo sa iglesya na mali ang pangangalaga sa mga miyembro ng pamilya ngunit ang isang tao ay hindi dapat bigyan ng pagkain kung hindi siya handang magtrabaho (2 Tesalonica 3:10). Para sa ilan, ang gawain ay maaaring hindi ang pagtatrabaho para sa sweldo, kundi ang pagtulong sa ibang mananampalataya ayon sa pangangailangan. May mga tao na hindi makapagtrabaho nang may sweldo, nguni't halos ang lahat ay may magagawa upang makatulong.

Sa ibang mga sulat ni Pablo nagbigay siya ng mga direksiyon sa pagtulong sa mga balo at pagsuporta sa mga pastor (1 Timoteo 5:3-18, Galacia 6:6).

Ang bawat Kristiyano ay dapat maging bahagi ng isang lokal na pamilya ng pananampalataya at dapat italaga ang sarili sa pagtulong sa mga pangangailangan ng mga miyembro at suporta sa ministeryo.

[40] Lucas 10:25-37

## Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

► Paano makapagtatrabaho ng sama-sama ang iglesya upang mangalaga sa mga pangangailangan sa iglesya habang inuutusan ang mga tao na magkaroon ng pananagutan?

► Anong mga pagkakataon ang umiiral sa inyong kapaligiran para sa mga tao sa iglesya upang sama-samang magtrabaho upang magpaunlad ng mga gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat sa inyong pangako na tutugunan ang aking mga pangangailangan. Tulungan mo po akong maging matapat sa aking mga tungkulin na humanap ng aking ikabubuhay at para rin sa iba na umaasa sa akin. Tulungan mo po akong maging mapagbigay kung ano ang mayroon ako. Tulungan mo po akong mgaging matalino sa pagtugon sa mga pangangailangan ng iba.

Idinadalangin ko po ang inyong mga pagpapalang pinansiyal, ngunit higit sa lahat nais kong manatili ang mga prayoridad na espirituwal at masiyahan dahil sa aking relasyon sa iyo.

Amen

## Leksiyo 9 Mga Takdang Aralin

(1) Mataimtim na ipanalangin at isaalang-alang ang mga prinsipyong ayon sa Kasulatan na ibinigay sa leksiyong ito. Sagutan at isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na katanungan.

- Anong mga tuksong aking kinahaharap patungkol sa pera at mga mapagkukunan ng pangangailangan?
- Sa paanong paraan ako ngayon kumikita ng pera at mapagkukunan ng pangangailangan?
- Paano ko ginagamit at pinamamahalaan ang pera at mapagkukunan ng pangangailangan?
- Ano ang kahulugan ng pagtitiwala sa Dios patungkol sa pera at mapagkukunan ng pangangailangan?
- Anong gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan ang taglay ko ngayon?
- Mayroon bang gumaganang mapagkukunan ng pangangailangan na dapat kong paghandaan na kunin sa hinaharap? Kung mayroon, paano ko iyon gagawin?
- Sa anong mga paraan ko ginamit nang di-wasto ang pera at mapagkukunan ng pangangailangan?
- Paano ko itatama ang anumang maling paggamit ng pera at mapagkukunan ng pangangailangan na nakalista sa itaas?

(2) Sumulat ng isang pahinang presentasyon ng mga prinsipyo mula sa leksiyong ito, na gumagawa ng mga tiyak na paglalapat sa inyong kapaligiran. Ano ang dapat maunawaan ng mga tao sa inyong kapaligiran tungkol sa Kristiyanong pagkaunawa sa pera?

(3) Isaulo ang Kawikaan 3:13-17 at sumulat ng isang parapo na pagbubulay dito. Sa simula ng susunod na oras ng klase, isulat ang talatang ito mula sa iyong memorya at ibigay sa tagapanguna sa klase ang iyong parapo.

# Leksiyon 10
# Katapatan

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa katapusan ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat italaga ang sarili sa pagiging lubusang matapat sa lahat ng sitwasyon sa lahat ng pagkakataon.

## Si Abraham Lincoln, Isang Matapat na Lalaki

Nagtrabaho si Abraham sa isang tindahan. Isang araw napagtanto niya na nagkamali siya ng sukli sa isang bumili. Nakaalis na ang babae. Nakatira siya ng ilang milya sa isang lugar sa labas ng lunsod. Alam ni Abraham na hindi niya siya makikita sa lalong madaling panahon. Bagaman maliit lamang ang halaga, inaalala niya na baka kailanganin iyon ng babae. Nais din niyang tiyakin na hindi nito iisipin na sinadya niyang hindi ibigay ang tamang sukli. Pagkatapos magsara ang tindahan sa araw na iyon, naglakad ng ilang milya si Abraham upang ibalik ang pera. Dahil sa kanyang pagiging maingat sa sitwasyong iyon at sa iba pang pagkakataon, tinawag siyang "Si Abeng Matapat" ng kanyang mga kaibigan. Nang malaon, siya ay naging isang abogado, at sa paglipas ng panahon ay naglingkod bilang Pangulo ng Estados Unidos.

## Ang Likas na Katangian ng Dios

Sinasabi sa atin ng Biblia na hindi makapagsisinungaling ang Dios (Tito 1:2, Hebreo 6:18). Ang kanyang likas na katangian ay nananatiling pareho at hindi nagbabago (Santiago 1:17). Hindi lamang sinasabi ng Dios ang katotohanan kapag ito ay magbibigay ng kabutihan. Hindi siya nagsisinungaling upang makakuha ng mabuting mga resulta. Maaari tayong magkaroon ng katiyakan na ang Salita ng Dios ay lubusang totoo at mapagkakatiwalaan. Binibigyan tayo ng seguridad ng kanyang katotohanan (Awit 40:11, 91:4).

► Paano maaapektuhan ang iyong relasyon sa Dios kung hindi ka nagtitiwala sa kanya na lagi siyang magsasabi ng katotohanan?

Isipin ninyo kung paanong ang katotohanan ay mahalaga sa ating relasyon sa Dios. Tinatawag tayo ng Dios upang lubusang italaga ang ating sarili sa kanya. Hindi natin iyon magagawa kung hindi natin siya lubusang pinagtitiwalaan.

## Ang Pamantayan ng Katotohanan ng Dios.

Nais ng Dios na lagi nating sabihin ang katotohanan. Ang isang taong nagsisinungaling ay hindi matuwid sa paningin ng Dios (Kawikaan 12:17).

Kung minsan nagsisinungaling ang mga tao upang manalo sa kaso sa korte. Ang mga taong may pera ay nagbabayad sa hukom upang tanggapin ang mga kasinungalingan upang

angkinin ang mga pag-aari ng iba (Santiago 2:6). Ang mayayamang tao ay tumatakas sa hustisya at humahatol sa mga taong inosente sa pamamagitan ng pagbabayad ng suhol upang itatag ang mga kasinungalingan (Santiago 5:1, 6).

Kasalanan kapag sumasaksi tayo sa kasinungaling, kahit pa iniisip mo na ang layunin mo ay tama. Hinahatulan ng Biblia ang mga nagsisinungaling na saksi at hindi nagpapahintulot ng pagtatangi.[41] Maraming tao ang nag-iisip na makapagsisinungaling sila kung ang pagsisinungaling ay makatutupad ng mabuti at hindi nakalilikha ng masama, subalit hindi ibinibigay ng Biblia ang gayung pagpipilian. Hindi tayo kailanman sinabihan ng Kasulatan na may mga pagkakataon na kailangan nating magsinungaling.

Ang mga Kristiyano ay dapat magsalita ng katotohanan nang walang itinatangi. Kinakailangan ang katotohanan sa ating mga relasyon.

Sinasabi ng Efeso 4:15 na kinakailangan ang pagsasalita ng katotohanan para sa paglago sa espirituwal na kahustuhan sa edad.

Sinasabi ng Colosas 3:9 na ang pagsisinungaling ay bahagi ng makasalanang buhay na iniwan na natin.

Huhukuman at hahatulan ng Dios ang mga sinungaling. Kabilang ang mga sinungaling sa isang listahan ng mga kasuklam-suklam na makasalanan na hinatulan ng batas ng Dios (1 Timoteo 1:10, Pahayag 22:15). Ang lahat ng sinungaling ay itatapon sa lawa ng apoy (Pahayag 21:8). Hindi makakapasok ang mga sinungaling sa lunsod ng Dios (Pahayag 21:27).

### Paglalapat ng Katotohanan sa Negosyo at mga Relasyon

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Kawikaan 11:1 para sa grupo.

Nagsasalita ang talatang ito tungkol sa mga timbangan na ginagamit upang magbenta ng anumang bagay ayon sa timbang, tulad ng prutas, o gulay, o karne. Kung minsan ang mga tao ay may timbangan na nakadisenyo para magbigay ng maling timbang upang kumuha ng ekstrang pera. Sinasabi ng talata na kinamumuhian ng Dios ang kawalang katapatan.

Hindi tama para sa tao na magbenta ng isang bagay habang nagsisinungaling tungkol sa kundisyon nito, at itinatago ang mga depekto nito. Hindi tama na magsinungaling kapag sinasabi natin sa ibang tao kung magkano natin nabili ang isang bagay na nais nating maibenta sa mas mataas na halaga.

Hindi tama para sa isang tao na pirmahan ang isang hindi totoong ulat upang makaiwas sa pagbabayad ng pera. Hindi tama para sa isang tao na tulungan ang kanyang amo na linlangin ang mga tao para kumita ng pera.

[41] Exodo 20:16, Kawikaan 6:16-19, 14:25, 19:5, 9

► Ano ang mga anyo ng kawalang katapatan na inyong naobserbahan?

Sinasabi ng Biblia na ang mga taong masama ay humihiram at hindi na nagbabayad (Awit 37:21, Kawikaan 3:28). May mga tao na humihiram at pagkatapos ay hindi nakararamdam ng obligasyon na bayaran ang kanilang utang. Sinasabi ng Biblia na tiyakin natin na hindi tayo nabibigong ibigay sa iba ang utang natin sa kanila (Roma 13: 7-8).

Ang katapatan ay nangangahulugan na tinutupad mo ang iyong mga pangako at mga inaasahan sa iyo. Inilalarawan ng Awit 15 ang isang taong may mabuting relasyon sa Dios. Isa sa kanyang katangian ay nangangako siya at tinutupad iyon kahit na magiging malaki ang halaga niyon sa kanya (Awit 15:4).

Kawalan ng katapatan kapag ang isang tao ay hindi nagtatrabaho ayon sa dapat niyang gawin para sa taong umuupa sa kanya (Efeso 6:5-6).

Hindi tama para sa isang manggagawa na magnakaw ng mga kagamitan mula sa kanyang amo (Tito 2:9-10).

Mali na magbigay ng maling resibo na nagsasabi na ang isang bagay ay mas mataas ang halaga kaysa tunay na presyo nito. Mali para sa isang empleyado o ahente na magsinungaling tungkol sa presyo ng isang bagay upang naitago niya ang sobrang pera.

Mali para sa isang amo o umuupa na hindi ibigay ang ipinangakong sweldo para sa mga manggagawa (Santiago 5:4).

Mali na itago ang isang bagay na hindi sinasadyang maiwala ng ibang tao. Dapat mo iyong ibalik sa tunay na may-ari kung magagawa mo. (Deuteronomio 22:1).

Kung ikaw ay nangangasiwa ng mga ari-arian ng ibang tao (katulad ng amo o isang ministeryo), mali na gumamit ng pera o mga bagay para sa iyong sarili kung hindi ka binigyan ng pahintulot na gawin iyon.

## Isang Ilustrasyon ng Mga Hamon ng Kultura sa Pagiging Matapat

Sa ilang komunidad ang mga tao ay namumuhay sa ilalim ng pangangalaga ng isang hepe. Ang mga tao ay tapat sa hepe, at ang hepe ay inaasahang tutulong sa kanila sa lahat ng pangangailangan. Sa ganitong mga komunidad ang mga tao ay walang maraming pansariling pag-aari. Ang pinakamahalagang pinagkukunan ng pangangailangan, tulad ng lupa, ay pag-aari ng komunidad. Ang mga nangunguna ay inaasahang pamamahalaan ang mga pinagkukunan ng pangangailangan para sa kapakinabang ng lahat. Kapag may pangangailangan ang isang tao, may pakiramdam siya na mayroon siyang karapatang kunin kung ano ang kanyang kailangan mula sa pinagkukunan ng pangangailangan ng komunidad.

Si Gerald ay isinilang sa isang pamayanan sa gubat. Ang kanyang pamilya at ang mga pamilya sa kanilang kapaligiran ay nagtatanim ng pagkain sa lupain na pag-aari ng

pamayanan. Humahanap sila ng mga pinagkukunan ng pangangailangan sa gubat. Walang sinuman sa kanila ang nagmamay-ari ng sariling lupa, maging ang lugar na kinatatayuan ng kanilang mga bahay. Nagtutulungan ang mga pamilya kapag sila ay may suliranin. Ang hepe ay tulad ng isang ama sa buong pamayanan. Inaasahan ng mga tao na tutugunan niya ang kanilang mga pangangailangan.

Nang magkaedad si Gerald nakakuha siya ng trabaho sa isang kompanya na pumuputol ng mga puno para gawing tabla. Umalis siya sa pamayanan upang tumira malapit sa lugar ng trabaho. Siya ay may sweldo buwan-buwan. Kung minsan hindi sapat ang kanyang pagkain dahil hindi siya sanay sa pagbabadyet ng kanyang suweldo. Inasahan niyang ibibigay ng amo niya ang kanyang pagkain, at nagulat siya ng sabihin ng amo na responsibilidad ni Gerald na bumili ng lahat ng kailangan niya mula sa kanyang sweldo. Nang kailanganin ng kanyang kapatid na babae ng doktor, humingi si Gerald ng pera sa kanyang amo para sa kanyang kapatid. Nagalit si Gerald nang hindi siya tinulungan ng kanyang amo. Inisip ni Gerald na dapat siyang tulungan ng kanyang amo sa kanyang mga problema, subalit sinabi nito na tanging ang sweldo ang responsibilidad niya kay Gerald. Nang umalis si Gerald sa kanyang trabaho, ninakaw nito ang ilang kagamitan upang dalhin sa kanilang pamayanan, dahil ang pakiramdam niya, hindi naging sapat ang tulong ng kanyang amo sa kanya.

Pagkalipas noon, lumipat si Gerald kasama ang kanyang asawa at anak sa lunsod. Nagtrabaho siya sa isang malaking groseri. Hiningi ni Gerald sa kanyang amo na bayaran nito ang gastos sa pag-aaral ng kanyang anak, ngunit hindi ito ginawa ng amo. Kung minsan hindi sapat ang pera ni Gerald upang mabili ang lahat ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Dahil nagtatrabaho siya sa isang tindahan na nagbebenta ng pagkain, inisip niya na dapat siyang pahintulutang kumuha ng pagkain mula sa tindahan upang iuwi sa kanyang pamilya. Alam niya na hindi papayag ang kanyang amo, kaya't palihim siyang kumukuha ng pagkain.

May mga manggagawa na hindi nauunawaan ang hangganan o limit ng pananagutan ng isang amo. Iniisip nila na responsable ang amo para sa lahat ng kanilang mga pangangailangan. Humihingi sila sa kanya ng maraming anyo ng tulong bukod sa sweldo para sa kanilang trabaho. Kapag hindi niya ibinigay ang kanilang kailangan, ang pakiramdam nila ay makatwiran na sila ay magnakaw. Para sa kanila kailangan nitong ibigay ang kanilang mga pangangailangan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Tito 2:9-14 para sa grupo.

Sinasabi ng mga talatang ito na ang isang manggagawa ay hindi dapat magnakaw sa kanyang amo. Sinasabi ng talatang 10 na pinagaganda ng katapatan ang mga doktrina ni Kristo. Ang mga sumusunod na talata ay naglalarawan ng pamumuhay ng isang tao kapag siya ay binago na ng biyaya.

## Mapagkakatiwalaan

Ang pagiging matapat ay hindi lamang tungkol sa pera at mga ari-arian.

Ipinangako ni Carlos sa kanyang kasosyo na magkikita sila sa alas-8 ng umaga. Gayunman, tinanghali siya ng gising at kumain pa ng almusal. Nahuli siya ng mahigit sa isang oras. Sinabi niya sa kanyang kasosyo na tanghali na nang sunduin siya ng drayber. Hindi nagulat ang kanyang kasosyo. Alam ng lahat ng kaibigan ni Carlos na hindi siya kailanman tumutupad sa kanyang mga pangako.

Si Carlos ay hindi matapat sa dalawang paraan:

(1) Hindi siya tumupad sa kanyang pangako.

(2) Nagsinungaling siya sa dahilan kung bakit siya nahuli.

Maaari ka bang paniwalaan ng mga tao kapag sinabi mong gagawin mo ang isang bagay o darating ka sa isang lugar na pinag-usapan? Naniniwala ka ba sa iyong sarili kapag sinabi mo iyon? Kapag mayroon kang ipinangako, ipinapangako mo rin na gagawin ang kinakailangan upang tuparin iyon. Mali na mangako ka ng isang bagay at pagkatapos ay hindi ka magsisikap na tuparin ang iyong pangako.

Kapag nabigo kang tuparin ang isang pangako, dapat kang humingi ng paumanhin. Hindi ka dapat magsinungaling tungkol sa dahilan kung bakit ka nabigong tumupad.

Mali na sisihin ang ibang tao sa inyong organisasyon para sa iyong mga pagkakamali. Hindi ka pagtitiwalaan ng inyong grupo kung alam nilang ikaw ay magsisinungaling tungkol sa mga pagkakamali.

Ang isang tagapanguna na karapat-dapat ay hindi humihikayat sa mga tao na sumunod sa kanya sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila ng mga kasinungalingan. Isinulat ni Stephen Covey na "Ang pangunguna ay nagkakaroon ng mga resulta sa paraan na nakahihikayat ng pagtitiwala."[42]

## Ang Pagsasaalang-alang sa Relasyon

Maraming tao ang naniniwala na mali ang magsinungaling sa mga kaibigan o kamag-anak ngunit tama lang magsinungaling sa ibang kategorya ng mga tao. May mga taong nagnanakaw ng pera o mga gamit mula sa kanilang mga amo dahil iniisip nila na dapat silang upahan ng higit pa. May mga taong nagnanakaw mula sa mayayamang tao, lalo na sa mga banyagang mayayaman. May mga tao na gumagawa ng mga hindi pantay na mga transaksyon sa mga taong mula sa ibang katutubong grupo o kalagayang panlipunan.

Sinabi ni Hesus na dapat nating mahalin ang ating kapwa nang tulad sa ating sarili. Naaalala ba ninyo ang tanong ng isang abogado kay Hesus? "Sino ang aking kapwa?"[43] Nais ng

---

[42] Stephen M. R. Covey.*The Speed of Trust: The One Thing That Changes Everything*.(New York: Free Press, 2006).
[43] Lucas 10:29

abogado na tukuyin ng tiyak ni Hesus ang kategorya ng tao na dapat nating mahalin. Ikinuwento ni Hesus ang istorya tungkol sa "Mabuting Samaritano." Ang kwento ay tungkol sa dalawang tao na mula sa magkaibang grupong etniko na nagkita sa unang pagkakataon. Wala silang relasyon sa nakaraang panahon, at may di-pagkakasundo sa pagitan ng kanilang pinagmulang grupo. Tinulungan ng Samaritano ang lalaking nangangailangan, kahit na hindi niya iyon tungkulin o dahil sa anumang relasyon. Ang isa sa mga punto na ibinigay ni Hesus sa kuwentong ito ay walang taong dapat na maibukod mula sa ating pagmamahal.

Hindi tayo ang dapat magpasya kung kanino tayo dapat maging tapat. Hindi tayo dapat maging matapat sa mga piling tao lamang. Kahit na iniisip natin na hindi makakasama sa isang tao ang ating pagiging hindi matapat, nais nating bigyang-lugod ang Dios sa pagiging matapat (Mga Gawa 24:16).[44]

Anong uri ng tao ang nais mong maging? Anong uri ng tao ang nais ng Dios na ikaw ay maging?

Maaaring may tao na hindi karapat-dapat sa iyong paggalang, subalit nais ng Dios na ikaw ay maging magalang.

Maaaring may tao na hindi karapat-dapat sa iyong katapatan, subali't nais ng Dios na ikaw ay maging matapat.

Maaaring may isang tao na hindi karapat-dapat sa iyong pagmamahal, subalit minahal ka ng Dios kahit noong hindi ka karapat-dapat mahalin, at nais ng Dios na ikaw ay maging isang taong mapagmahal.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Pedro 2:21-23 at 3:8-12 para sa grupo.

Huwag mong hayaan na ang ugali ng iba ang magdikta ng iyong pagkatao. Maaaring magsinungaling ang isang tao sa iyo, subali't hindi kailangang ikaw ay maging sinungaling. Maaaring magnakaw sa iyo ang isang tao, subali't hindi ka dapat maging isang magnanakaw. Ang isang tao ay maaaring maging masama ang ugali sa iyo, ngunit dapat kang maging magalang.

## Mga Paglalarawan Mula sa Buhay

Ang lahat ng mga paglalarawan sa seksiyong ito ay mga tunay na pangyayari, ngunit ang mga pangalan at detalye ay binago. Ito ay mga halimbawa ng pagnanakaw, o pagsisinungaling o pareho.

*Tiyakin na nauunawaan ng mga mag-aaral kung ano ang nangyari sa bawat ilustrasyon. Hilingan ang mga mag-aaral na ipaliwanag kung bakit mali ang ginawa sa ilustrasyon.*

---

[44] Gayundin sa Filipos 1:10, 2 Corinto 5:9

(1) Nagtatrabaho si George sa isang pabrika. Madalas siyang nag-uuwi ng mga gamit na panlinis, mga kasangkapan, at maliliit na bagay dahil alam niya na kayang palitan iyon ng pabrika.

(2) Si Pedro ay isang drayber ng trak ng gasolina para sa isang malaking kumpanya. Kung minsan habang siya ay nagmamaneho ng trak ng kumpanya, nakakikita siya sa tabing daan ng karatula na nagsasabi na "Bumibili kami ng krudo." Paminsan-minsan tumitigil siya at nagbebenta sa kanila ng kaunting krudo galing sa trak, dahil alam niya na hindi naman malalaman ng kumpanya na nabawasan iyon.

(3) Pinagtitiwalaan si Tamara na bumili ng kompyuter para sa opisinang kanyang pinagtatrabahuhan. Sinuhulan niya ang ahente sa tindahan na gumawa ng mga resibo na may mataas na presyo kaysa sa pagkakabili upang makupit niya ang bahagi ng pera.

(4) Sa isang parke sa isang malaking lunsod, may isang lalaki na nagbebenta ng bombilya ng ilaw na hindi na nagagamit. Alam ng mga bumibili nito na hindi na ito magagamit. Binibili nila ito upang dalhin sa kanilang opisina kung saan nagnanakaw sila ng maayos na bumbilya, at pinapalitan iyon ng lumang bumbilya.

(5) Si Alex ay isang punung-guro sa paaralan. Isang araw, pumunta sa kanya ang ama ng isa sa mga mag-aaral at hinihingi na bigyan ang kanyang anak ng mataas na grado sa Algebra. Binigyan niya si Alex ng pera. Inutusan ni Alex ang guro sa Algebra na bigyan ang mag-aaral ng mataas na grado.

(6) Si Angelo ay isang guro sa unibersidad. Maliit lamang ang kanyang sahod. Sinabi niya sa kanyang klase na magiging napakahirap ng pagsusulit at walang sinumang mag-aaral ang makapapasa sa pagsusulit nang hindi bumibili sa kanya ng isang pahina na may mga sagot.

(7) Si Alex ay isang punung-guro sa isang paaralan ng gobyerno. Isang araw, si Vanya, isang kaibigang nagtatrabaho sa isang organisasyong pangmisyon ay nagtanong kung maaaring umupa ng ilang kwarto sa gusali ng paaralan. Nagbigay ng presyo si Alex, at dinadala ni Vanya kay Alex ang upa buwan-buwan. Inangkin ni Alex ang pera at hindi kailanman iniulat ang kinita.

(8) Si Vanya ay nagtatrabaho sa isang misyon na nangailangang umupa ng espasyo para sa silid-aralan. Pumunta siya sa kanyang kaibigang si Alex na punung-guro sa isang paaralan. Nagkasundo sila sa presyo ng upa, pagkatapos, sinabi nila sa misyon ang mas mataas na halaga. Buwan-buwan, dinadala ni Vanya kay Alex ang pera subali't itinatago ang sobrang halaga.

(9) Nagtatrabaho si Sergei sa isang ministeryong nangangailangan ng bagong gusali. Pinahanap siya ng ministeryo ng isang construction company na magtatayo para sa kanila. Nakipag-usap si Sergei sa ilang contruction companies. Sa halip na piliin ang

kompanyang magbibigay ng pinakamabuting presyo, pinili niya ang kumpanya na nangakong hahatian siya sa perang makukuha nila sa ministeryo.

(10) Kailangan ni Alberto ng rehistro para sa kanyang kotse, subalit alam niya na hindi ito papasa sa inspeksiyon dahil ang ilan sa mga ilaw nito ay hindi gumagana. Dinala niya ang kanyang kotse sa departamento para iparehistro pero nakita niya na mahaba ang pila ng mga taong naghihintay para ipainspeksiyon at iparehistro ang kanilang sasakyan. Isang lalaki malapit sa pinto ang nagsabi sa kanya na kung magbabayad siya sa halagang nais niya ay maikukuha niya si Alberto ng rehistro nang mabilis at hindi na kailangan ng inspeksiyon. Binayaran ni Alberto ang presyo at hindi nagtagal ay pauwi na siya dala ang rehistro.

(11) Dumating si Simon para kunin ang kanyang kotse sa paradahan ng sasakyan. Sinabi ng bantay doon ang presyo ng pagparada sa lugar. Binigyan ni Simon ang bantay ng kulang na bayad ngunit hindi niya kinuha ang parking tiket. Ibibigay niya ito sa ibang pumarada upang maging kanya na ang perang ibinayad ni Simon.

(12) Hindi nag-aral ng mabuti si Anna para sa pagsusulit. Nang dumating siya sa klase naupo siya malapit sa isang matalinong kaibigan upang maaari siyang kumopya ng mga sagot mula sa pagsusulit ng kanyang kaibigan.

(13) Nagmamaneho si Igor ng traktorang may araro para sa isang malaking bukid ng gobyerno. Gusto niyang maagang matapos. Itinaas niya ang araro upang hindi ito gaanong huhukay nang malalim, sagayun, mapaaandar niya ng mas mabilis ang traktora. Ang bukid ay mukhang handa na, subali't hindi ito nagbunga ng mabuting ani dahil hindi ito naararo nang maayos.

(14) Isinugo ng isang misyon si Pastor Pierre para magpastor sa isang iglesya. Pinadadalhan siya ng misyon ng buwanang sahod. Dahil gusto niyang suportahan din siya ng iglesya, sinabi niya sa mga miyembro ng kanyang iglesya na hindi siya sinusuportahan ng misyon.

(15) Isang magnanakaw ang pumasok sa bahay ni Ella at nagnakaw ng pera. Nang ikinuwento niya ito sa kanyang mga kaibigan, sinabi niya na kumuha rin ng ibang gamit ang magnanakaw kahit hindi naman. Naawa sa kanya ang kanyang mga kaibigan at binigyan nila siya ng pera para mapalitan ang mga bagay na akala nila ay nanakaw.

(16) Si Gulovo ang hepe ng isang maliit na baranggay. Tagapanguna rin siya sa iglesya ng baranggay. Ang mga tao ay makaluma, hindi nakapag-aral, at mahihirap, subalit ang baranggay ay nagmamay-ari ng malawak na lupain. Ang mga mangangalakal mula sa lunsod ay humihiling na bumili ng lupa para sa proyektong sakahan. Ibinenta ni Gulovo ang buong lupain ng baranggay at ginamit ang pera upang magpatayo ng bahay para sa kanya sa lunsod.

(17) Taon-taon ang Fairfield Community Church ay pumipili ng isang ina upang parangalan bilang "Ina ng Taon." Pinili nila si Wilma, hindi dahil siya ay isang mabuting halimbawa ng pagiging ina, kundi dahil alam nila na magbibigay siya ng malaking donasyon sa iglesya. Pagkatapos nila siyang parangalan, nagbigay na pera si Wilma para sa iglesya upang ibili ng bagong gate para sa ari-arian. Nang sumunod na taon, nagpasya ang iglesya na muling piliin si Wilma bilang "Ina ng Taon," kahit na nakalipat na siya sa ibang lunsod.

(18) Si Barney ay isang drayber para sa ministeryo. Gabi-gabi dinadala niya ang sasakyan ng ministeryo para iparada sa isang ligtas na lugar. Kung minsan bago iparada ang sasakyan ay ginagamit niya iyon upang magsakay ng mga pasahero o magsakay ng mga gamit para sa kanyang sariling suki.

## Ang Trahedya ng Pagsisinungaling ng Buong Bansan

Ang kuwentong ito ay kathang-isip ngunit naglalarawan kung ano ang nangyari sa maraming lugar.

Nalaman ng mga Kristiyano sa lunsod ng Borol na mayroong isang malaking komunidad ng mga tao sa kabilang bayan na namumuhay sa kahirapan. Ang mga tao sa lugar na iyon ay kabilang sa etnikong grupo na tinatawag na Ibanese. Sa loob ng maraming henerasyon ang mga taong Ibanese ay namumuhay sa mga makalumang tahanan at hindi nararating ng maraming tulong pang-medikal o pang-edukasyon. Marami ang walang sapat na pagkain, at ang ilan ay labis na nagugutom.

Nagsimulang magbigay ng pera ang mga Kristiyano sa Borol upang tulungan ang mga Ibanese. Nagsugo sila ng mga kinatawan sa ibang iglesya sa ibang bayan upang manghingi ng kontribusyon.

Nagsimulang magpadala ang mga Kristiyano sa Borol ng mga trak na puno ng pagkain patungo sa mga Ibanese. Ipinabahala nila sa mga tagapanguna sa iglesya ng mga Ibanese ang pamamahagi sa pagkain.

Nagtatag ng mga palengke ang mga tagapanguna ng Ibanese upang ibenta ang pagkain sa kanilang baranggay. Tanging ang mga taong may pera ang makakabili doon, kaya't walang nakarating na pagkain sa mga taong nagugutom. Itinago ng mga tagapanguna sa iglesya at kanilang mga kaibigan ang kinita. Ang ibang pagkain ay ipinadala upang ibenta sa ibang bayan kung saan mas makapagbabayad ng mas mahal ang mga tao.

Ang mga Kristiyano ng Borol ay ipinilit na ang pagkain ay dapat ipamigay ng libre sa mga taong pinakanangangailangan nito. Ang mga tagapanguna sa iglesya ng Ibanese ay bumuo ng badyet para sa pagpapamahagi na kabilang ang pag-aarkila ng mga trak na may drayber at pagbabayad ng mga tao para tumulong. Itinakda nila nang mas mataas ang presyo kaysa sa normal na halaga at itinago ang sobrang pera. Nang humingi ng ulat ang mga Kristiyano sa Borol tungkol sa mga gastos, gumawa ng mga maling ulat ang mga Ibanese.

Sa tuwing makatutuklas ang mga Kristiyano ng Borol ng hindi tapat na gawain, sila ay nakaramdam ng pagkabigo at nasisiraan ng loob. Sinikap nilang humanap ng ibang tagapangunang Ibanese upang sila ay tulungan subalit gayun din ang kanilang nagiging suliranin. Maraming Kristiyano sa Borol ang tumigil sa pagkakaloob. Ang iba ay nagpatuloy sa pagbibigay. Ang ilang pastor na Ibanese ay nakabili ng sasakyan at maaayos na bahay dahil sa suporta ng mga Kristiyano sa Borol. Nainggit sa kanila ang ibang pastor at nangarap na magkaroon din ng kaugnayan sa mga nagkakaloob na taga-Borol. Karamihan sa mga taong nagugutom sa malalayong lugar ay hindi nakatanggap ng tulong.

## Isang Pangwakas na Ilustrasyon

Si Warren Buffet ay CEO ng isang kumpanyang nagngangalang Bershire Hathaway. Gusto niyang bumili ng kumpanyang tinatawag na McLane Distribution na pag-aari ng Walmart. Ang pagbili ay nagkakahalaga ng 23 bilyong dolyar. Karaniwan ang ganitong pagbili ay mangangailangan ng ilang buwan ng inspeksiyon upang masuri ng bibili ang lahat ng kaugnay dito. Nakipagkita si Buffet sa mga tagapanguna ng Walmart at gumawa ng kasunduan sa isang pagkikita lamang. Hindi siya nagsugo ng sinuman upang tiyakin ang ari-arian at ibang assets ay nasa mabuting kalagayan. Pagkalipas noon, sinabi niya, "Alam namin na ang lahat ng bagay ay eksakto tulad ng sinabi ng Walmart, at gayun nga." Ang malaking bilihang ito ay mabilis na natapos dahil nagtiwala sa isa't-isa ang mga lider.[45]

Ngayon isipin ninyo ang mga taong inilarawan sa mga naunang ilustrasyon. Walang isa man sa kanila ang makagagawa ng ganitong mga kasunduan, dahil hindi sila mapagkakatiwalaan. Ang lahat ng bagay ay kinakailangang suriin, na mangangailangan ng mahabang oras at malaking gastos.

## Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

► Ano ang ilan sa mga gawaing hindi matapat na mahirap iwasan ng mga tao sa inyong kultura?

► Ano ang isang gawain na kailangan mong baguhin?

---

[45] Stephen M. R. Covey. *The Speed of Trust: The One Thing That Changes Everything*. (New York: Free Press, 2006), 15

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Pinupuri ka po namin sa pagiging Dios ng katuwiran at katotohanan. Pinasasalamatan po namin kayo sa pagiging matapat sa iyong relasyon sa amin.

Tulungan mo po kaming sundin ang pamantayan ng katapatan na gusto mo para sa amin. Tulungan mo po kaming gamitin ang mga prinsipyo ng katapatan sa lahat ng aming sinasabi at ginagawa.

Salamat po sa pagiging aming Ama na nagkakaloob at gumagabay sa amin. Nais naming pagtiwalaan ka na siyang mangangalaga sa amin.

Amen

## Leksiyon 10 Mga Takdang Aralin

(1) Sumulat ng isang parapo tungkol sa bawat isa sa mga sumusunod:

- Ipaliwanag ang kaugnayan sa pagitan ng karakter ng Dios (katotohanan) at ng pamantayan ng Dios para sa atin (katapatan). Ipaliwanag kung bakit hinihingi ng Dios na tayo ay maging matapat sa ating mga sinasabi at sa lahat ng ating mga pakikipag-usap.
- Bigyang buod kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa katapatan. Gumamit ng hindi bababa sa tatlong batayang talata sa Kasulatan sa iyong buod.
- Ipaliwanag ang hindi bababa sa apat na paraan kung saan nakakaapekto ang kawalang-katapatan/katapatan sa ating mga relasyon sa ibang tao.

(2) Maghanda ng isang biblikal na presentasyon tungkol sa pagiging matapat na maaari mong ibahagi sa isang grupo ng mga tao sa inyong kultura. Magbigay ng basehan ayon sa Biblia para sa pamantayan ng Dios, pagkatapos ay gamitin iyon sa mga tiyak na sitwasyon.

# Leksiyon 11
# Kahalagahan ng Tao

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maniwala na ang bawat tao ay mahalaga at karapat-dapat na respetuhin dahil siya ay nilikha sa wangis ng Dios.

(2) Magkaroon ng responsibilidad sa paggawa ng mga gawaing makatarungan at mahabagin para sa mga taong inaabuso sa kaniyang lugar.

(3) Italaga ang sarili sa pagtrato sa lahat ng tao nang may dignidad, anuman ang sitwasyon o kalagayan.

## Si Dale Carnegie, Isang Lalaking Nagpahalaga sa Mga Tao

Si Dale Carnegie ay nabantog dahil sa kanyang libro na *How to Win Friends and Influence People./Paano Magkakaroon ng mga Kaibigan at Makaimpluwensiya sa Mga Tao.* Naniniwala siya na ang lahat ng tao ay karapat-dapat sa atensiyon at respeto dahil sila ay natural na mahalaga bilang mga tao. Itinatag ang Dale Carnegie Institute para ituro ang kanyang mga prinsipyo.

Isang pagkakataon, ang Dale Carnegie Institute ay nagturo ng klaseng panggabi para sa mga propesyunal na mangangalakal, tinuruan sila kung paano maging palakaibigan at lumikha ng mga kaugnayan sa mga tao. Nang kumuha ng pagsusulit ang mga mag-aaral, sila ay nagulat sa isang tanong. Ang hindi inaasahang tanong ay: "Ano ang pangalan ng babaeng laging naglilinis sa lobby kapag kayo ay umaalis sa klase?" Maraming beses nang nila siyang dinaanan sa kanilang paglabas galing sa klase bago umuwi, ngunit hindi nila siya itinuring na mahalaga para pansinin, kahit na galing sila sa isang klase tungkol sa kung paano magiging palakaibigan at lumikha ng mga kaugnayan. Inisip nila na dapat lang nilang gamitin ang kanilang bagong kakayahan sa paggawa ng koneksiyon sa mga mahahalagang tao.

## Ang Kristiyanong Kahalagahan ng Sangkatauhan

Ang lahat ng tao na naglagak ng kanilang pananampalataya kay Kristo Hesus ay mga miyembro ng iisang katawan—ang katawan ni Kristo: "Wala nang Judio o Griego, wala nang alipin o malaya, wala nang lalaki at babae, dahil kayong lahat ay iisa kay Kristo Hesus" (Galacia 3:28).[46]

---

[46]*English Standard Version*

Ang ebanghelyo ni Lucas ay nagsasabi tungkol sa isang pag-uusap nang banggitin ni Hesus ang utos na "Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng iyong sarili." Tinanong siya ng isang mambabatas, "Sino ang aking kapwa?" (Lucas 10:29). Mahalaga ang tanong dahil ipinalagay ng mambabatas na hindi niya kailangang magmahal sa sinuman. Iniisip niya na ang kautusan ay humihingi lamang sa kanya na mahalin ang mga tao sa isang espesipikong grupo.

Ang mga tao sa lahat ng kultura ay mayroong magkakatulad na moralidad. Alam nila na ang pagnanakaw, pagpatay, at pang-aapi ay mali. Gayunman, hindi nila nararamdaman na ang lahat ay karapat-dapat sa pantay-pantay na pagtrato. Marahil hindi sila magnanakaw sa isang kaibigan, ngunit sila'y magnanakaw sa isang hindi kilala. Marahil hindi sila papatay ng isang tao sa kanilang bansa, ngunit papatay sila ng isang banyaga. Marahil hindi nila aapihin ang kanilang sariling kamag-anak, nguni't aapihin nila ang taong nagmula sa grupo na kanilang hinahamak.

Naniniwala ang mga Kristiyano na ang bawat tao ay nasa wangis ng Dios, na may walang hanggang kahalagahan.

Kailanman na ang isang anghel ay nagpapakita sa tao, tulad ng nakatala sa Kasulatan, ang kanyang unang salita ay "Huwag kang matakot," dahil ang kanyang mismong presensiya ay lubhang kahanga-hanga. Kung minsan ang mga tao ay nagpapatirapa sa harap ng mga anghel sa pagnanais na sumamba.[47] Ngunit ang mga tao ay mas mahalaga kaysa sa mga anghel.[48]

Maaaring makakilala ka ng isang tao na pulubi na may mababang uri, hindi nakapag-aral, hindi matalino, masama ang pagkatao, kulang sa kakayahan, walang impluwensya, nakapandidiri ang hitsura, at nakakainis ang pagkatao, gayunman ay gumagawa siya ng mga pagpapasiya na may pangwalang hanggang resulta. Kapag siya ay tinubos ng Dios, siya ay magiging isang taong higit pa kaysa sinumang nakita natin sa mundo.[49] Samakatuwid, karapat-dapat siyang igalang.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Galacia 3:28 para sa grupo.

Binabanggit ng talatang ito ang tatlong paraan na ang mga tao ay madalas na ginugrupo—liping kinabibilangan, kalagayang panlipunan, at kasarian. Kabilang sa kalagayang panlipunan ang kalagayang pang-ekonomiya. Maaari tayong magdagdag ng iba pang klasipikasyon tulad ng edad, natapos na edukasyon, at mga kakayahan. Alinman sa mga pag-uuring ito ay hindi nakakaapekto sa kahalagahan ng isang tao para sa Dios.

---

[47] Isang halimbawa nito ang Pahayag 22:8-9, "Ako, si Juan, ang nakarinig at nakakita sa mga bagay na ito. At nang marinig at makita ko sila, ako ay nagpatirapa upang sumamba sa paaanan ng anghel na nagpakita niyon sa akin, nguni't sinabi niya sa akin, 'Hindi mo dapat gawin iyan! Ako ay kapwa lingkod, kasama mo at ng iyong mga kapatid na propeta, at kasama ng mga tumutupad sa mga salita ng aklat na ito. Sambahin mo ang Dios'" (*English Standard Version*).

[48] 1 Corinto 6:3

[49] Ipinapaliwanag ng 1 Corinto 15 ang kamangha-manghang pagbabagong-anyo ng mga katawan ng mga Kristiyano na magaganap sa oras ng Muling Pagkabuhay.

► Maaari bang ang isang tao ay maging mas mahalaga kaysa sa ibang tao? Ipaliwanag.

Ang isang tao na may mataas na karunungan, edukasyon, kakayahan, pisikal na lakas, karanasan sa pamumuno, o pera ay mas mahalaga *para matupad ang ilang mga bagay*. Gayunman, mali na ituring na ang isang tao ay mas mahalaga bilang isang *tao* dahil sa mga katangiang iyon. Ang mga katangiang iyon ay may praktikal na halaga, ngunit ang pangunahing likas na katangian ng sangkatauhan na nilikha sa wangis ng Dios ay may walanghanggan at walang katapusang kahalagahan.

## Hindi Matuwid na Opinyon

Ang mga tao ay may tendensiya na mag-isip na lahat ng taong nagmula sa mga grupong etniko ay nagtataglay ng tiyak na katangian. Kung minsan ang mga pagpapahayag na ito ay ginagawa sa pagtukoy sa kulay ng balat, tulad ng "Ang lahat ng Puti ay __________" o "Ang lahat ng Itim ay ___________."

Kung minsan ang pangungusap ay tumutukoy sa isang bansa, tulad ng Haitians o Germans o mga Hapon. Kung minsan ito ay mas espesipik, tulad ng pangalan ng tribo o ng grupong etniko sa loob ng isang bansa.

Ang mga pangungusap ng mga tao tungkol sa mga kategorya ng mga tao kung minsan ay may pagpuri, ngunit kadalasan ang mga ito ay pagpintas. Maaaring nagsasabi ang pangungusap na ang bawat isa sa grupong iyon ay nagtataglay ng isang kapintasan.

Narito ang ilang halimbawa ng mga mapanuri/mapamintas na pangungusap ng mga tao tungkol sa mga etnikong grupo o mamamayan. Ang pangalan ng iba't-ibang etnikong grupo ay maaaring ilagay sa blangko.

- Ang mga ____________ ay tamad.
- Ang mga ____________ ay madalas na nalalasing.
- Ang mga ____________ ay magnanakaw kapag nagkaroon sila ng pagkakataon.
- Ang mga ____________ ay madalas makipag-away.
- Ang mga ____________ ay hindi tinatapos nang maayos ang gawain.
- Ang mga ____________ ay hindi sapat ang talino para makatapos ng pag-aaral.
- Ang mga ____________ ay madaling magalit.
- Ang mga ____________ ay laging nagsisinungaling.

Hindi maikakaila na mayroong pagkakaiba-iba sa mga grupong etniko, at ang mga pagkakaibang ito ay higit pa sa panlabas at pisikal na anyo. Ang isang grupong etniko ay maaaring magaling sa isang klaseng laro o uri ng gawain dahil sa kanilang kakayahang pisikal at pangkaisipan.

Ang grupo ng mga tao ay may mga katangiang pangkultura. Itinuturo ng kultura sa mga tao na tumugon sa mga tiyak na sitwasyon sa tiyak na paraan, kung kaya't natututuhan natin na asahan ang tiyak na gagawin ng mga tao mula sa partikular na kultura.

Hindi mali na pansinin ang mga pisikal at pangkulturang katangian ng isang grupo. Gayunman, mali kung huhusgahan natin ang katangian ng isang tao dahil sa kanyang grupong etniko o kultura. Ang isang taong nagmula sa alinmang etnikong grupo ay maaaring makadios, matapat, at mabait. Mali kung siya ay tatratuhin na tila ba masama ang kanyang pagkatao kahit hindi mo siya kilala bilang isang indibidwal.

Ang ating mga pansariling karanasan ay nakakaepekto sa paraan ng ating pagtingin sa ibang tao. Kung ang isang tao ay tinatrato ng masama ng mga tao mula sa ibang grupong etniko, maaari siyang magsimula ng pakiramdam na pare-pareho ang lahat ng kabilang sa grupong iyon. Ang pananaw na iyon ay napalalakas kapag ang taong iyon ay paulit-ulit na tinatrato nang masama ng taong mula sa etnikong grupong iyon, o kung ang masamang karanasan ay nangyari noong siya ay bata pa.

Ang mga pangmatagalang di-pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang grupong etniko ay nakapag-iiwan ng henerasyon ng mga taong mayroong maling paniniwala laban sa isa't-isa.

Kapag naririnig ng isang bata ang kanyang mga magulang at ibang nakatatanda na nag-uusap tungkol sa mga tao mula sa isang grupong etniko, nabubuo ang kanyang palagay tungkol sa nabanggit na grupo.

Dapat siyasatin ng isang Kristiyano ang kanyang sariling mga saloobin patungkol sa mga grupong etniko at ipanalangin na tulungan siya ng Dios na magpakita ng pagkakapantay-pantay at pagmamahal. Dapat nating tandaan na pinangangalagaan ng Dios ang iba sa parehong paraan na pinangangalagaan niya tayo at hindi siya nalulugod kapag hindi natin pantay na tinatrato ang iba.

## Hindi Matuwid na Opinyn sa Ministeryo

Ang kuwento ni Jonas sa Lumang Tipan ay nagtuturo. Sinasabi sa atin ni Jonas kung bakit siya tumatakas mula sa Dios:

> Kaya't siya ay nanalangin sa PANGINOON at sinabi, "O Panginoon, hindi nga ba't sinasabi kong ito nga ang inyong gagawin noong nasa aking bayan pa ako? Kaya't ako ay tumakas noon patungo sa Tarsis; dahil alam kong kayo ay Dios na mahabagin at mapagmahal, hindi madaling magalit at sagana sa kagandahang-loob, alam kong lagi kayong handang magpatawad. Samakatuwid ngayon, O PANGINOON, kunin mo na sa akin ang aking buhay, dahil mas mabuti pa sa akin ang mamatay kaysa mabuhay!" (Jonas 4:2-3).

Tumakas si Jonas mula sa Dios dahil sa kanyang malalim na pagkamuhi para sa mga taga-Asiria at dahil alam niya na ang pagtawag sa kanya ng Dios upang magtrabaho sa mga taga-Ninive ay nangangahulugan na mayroong malaking posibilidad na ang Dios ay magiging mabuti sa kanila.

Ang panlipunang konsepto ng lahi ay hindi konsepto mula sa Biblia. Itinuturo ng Biblia na ang lahat ng tao ay iisang lahi—ang lahi ng sangkatauhan: "Mula sa isang tao'y nilikha niya ang lahat ng lahi sa buong mundo. Itinakda niya sa simula't-simula pa ang kani-kanilang panahon at hangganan." (Mga Gawa 17:26).

Tinatawag ng Dios ang iglesya upang iabot ang ebanghelyo sa bawat grupong etniko sa mundo (Mga Gawa 1:8). Ang kahalagahan ng kaluluwa ng tao ay hindi nagbabago anuman ang kanilang pinagmulang grupong etniko.

## Ang Hindi Pagrespeto sa Mga Kategorya ng mga Tao

Dahil ang mga tao ay may kaugalian na tanggapin ang mga makamundo, makasanlibutang prayoridad, may tendensiya sila na gumamit ng maling paraan ng pagtatakda ng kahalagahan ng tao. Maraming lipunan ang nagkakategorya sa ilang tao bilang mas mababa ang halaga at tinatrato sila na tila sila ay mas mababa kaysa pagiging tao.

Nasa ibaba ang isang listahan ng mga paraan na ang iba't-ibang lipunan ay tinatrato ang ilang kategorya ng tao nang walang respeto. Ang ilan sa mga gawaing ito ay nasa kasaysayan; ang iba ay isinasagawa pa rin.

Tunay na mga halimbawa ng walang-galang na kategorya ng mga tao:

- Wala nang silbi ang matatanda, kung kaya't sila ay iniiwan sa hiwalay na lugar hanggang sa mamatay.
- Itinuturing na pag-aari ng mga tao ang ibang tao na galing sa ibang grupong etniko bilang mga alipin at maaari nilang ibenta o pakitunguhan sa anumang paraang nais nila.
- May mga negosyo na naglalagay ng mga karatula na nagsasabing hindi sila kumukuha ng mga taong mula sa partikular na pinagmulang grupong etniko.
- Ang mga babae ay itinuturing na pag-aari ng kanilang asawang lalaki, na maaaring pakitunguhan sa anumang paraaang nais ng lalaki.
- Ang mga sanggol na babae ay pinababayaang mamatay dahil ang nais ng pamilya ay isang batang lalaki.
- Ipinadadala ng pamahalaan ng isang bansa ang mga sundalo sa isang tiyak na rehiyon upang patayin ang bawat isang miyembro ng isang partikular na grupong etniko.
- Inaabandona ang mga bata dahil mayroon silang kapansanan sa pag-iisip o sa katawan.
- Isang bansa na nagbabawal sa babae na magmaneho ng sasakyan o mag-aral sa unibersidad.

- Ang mga taong nagsasalita ng karaniwang wika ng bansa ngunit hindi ang wika na itinuturo sa paaralan ay hindi pinahihintulutang magsalita para sa kanilang sarili sa opisina ng pamahalaan.
- May mga taong kinukuhang manggagawa dahil sa pagkakaroon ng pangalang Ingles sa halip na pangalang Africano.
- Ang mga batang babae ay maaaring ibenta ng kanilang ama upang maging alipin o sa prostitusyon.
- Ang mga sanggol ay pinapatay bago pa man sila isilang dahil ang mga ina ay hindi pa handang magkaroon ng mga anak.

May mga pilosopiya at relihiyon na sumusuporta sa maling pakikitungo ng ilang kategorya ng tao.

Ang mga Atheistic evolutionists ay hindi naniniwala na ang mga tao ay espesyal na nilikha sa wangis ng Dios. Naniniwala sila na ang mga modernong tao ay umunlad sa pamamagitan ng pakikipagpaligsahan at pagwasak sa mas mahihina at mas mababa ang katalinuhan na mga pagkakaiba-iba ng sangkatauhan. Naniniwala sila na ang "kaligtasan ng buhay nang pinakakarapat-dapat" ang siyang gumawa sa atin. Kung iyon ay totoo, nararapat lamang na magpatuloy ang tao sa pagwasak sa mas mahihinang anyo ng sangkatauhan. Ngunit nalalaman natin na ang lahat ng tao ay nilikha sa wangis ng Dios at sagayun ay espesyal ito para sa Dios.

Maraming bansa sa mundo ang nagpapahintulot sa mga doktor na patayin ang mga sanggol bago pa ito isilang. May mga pamahalaan na nag-utos na patayin ang mga sanggol dahil sa labis na bilang ng populasyon. Sa maraming bansa, hinihiling ng mga ina sa doktor na patayin ang kanilang mga sanggol bago ito isilang dahil wala sila sa mabuting kalagayan upang magkaroon ng anak. Ito ay pagwawalang-halaga sa halaga ng tao at sa mga karapatan ng isang taong hindi makapagsasalita para sa kanyang sarili.

Ang mga relihiyon na tulad ng Hinduismo at Buddhismo ay naniniwala na ang mga tao ay nagdurusa dahil sa kanilang sariling maling ginawa sa mga nakaraan nilang buhay. Naniniwala sila na ang mga taong inaapi ay nararapat lamang sa kalagayan nila sa ngayon. Naniniwala sila na kung ang isang tao ay makapagtitiis sa pagdurusa at pang-aapi, maaari siyang magkaroon ng mas mabuting buhay sa susunod. Ang mga relihiyong iyon ay nagbibigay ng kaunting dahilan lamang upang tulungan ang isang taong inaapi, dahil iniisip nila na dumadaan ang taong ito sa kinakailangang proseso.

Ang mga maling pilosopiya at relihiyon ay nagpapahintulot sa mga tao na hayaan ang mga kasuklam-suklam na maling pakikitungo sa mga grupo ng mga tao. Tinatanggap ng mga lipunan ang mga kalagayan ng sobrang kawalang katarungan sa lipunan bilang normal. Naiiba ang mga Kristiyano. Ang Kristiyanong doktrina ng espesyal na paglikha sa wangis ng Dios ay nagbibigay ng sapat na batayan ng kahalagahan ng tao.

► Anong kawalang-respeto sa isang kategorya ng tao ang normal sa inyong lipunan?

## Ang Mabuting Kapwa

Katulad ng maraming talinhaga ni Hesus, ang kuwento ng Mabuting Samaritano (Lucas 10:29-37) ay kagulat-gulat sa kanyang mga tagapakinig. Nang sabihin niya kung paanong nilampasan ng pari at ng Levita ang lalaking sugatan nang hindi ito tinutulungan, walang sinumang nagulat. Ang mga pari at mga Levita ay bahagi ng samahang panrelihiyon, ngunit iniisip ng mga tao na sila ay pinarurumi ng salapi at kapangyarihan.

Inasahan ng mga tagapakinig na ang ikatatlong tao ang magiging bida sa kuwento, ngunit sila'y nagulat at nabigo nang ito ay isang Samaritano. Ang mga Samaritano ay magkahalo sa kanilang etnikong pinagmulan, at sila ay naguguluhan sa kanilang relihiyon. Kinamumuhian sila ng mga Judio dahil sa dalawang kadahilanan.

Tandaan na ang isang abogadong Judio ang nagtanong kay Hesus, "Sino ang aking kapwa?" Gusto niyang tiyakin ni Hesus kung sino ang tao na kailangan niyang mahalin, na nagtatakda ng maliit na kategorya. Katulad ng karamihan sa mga tao sa mundo, iniisip niya na ang kanyang moral na obligasyon ay para lamang sa isang piling kategorya ng tao, at hindi niya kinakailangang magpahalaga o mangalaga para sa iba.

Sinagot ni Hesus ang tanong sa pamamagitan ng pagpapakita na dapat tayong magmalasakit para sa sinumang ating nakakasalamuha. Ang sinumang taong nakakaharap natin ay ang ating kapwa. Subali't sinagot din ni Hesus ang tanong na walang sinumang nagtanong, *Sino ang mabuting kapwa?* O *Anong klase ng tao ang nagpapakita ng ganitong pag-ibig?* Ipinakita niya na ang isang taong hindi iginagalang ng lipunan ay maaaring maging isang taong nagbibigay lugod sa Dios at nagpapakita ng pag-ibig na nais makita ng Dios.

Binibigyang babala ni Apostol Santiago ang iglesya na huwag pararangalan ang mga tao batay sa panuntunan ng mundo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Santiago 2:1-9 para sa grupo. Ano ang nakita ninyong ginagawa ng mga iglesya na katulad nito?

Maraming tao na itinuturing na mahalaga sa mundo ay hindi mga taong pinararangalan ng Dios. Maraming taong nakapagbibigay lugod sa Dios ang hindi pinararangalan sa mundo. Sinabi ni Hesus na sa walang hanggan ang estado o kalagayan ng maraming tao ay magiging kabaligtaran (Mateo19:30).

Kapag nagkita-kita ang magkakapatid na Kristiyano, ang taong mahirap ay tatanggap ng kalagayang hindi niya natanggap sa mundo, dahil siya ay iginagalang bilang isang kapatid na Kristiyano. Ang mayaman ay mawawalan ng kanyang kalagayan habang nasa mundo pa, dahil hindi siya inilalagay ng kanyang pera sa mas mataas na posisyon kaysa sa iba sa iglesya (Santiago 1:9-10).

## Pagkaalipin

Ang pagkaalipin ay ang kundisyon kung saan ang isang tao ay itinuturing bilang pag-aari ng ibang tao. Sa karamihan sa mga bansa na nagpapahintulot ng pang-aalipin, ang alipin ay walang karapatan bilang isang tao. Magagawa ng may-ari ang anumang kanyang naisin sa alipin na tila ba ang alipin ay isang hayop o makina. Ang sariling pagnanais at ambisyon ng alipin ay nakabatay sa kagustuhan ng may-ari. Ang asawang lalaki at asawang babae ay maaaring paghiwalayin ng kanilang may-ari, at ang mga anak ay maaaring kunin sa kanilang mga magulang.

Sa Lumang Tipan, hinigpitan ng Dios ang pang-aalipin at iningatan ang ilang karapatan para sa alipin. Ang pagpapahalaga sa mga karapatan ng isang alipin ay hindi karaniwan sa panahong iyon. Sa Bagong Tipan, sinabi ng Dios na siya ang Panginoon ng lahat ng tao, hindi kumikiling sa sinuman dahil sa kalagayan, at ang panginoon ng mga alipin ay dapat mabuti at makatarungan (Efeso 6:9). Ang prinsipyo na ang alipin ay dapat tratuhin nang may pagsasaalang-alang na nararapat sa bawat tao sa wakas ay nagbunga ng pagbuwag sa pang-aalipin sa mga bansang pinakanaimpluwensiyahan ng Biblia.

Umiiral pa rin ang pang-aalipin sa maraming lugar sa iba't-ibang anyo. Halimbawa, sa ilang lugar, ang mga anak ay ipinagbibili para magtrabaho o pag-abusong seksuwal. Kung minsan ang mga anak ay ibinibigay sa mga paganong templo bilang kabayaran sa paglaya mula sa karamdaman o mga sumpa. Kung minsan ang mga kababaihan ay nananatili sa prostitusyon nang laban sa kanilang kagustuhan. Kung minsan may mga taong ilegal na dinadala sa ibang bansa para doon ay gawing alipin.

## Pagpapahirap na Pang-ekonomiya

Sa isang lugar na walang kalayaang pang-ekonomiya, ang mga kundisyon ay tila nakakatulad ng pang-aalipin. Walang kalayaan ang mga tao na magkaroon ng kanilang sariling negosyo. Kaunti lamang ang pagkakataon ng isang tao na baguhin ang kanyang pinagkakakitaan para sa mas mabuting kalagayan. May mga taong nagtatrabaho na ang kinikita ay halos hindi nakatutugon sa pagkain ng pamilya. Bihira silang bumili ng anuman bukod sa kanilang pangunahing pagkain. Hindi nila makakayang magpadoktor. Kahit gaano pa siya magpakahirap sa trabaho, hindi sila kailanman makatitira sa mas mabuting tirahan, dahil ang pera ay hindi kailanman sapat para sa kanilang pangangailangan. Ang kanilang amo ay hindi magdadagdag ng upa dahil lagi silang makatatagpo ng taong magtatrabaho sa mas mababang sahod.

Ang pagpapahirap na pang-ekonomiya ay masalimuot at hindi lamang pagkakamali ng mga amo. Sa ilang bansa maraming manggagawa ngunit kakaunti ang pabrika at malalaking negosyo. Kung ang pamahalaan ay masama, maaari nitong pigilin ang malalaking negosyo upang makapagsimula sa paghingi ng matataas na buwis at mga suhol. Kapag maraming negosyo ang pinahihintulutan, magiging mataas ang pasahod sa mga manggagawa dahil ang mga manggagawa ay maaaring pumili kung saan magtatrabaho at kinakailangan silang

akitin ng mga negosyo sa pamamagitan ng mas mataas na pasahod at kundisyon. Dahil kakaunting negosyo ang pinahihintulutan, at ang mga manggagawa ay may kakaunting pagpipilian para makapagtrabaho, maaaring bayaran ng amo ang manggagawa ng mas mababang sahod. Hindi kikita ang mga manggagawa ng sapat upang matugunan ang kanilang pangangailangang pinansiyal.

Ang layunin ng pamahalaan ay ang paglingkuran ang mga tao sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanila mula sa pag-atake at pagbabantay sa kanilang mga kalayaan. Ang mga pangunahing kalayaan ng tao ay: ang kalayaang ipahayag ang inyong opinyon, upang gawin ang relihiyon, upang magtrabaho para kumita, at magkaroon ng mga ari-arian. Ang taong hindi pinahihintulutang gawin ang mga bagay na iyon ay hindi tinatrato bilang lubos na tao.

Kung minsan tinatanggap ng mga Kristiyano sa isang lugar ang mga kalagayan bilang normal, at hindi sinisikap na tulungan ang mga taong pinahihirapan sa ekonomiya.

Si Jamyla ay nakatira sa isang maliit na baranggay kung saan walang pagkakataon para magtrabaho. Iniwan niya ang kanyang tatlong anak sa kanilang lola at nagtungo sa lunsod upang magtrabaho bilang isang kasambahay sa bahay ng isang pastor sa sahod na $50 kada buwan-buwan. Bihira niyang makita ang kanyang mga anak. Karamihan sa mga tao ay hindi itinuturing na mabuti para sa isang ina na mahiwalay sa kanyang mga anak sa ganitong paraan, ngunit maging ang mga Kristiyano ay uupa ng isang taong nasa kalagayan ni Jamyla. Nag-iisip sila kung bakit dapat silang umupa ng higit pa roon, kung ang taong ito ay sumasang-ayon na magtrabaho sa gayung sahod? Bakit sila dapat mag-alala na siya ay nahiwalay sa kanyang mga anak kung siya ang pumili na iwan sila at magtrabaho?

► May tungkulin ba ang mga Kristiyano na makialam sa sitwasyon ni Jamyla? Paano?

Ang aklat ng Amos ay nagpapahayag ng maraming pagkakataon tungkol sa pagpapahirap na pang-ekonomiya. Sa Amos 5:11-12 nagsasalita ang propeta tungkol sa mga suhol na nagiging dahilan kaya't ang hukom ay pumapanig sa taong may pera at ipinagkakait sa mahihirap ang katarungan. Sa Amos 8:4-6 itinatakwil ng propeta ang mga tao na gumagamit ng maling panukat upang linlangin ang mahihirap. Sa Amos 4:1 sinasabi niya na ang mga babae ay nagkakasala rin kung sila ay namumuhay nang marangya mula sa perang kinita ng kanilang asawang lalaki mula sa pang-aapi sa mahihirap. Sinabi ng propeta na dapat bumuhos ang katarungan nang tulad sa isang ilog (Amos 5:24), nangangahulugan na ito ay dapat maging masagana at maaaring tanggapin ng lahat.

## Kahalagahan ng Tao at Tungkulin ng Awtoridad

Ang katotohanan na ang bawat tao ay may walang hanggang kahalagahan ay hindi nangangahulugan na hindi dapat magkaroon ng istruktura ng awtoridad sa mga tao. Ang pantay na kahalagahan ay hindi nangangahulugan ng pantay na awtoridad. Halimbawa, kahit ang bawat persona ng Trinidad ay lubusan at pantay-pantay na Dios, ang Anak ay nagpapasakop sa Ama (Juan 6:38). Inutusan ng Dios ang asawang babae na sundin ang

kanyang asawang lalaki; ngunit iyon ay hindi nangangahulugan na ang babae ay mas mababa kaysa sa lalaki (Efeso 5:22). Sinabi ng Dios sa mga anak na sundin ang kanilang mga magulang; ngunit hindi ito nangangahulugan na sila ay mas mababa kaysa sa kanilang mga magulang, maliban sa paglago (Efeso 6:1)

Itinatag ng Dios ang pamahalaan (Roma 13: 1-5). Itinatag rin Niya ang awtoridad sa iglesya (Hebreo 13:17).

Dapat tandaan ng lahat ng pinuno na sila ay mga tagapag-lingkod (Mateo 20:25-28). Ang paglilingkod sa pamamagitan ng pangunguna ay nangangahulugan na pangunahan ang iba para sa ikabubuti ng mga sumusunod. Ang isang pinuno ay hindi nangunguna para sa kanyang sariling kapakinabangan kundi isinasakripisyo niya ang kanyang sariling kapakanan upang paglingkuran ang mga sumusunod sa kanya.

► Paano mo ipapaliwanag ang katotohanan na sa isang kahulugan ang ilang tao ay mas mahalaga kaysa sa iba samantalang sa isang kahulugan ang lahat ng tao ay may pantay-pantay na kahalagahan?

### Pagsasabuhay Para sa Mga Kristiyano

Tiyakin na ang lahat ng tao ay napangangalagaan ng pamilya sa iglesya.

- Inaalala ba at tinutulungan ang mga matatanda kapag kinakailangan nila?
- Ang mga bata ba ay pinahahalagahan at tinuturuan at pinalalakas ang loob ayon sa antas ng kanilang paglago?
- Ang mahihirap ba ay malugod na tinatanggap at komportable sa inyong iglesya?
- Iniiwasan ba ninyong parangalan ang mga tao sa iglesya dahil sa kanilang kayamanan o kalagayan sa lipunan?
- Malugod bang tinatanggap ang mga tao mula sa lahat ng grupong etniko sa pakikisama at pakikibahagi sa buhay at ministeryo ng iglesya?
- Mayroon bang grupong etniko sa inyong lugar na nangangailangang bahaginan ng ebanghelyo?
- Mayroon bang mga taong inaapi sa inyong pamayanan na nangangailangan ng taong magiging tagapamagitan para sa kanila?

Dapat ipakita ng pamilyang Kristiyano ang kahalagahan ng lahat ng tao. Dapat kapwa igalang ang asawang lalaki at asawang babae. Dapat isaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan. Ang mga bata ay hindi dapat ipagwalang-bahala o tratuhin na hindi mahalaga. Dapat maayos na disiplinahin ang mga anak. Wala kang karapatan na maging malupit sa iyong anak o asawang babae nang higit sa iyong karapatan na tratuhin din sa gayun paraan ang iyong kapwa.

Dapat nating tulungan ang mahihirap sa paraang nagpapalakas sa kanilang dignidad. Huwag kayong magbibigay na nakikita ng publiko para parangalan ang iyong sarili habang hinihiya ang mahihirap. Kung bibigyan mo ang isang taong mahirap ng patas na paraan upang kumita ng kanyang kinakailangan, iniingatan mo ang kanyang dignidad dahil maaari siyang makapili, at maaari siyang magtrabaho kapalit ng suweldo. Ang pinakamabuting tulong ay nagbibigay sa isang mahirap ng pagkakataon na baguhin ang kanilang kalagayan.

Binigyang diin ng mga propeta sa Lumang Tipan na nais ng Dios na palayain ng kanyang bayan ang mga inaapi (Isaias 58:6).

Binibigyang-diin ng Bagong Tipan ang katotohanan na dumating si Hesus sa mga taong mahihirap. Isinilang siya sa isang lugar kung saan inaalagaan ang mga hayop. Karamihan sa kanyang mga kaibigan at tagasunod ay mga taong nagtatrabaho at mahihirap. Nagpakita ng pagkalinga si Hesus para sa mga taong hindi mahalaga sa kanilang lipunan: ang mahihirap, mga ketongin, mga balo, mga taga-ibang-bayan, at mga bata. Sinabi niya na dumating siya upang magdala ng mabuting balita sa mahihirap. Sinabi niya na ang ebanghelyo ang magpapalaya sa mga inaapi.

Simula pa sa mga unang araw ng iglesya, aktibo na ang mga Kristiyano sa kanilang mga lipunan. Dinala nila ang mga inabandonang mga bata sa kanilang tahanan, pinalaya ang mga alipin, at tinulungan ang mga maysakit. Pinangalagaan nila ang mga tao na itinuturing na walang halaga ng kanilang lipunan.

Sinabi ni Hesus na dapat nating ipanalangin na dumating na ang kaharian ng Dios at matupad ang kanyang kalooban sa lupa katulad nang sa langit (Mateo 6:10). Alam natin na lahat ng pang-aapi ay magwawakas kapag ang kaharian ng Dios ay lubusan nang dumating sa mundo. Sa ngayon, dapat tayong manalangin upang mamagitan ang Dios para sa mga taong inaapi sa lahat ng dako.

### Para sa Pagbabahaginan ng grupo

Para sa karamihan sa mga grupo, ang paksang ito ay magiging dahilan ng maraming talakayan. Ang ilang mag-aaral ay maaaring may matinding pakiramdam tungkol sa kanilang mga naranasan o naobserbahan.

► Paano magbabago ang iyong saloobin tungkol sa ibang grupong etniko kung maaalala mo ang halaga sa Dios ng bawat tao?

► Ano ang isang bagay na sana ay iba ang iyong ginawa dahil sa nalalaman mo ngayon ang tungkol sa halaga ng tao? Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang sariling pagtatalaga ng sarili nang higit sa pagpapahayag ng galit tungkol sa ginawa ng iba.

► Paano dapat makaapekto sa ministeryo ng isang iglesya ang kahalagahan ng tao?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa paglikha sa amin na espesyal na mga nilalang ayon sa iyong wangis. Tulungan mo po akong respetuhin ang lahat ng tao. Tulungan mo po akong pagsisihan ang anumang maling paniniwalang mayroon ako at mga pagkagalit na mayroon ako para sa mga tao.

Dalangin ko po na bibigyan mo ng katarungan ang mga tinatrato ng mali sa buong mundo dahil sa kanilang etnikong pinagmulan, kasarian, edad o anumang ibang katangian.

Tulungan mo po akong ipagtanggol ang mga taong inaapi at gumawa upang ang aming lipunang kinabibilangan ay maging patas para sa lahat. Tulungan mo po ang aming iglesya at bawat indibidwal na Kristiyano na ipakita ang iyong pagmamahal sa mundo sa mga tiyak na paraan.

Amen

## Leksiyon 11 Mga Takdang Aralin

(1) Sumulat tungkol sa tungkuling ibinigay ng Dios sa iglesya na baguhin ang pakikisama sa mga tao sa kanilang lipunan.

- Ano ang dapat ginagawa ng inyong iglesya?
- Ano ang dapat ginagawa ng bawat isang Kristiyano?
- Ano ang iyong gagawin?

(2) Pag-aralan ang Deuteronomio 24:10-22. Ilista ang mga utos na nagpapakita ng kahalagahan ng mga tao. Ipaliwanag ang layunin ng bawat kautusan.

# Leksiyon 12
# Pamahalaan

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan ang mga tungkulin at limitasyon na ibinigay ng Dios sa pamahalaan.

(2) Sundin ang mga tagubilin at prinsipyo ng Kasulatan sa pakikipag-ugnayan sa pamahalaan.

(3) Italaga ang sarili na maging isang impluwensiya ng kabanalan sa lipunan.

## Si William Wilberforce, Tagapagtanggol ng Sangkatauhan

Si William Wilberforce (1759-1833) ay miyembro ng Parliamento ng Britanya na naging isang Kristiyano at nagsimulang labanan ang pang-aalipin, pagtatrabaho ng mga bata, at maling pagtrato sa mahihirap. Nagtrabaho siya sa loob ng 20 taon upang ipasa ang batas na magwawakas sa pangangalakal ng mga alipin na nagdadala ng mga bilanggo mula sa Africa upang ipagbili sa buong Imperyong Britanya. Madalas siyang nabibigo na ang iba ay tila ipinagwawalang-bahala ang usapin. Minsan nakuha niya ang karamihan sa mga miyembro ng parliamento upang pumayag na suportahan ang batas, ngunit nakuha ng mga sumasalungat ang ilan sa mga miyembro upang hindi dumalo sa sesyon ng parliamento. Binigyan nila sila ng tiket sa sinehan, at ang batas ay hindi nakapasa. Tinapos ng batas ang pangangalakal ng mga alipin noong 1807, ngunit ang pang-aalipin mismo ay hindi pa itinuturing na labag sa batas. Nagpatuloy si Wilberforce sa pagkampanya para sa lubusang pagbabawal sa pang-aalipin. Ang pang-aalipin ay natapos sa halos kabuuan ng British Empire noong 1833. Namatay si Wilberforce tatlong araw lamang pagkatapos matanggap ang balita na ang batas ay maipapasa na.

## Panimula

Mayroong iba't-ibang karanasan sa pakikipag-ugnayan sa mga relasyon ng mga Kristiyano sa kanilang pamahalaan. Sa ilang mga pagkakataon at lugar sa kasaysayan mayroong isang pambansang iglesya na kapanalig ng pamahalaan. Sa ibang mga pagkakataon at lugar, ginawang illegal ng pamahalaan ang iglesya at pinag-usig ito. May mga bansa na nagpapahintulot sa mga tao na malayang gawin ang alinmang relihiyon at ang kanilang pamahalaan ay nagsasabing wala silang relihiyon na pinapanigan.

Ang relasyon sa pagitan ng mga Kristiyano at ng pamahalaan ay nagbubunga ng maraming mahihirap na katanungan. Kung minsan ang isang iglesya sa isang lugar ay nakabubuo ng

kaugnayan sa pamahalaan na hindi maaaring umiral sa ibang bahagi ng mundo kung saan ang pamahalaan ay lubhang naiiba.

Hindi sasagutin ng leksiyong ito ang bawat tanong o ipaliwanag kung ano ang dapat gawin ng isang Kristiyano sa bawat pagkakataon, subali't titingnan natin ang ilang prinsipyong naaayon sa Biblia tungkol sa kaugnayan ng isang Kristiyano sa pamahalaan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 13:1-7 para sa grupo. Anong mga pangungusap tungkol sa pamahalaan ang nakikita mo sa siping ito?

Sinasabi ng Biblia na ang Dios ang nagtatag ng pamahalaan para sa tao. Nais ng Dios na umiral ang pamahalaan, at ang taong tumatanggi na sumunod sa pamahalaan ng tao ay nagrerebelde laban sa Dios (Roma 13:2).

► Ano ang layunin ng pamahalaan, ayon sa mga talatang ito?

Isang layunin ng pamahalaan ay parusahan ang masamang pag-uugali sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga batas (Roma 13:3).

Ang tagapamuno ay naglilingkod sa Dios at tinutupad ang mga layunin ng Dios kapag pinarurusahan niya ang mga lumalabag sa batas.(Roma 13:4).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Timoteo 2:1-2 para sa grupo.

Inaasahan na ipapanalangin natin ang mga tao sa pamahalaan upang makapamuhay tayo ng matahimik at mapayapa. Sinasabi nito sa atin na kapag ang pamahalaan ay kumikilos sa paraan nararapat dito, pinangangalagaan nito ang kapayapaan ng lipunan.

## Impluwensiya ng Kristiyano

► Sinabi sa atin ni Hesus na dapat tayong maging asin at ilaw (Mateo 5:13-16). Ano ang ibig niyang sabihin?

May mga tao na naniniwala na ang mga Kristiyano ay hindi dapat bumoto o humawak ng anumang posisyon sa pamahalaan, dahil ang mga pamahalaan sa mundo ay hindi namumuno sa pamamagitan ng mga prinsipyong Kristiyano. May mga Kristiyano na naniniwala na ang iglesya ay dapat maging isang nakabukod na komunidad na hindi nakikibahagi sa lipunan dahil ang lipunan ay lubhang masama.

Sumulat si propeta Jeremias sa mga Judio na kinuha mula sa kanilang sariling bansa upang mamuhay sa paganong lipunan. Hindi sila kusang-loob na naroon. Kung mayroong sumasampalataya sa Dios na may dahilan upang hindi makilahok sa lipunan, tiyak na may dahilan ang mga Judiong ito. Naroon sila nang laban sa kanilang kalooban, pagano ang relihiyon ng lipunan, nang-aapi ang pamahalaan at winasak na nito ang kanilang bansa, at ang mga Judio ay naghihintay sa araw na maaari silang umalis.

Subalit pakinggan ninyo ang mensahe ng Dios na ibinigay sa propeta para sa mga taong ito:

> Hanapin ninyo ang kapayapaan ng lunsod kung saan ko kayo ipadadala upang mabilanggo, at manalangin kayo sa Dios para sa kapakanan nito, dahil sa kapayapaan nito matatagpuan ninyo ang inyong kapayapaan (Jeremias 29:7).

*Shalom*, ang salitang Hebreo ay karaniwang isinasalin bilang kapayapaan, tumutukoy hindi lamang sa kapayapaan mismo, kundi sa mga biyayang kasama ng kapayapaan. Tumutukoy ito sa mga biyaya ng Dios. Ang mga sumasamba sa Dios na ito ay makatatagpo ng biyaya ng Dios habang sinisikap nilang dalhin ang mga biyayang iyon sa isang lipunang makasalanan na walang anumang nalalaman tungkol sa kanya at pinag-usig pa ang kanyang bayan!

Ang mga taong naglilingkod sa Dios ay dapat makaimpluwensiya sa kanilang lipunan upang igalang ang kalooban ng Dios upang ang kanilang lipunan ay pagpalain. Hindi lamang nila dapat ibahagi ang ebanghelyo, kundi isabuhay rin ang mga prinsipyo ng Dios sa bawat kalagayan at bawat pagpapasya.

Ang pamahalaan at lipunan ay dapat hubugin ng Salita ng Dios. Mula sa nahayag na katotohanan ng Dios ay dapat magmula ang etika (mga tuntunin para sa tamang aksiyon), mula sa etika dapat magmula ang pulitika (ang pamahalaan para sa hustisya at kalayaan), at pagkatapos ay ekonomiya (pamamahala sa mga pinagkukunan ng pangangailangan). Kaya't ang tamang pagkakasunod-sunod ay katotohanan, pagkatapos ay etika, pagkatapos ay pulitika, pagkatapos ay ekonomiya.

1. Kasulatan
2. Etika
3. Pulitika
4. Ekonomiya

Ang natural na tendensiya ng lipunan ng tao ay baligtarin ang kaayusang iyon. Ginagawang prayoridad ng mga tao ang kanilang pansariling ekonomiya, pagkatapos ay sinusuportahan ang mga tagapanguna at mga batas na magbibigay sa kanila kung ano ang kanilang nais kahit na kailangan nilang mawalan ng katarungan at kalayaan, pagkatapos binubuo ang kanilang etika upang umayon sa kanilang ginagawa, at pagkatapos ay magdidisenyo ng relihiyon na sasang-ayon sa kanilang pag-uugali. Kaya't ang karaniwang pagkakasunod-sunod ay ekonomiya, pagkatapos ay pulitika, pagkatapos ay etika, pagkatapos ay relihiyon.

1. Ekonomiya
2. Pulitika
3. Etika
4. Relihiyon

Ang klaseng ito ng relihiyon ay sobrang nahubog ng mga maling prinsipyo kaya't ito'y nagkukulang ng maraming katotohanan.

Ang iglesya ay dapat manindigan para sa katotohanang ayon sa Biblia, hindi lang sa pagtanggi sa mga kasalanan ng lipunan, kundi sa pagpapaliwanag at pagpapakita kung

paano dapat ang isang lipunan. Kapag hindi maipaliwanag at maipakita ng mga Kristiyano kung ano ang dapat ginagawa ng lipunan, dapat nating asahan na ang mga taong walang kaalaman sa katotohanan ng Biblia ay mabibigong gamitin ito.

Hindi lamang dapat punahin ng mga Kristiyano ang kanilang lipunan. Ang mga Kristiyano ay dapat maging bahagi ng kanilang lipunan. Dapat aktibong ilahok ang kanilang mga sarili sa kanilang mga komunidad at maging mga tagapagsulong ng katarungan. Dapat palaging wasto ang pag-uugali ng mga Kristiyano sa lahat ng kanilang mga pakikipag-ugnayan at sagayun maimpluwensiyahan ang iba upang maging matuwid. Dapat silang makilahok sa pamahalaan at mga samahang nakakaimpluwensiya sa lipunan hangga't magagawa nila iyon nang hindi lumalabag sa alinmang prinsipyong Kristiyano. Kung pinahihintulutan, dapat silang bumoto at sumuporta sa mga kandidato, yaong may pinakamalapit sa pagkakaroon ng katangiang Kristiyano.

► Ano ang isang halimbawa ng paghihigpit ng lipunan sa iglesya upang ito ay gumawa ng mga pasya para sa kapakanan ng kalusugan ng ekonomiya sa halip na gumawa ng mga desisyon batay sa katotohanan ng Kasulatan?

## Ang Mga Kristiyano at ang mga Batas ng Pamahalaan ng Tao

Ang mga Kristiyano sa buong kasaysayan ay nahirapang malaman kung paano susundin ang mga prinsipyong Kristiyano habang ang kanilang pamahalaan ay sumusunod sa ibang prinsipyo. Kung minsan matindi ang di pagkakasundo, at ang mga Kristiyano ay nagdurusa para sa kanilang mga pinaninindigan dahil hindi nila magawa ang mga bagay na hinihingi sa kanila ng pamahalaan.

Sinasabi sa atin ng Biblia na magbayad ng mga buwis na hinihingi ng pamahalaan (Roma 13:7, Mateo 22:21).

Sinasabi ng Biblia na sundin natin ang mga batas ng ating bansa (Tito 3:1). Gayunman, sinasabi rin sa atin ng Biblia na dapat nating sundin ang Dios kapag ang mga utos ng Dios ay sinasalungat ang mga batas ng tao (Mga Gawa 5:29).

Maaaring iutos ng pamahalaan na ang mga tao ay lumaban bilang mga sundalo para sa isang di-makatarungang dahilan. Maaaring iutos ng pamahalaan ang kamatayan ng mga sanggol upang pababain ang sobrang populasyon. Maaaring iutos ng pamahalaan na ang populasyon ay makiisa sa pang-aalipin ng isang grupong etniko.

Kung minsan ang usapin ay tungkol sa pagsamba. Maaaring usigin ang mga Kristiyano kapag hindi nila sinasamba ang mga dios ng kanilang pamilya o tribo. Maaaring usigin ang mga Kristiyano kapag ibang relihiyon ang pinapanigan ng kanilang pamahalaan.

May mga bansa na may batas laban sa pag-eebanghelyo at pagtuturo ng Biblia. Pinag-uusig ang mga Kristiyano kapag sila ay nagbabahagi ng ebanghelyo. Ang ilang bansa ay nagpaparusa sa mga magulang na nagtuturo sa kanilang mga anak ng tungkol sa Dios.

Mayroon tayong mga halimbawa sa Biblia ng mga taong may pananampalataya na hindi sumunod sa hindi makatarungang mga utos ng mga tagapanguna. Nagpatuloy si Daniel sa pananalangin kahit na ipinagbawal na ang pananalangin. Tumangging sumamba sa rebulto ng hari ang tatlong kaibigan ni Daniel. Sinuway ng mga komadronang Israelita ang Paraon nang iutos niya sa kanila na patayin ang mga sanggol na Israelita.

Sa buong kasaysayan, nag-ebanghelyo ang mga Kristiyano kahit na ito ay ipinagbabawal. Kahit ipinagbabawal, nagtawid ng Biblia ang mga Kristiyano sa mga hangganan ng mga bansa. Palihim ring nagkikita-kita ang mga Kristiyano upang sumamba. Nahadlangan rin ng mga Kristiyano—nang walang karahasan—ang mga klinika na nagsasagawa ng aborsiyon. Tinulungan rin ng mga Kristiyano ang mga nakatakas na mga alipin.

Karamihan sa mga Kristiyano ay nagnanais na mamuhay nang mapayapa at hindi maharap sa mga katulad na pagpapasya. Gayunman, kapag ang isang Kristiyano ay nahaharap sa isang kalituhan sa kabutihang-asal dapat niyang gawin kung ano ang tama kahit pa kailanganin niyang magsakripisyo para doon. Kung mayroon siyang pagkakataon na pigilin ang kawalang katarungan o ibahagi ang ebanghelyo, gumagawa siya ng seryosong pasya kapag nagpapasya siyang kumilos o hindi.

► Maaari mo bang ilarawan ang isang mahirap na kalagayang legal na maaaring maganap para sa isang Kristiyano sa inyong bansa?

## Panunuhol

Naglalakbay ang isang pastor sa isang banyagang bansa. Taglay niya ang mga kinakailangang dokumento, nguni't ilang beses din siyang pinahinto ng mga pulis upang hingan ng maliliit na halaga ng pera. Kung hindi siya magbibigay sa kanila ng pera, aantalahin nila ang kanyang paglalakbay at bibigyan nila siya ng problema.

► Ano ang dapat gawin ng pastor sa ganitong sitwasyon?

Ang suhol ay perang ibinabayad sa isang taong may awtoridad upang impluwensiyahan siya na ipahintulot ang paggawa ng isang bagay. Mali na suhulan ang isang tao upang gawin ang isang bagay na hindi niya dapat gawin. Halimbawa, kung ang isang gusali o ang isang sasakyan ay hindi nakatutugon sa mga wastong pangangailangan nito, hindi tama na suhulan ang isang inspektor upang pirmahan ang isang bagay na hindi naman totoo. Hindi tama na suhulan ang isang hukom o pulis upang magbigay ng di-makatarungang pasya.

Kung minsan ang isang taong may awtoridad ay humihingi ng suhol upang gawin kung ano ang inaasahang gagawin niya. Sa gayung pagkakataon, ang taong nagbabayad sa kanya ay hindi nagbabayad upang gumawa siya ng mali. Mali para sa opisyal na hingin iyon (Lucas 3:4), ngunit maaaring walang pagpipilian ang taong nagbabayad. Halimbawa dito ay ang paghingi ng permiso para sa isang bagay na dapat pahintulutan o upang makuha ang kalayaan ng isang taong walang kasalanan. Kung minsan ang suhol ay katulad ng pagnanakaw. Mali ang pagnanakaw, subali't hindi natin sinisisi ang biktima.

Ang isang maingat na pagtingin sa Kasulatan ay nagpapakita na hinahatulan ng Dios ang mga kumukuha ng suhol ngunit maawain para sa mga napipilitang bayaran iyon (Exodo 18:21; 23:8; Deuteronomio 10:17; 16:19; 27:25). Hindi kailanman dapat magbayad ng suhol ang mga Kristiyano para sa kaginhawahan, subali't hindi sila nagkakasala kapag sila ay pinipilit ng masasamang opisyal.

► Ano ang isang halimbawa ng maling suhol?

## Paglilingkod sa Militar

Maraming Kristiyano ang naniniwala na mali ang maglingkod bilang sundalo para sa kanilang bansa. Ibinabatay nila ang kanilang paniniwala sa ilang pangungusap sa Kasulatan. Sinabi ni Hesus na dapat nating iharap ang kabilang pisngi kapag may sumampal sa atin (Mateo 5:39). Sinabi ni Hesus na ang kanyang mga lingkod ay hindi lumalaban, dahil ang kanyang kaharian ay hindi dito sa mundo (Juan 18:36). Sinabi ni Apostol Pablo na ang ating mga sandata ay hindi pisikal (2 Corinto10:4). Naniniwala ang mga Kristiyanong ito na mali ang anumang karahasan laban sa ibang tao. Marami sa mga Kristiyanong ito ay naninirahan sa mga bansa kung saan ang pamahalaan ay hindi nagpapahintulot ng kalayaan at pinag-usig ang mga Kristiyano.

Ang ibang Kristiyano ay naniniwala na dapat maging maluwag sa ating loob na ipagtanggol ang ating bansa bilang mga sundalo. Sinasabi ng Kasulatan na itinatag ng Dios ang pamahalaan at maaaring gumamit ang pamahalaan ng mga sandata upang parusahan ang mga gumagawa ng masama (Roma 13:4). Tila malinaw na idinisenyo ng Dios ang lalaki upang pangalagaan ang kanyang pamilya, at samakatuwid, tila natural na protektahan ng mga lalaki ang kanilang mga pamilya mula sa pag-atake sa anyo ng isang hukbo. Nang si Juan Bautista ay tanungin ng isang sundalo kung paano magsisisi, sinabi ni Juan sa kanya na huwag tatanggap ng suhol o gumawa ng pansariling karahasan ngunit hindi niya siya sinabihan na umalis sa hukbo (Lucas 3:14). Nang sabihin ni Hesus na iharap ang kabilang pisngi, hindi niya sinasabi na hindi natin dapat protektahan ang ating sarili sa anumang pag-atake, sa halip ay hindi natin dapat ipaghiganti ang ating sarili sa mga nakasasakit na pagkilos, tulad ng pagsampal sa mukha. Sinabi niya na ang kanyang mga lingkod ay hindi lumalaban upang magtatag ng kahariang panlupa para sa kanya, dahil hindi siya magtatatag ng kaharian sa ganoong paraan. Kung ang pamahalaan ay ideya ng Dios, at kung dapat ipagtanggol ng pamahalaan ang kanyang mga nasasakupan, kaya't tama para sa mga Kristiyano na magsilbi sa kanilang pamahalaan upang tumulong na tuparin nito ang kanyang mga responsibilidad.

Sa loob ng mga siglo sa kasaysayan ng iglesya, maraming mga Kristiyano sa maraming bansa ang naglingkod na sa militar, maging sa labanan, dahil naniniwala sila na dapat nilang gampanan ang kanilang bahagi sa pagtatanggol ng kanilang bansa mula sa pag-atake ng kaaway.

Hindi nagkakasundo ang mga Kristiyano sa buong mundo tungkol sa usapin ng paglilingkod sa militar. Mahalaga para sa isang tao na isaalang-alang nang may panalangin ang Kasulatan at katwiran, pagkatapos ay sundin ang kanyang pinaninindigan.

► Paano sinasagot ng mga iglesya sa inyong bansa ang tanong tungkol sa paglilingkod sa militar?

### Para sa Pagbabahaginan sa Grupo

Karamihan sa mga Kristiyano ay may matibay na mga palagay sa mga usaping ito. Mahalaga na maunawaan na ang mga Kristiyano sa iba't-ibang panahon at lugar ay hindi rin magkakasang-ayon tungkol sa mga tanong na ito. Dapat nating iwasan na husgahan ang mga motibo ng iba dahil sa kanilang mga sariling palagay.

► Paano natin dapat suriin ang karaniwang relasyon sa pagitan ng mga iglesya at pamahalaan sa ating bansa? Mayroon bang bagay na dapat magbago?

### Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa pagdidisenyo ng pamahalaan upang magbigay ng proteksiyon at kalayaan. Tulungan mo po akong maging matapat sa iyo sa kabila ng mga pagkakamali ng pamahalaan ng tao.

Tulungan mo po kaming tuparin ang aming tungkulin na protektahan ang iba at maging impluwensiya sa aming lipunan.

Pinananabikan namin ang pagdating ng iyong kaharian sa kapuspusan nito.

Amen.

## Leksiyon 12 Takdang-Aralin

(1) Ang Biblia ay naglalaman ng maraming pagkakataon na ang Dios ay kumikilos sa pamamagitan ng mga opisyal ng pamahalaan upang tuparin ang kanyang mga layunin sa buhay ng kanyang bayan. Sinasabi ng Kawikaan 21:1, "Ang puso ng hari ay nasa kamay ng Panginoon, tulad ng tubig ng ilog: inililiko niya ito saan man niya iyon ibigin." Pumili ng isa sa mga talatang ito upang pag-aralan:

- Genesis 41:14-49, 42:1-3, 45:4-7
- Ester 4, 7-8
- Nehemias 1-2

Sumulat ng tungkol sa mga obserbasyong ito:

- Ano ang kinakailangang mangyari sa buhay ng bayan ng Dios?
- Paano ginamit ng Dios ang isang tagapangunang hindi makadios upang tuparin ang kanyang mga layunin?
- Paano ginamit ng Dios ang isang taong makadios upang tuparin ang kanyang layunin?

(2) Pumili ng isa sa mga paksang ito:

- Impluwensiyang Kristiyano
- Ang mga Kristiyano at mga batas ng tao
- Panunuhol
- Paglilingkod sa Militar

Hanapin ang mga Kasulatang natatagpuan sa leksiyong ito na kaugnay ng iyong paksa. Sumulat ng isang pahinang nagpapaliwanag kung ano sa iyong palagay ang pamamaraan ayon sa Kasulatan upang harapin ang paksang ito.

# Leksiyon 13
# Ang Katawan ng Kristiyano

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan kung paanong ang mga usaping pisikal ay nakakaapekto sa espirituwal na kalusugan.

(2) Italaga ang kanyang katawan sa Dios at matuto ng mga bagong kaugalian na nagpaparangal sa Panginoon.

## Si Martin Luther, Lingkod ng Dios

Si Martin Luther ay naging isang monghe dahil inisip niya na ito ang pinakamabuting paraan upang italaga ang sarili sa paglilingkod sa Dios. Ang mga disiplina na kabilang sa paraan ng pamumuhay ng isang monghe ay pagbabawal sa pagkain, pag-aayuno, simpleng pananamit, limitadong pag-aari, at hindi pag-aasawa. Ang kasigasigan ni Martin na ipailalim ang kanyang katawan sa Dios ay naging dahilan rin upang parusahan niya ang kanyang katawan sa pamamagitan ng paglatigo. Pagkatapos niyang maunawaan ang ebanghelyo ng kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, napagtanto niya na hindi niya maaaring makamit ang biyaya sa pagpapahirap sa kanyang katawan. Tinalikuran niya ang kanyang pangako sa pagmomonghe dahil iyon ay hindi ayon sa Kasulatan. Pinakasalan niya si Katherina, isang dating madre, at nagkaroon ng anim na anak.

## Introduksiyon: Kalituhan sa Corinto

Ang ilang tao sa Corinto ang hindi naniniwala na ang mga Kristiyano ay muling bubuhayin. Iniisip nila na ang katawan ay itatapon kapag namatay at ang espiritu ng Kristiyano lamang ang pupunta sa langit.

May ilang nagsasabi, “Dahil ang katawan ay mamamatay at itatapon, hindi mahalaga kung ano ang gagawin natin dito sa ngayon. Ang makasalanang paggamit ng katawan ay hindi mahalaga, dahil ang katawan ay walang pangwakas na halaga.”

Ang ibang itinatanggi ang muling pagkabuhay ay nagsasabi, “Ang katawan ay itatapon dahil ang mga pagnanasa nito ay masama. Sa langit wala na tayong mga pisikal na mga pagnanais. Dahil masama ang mga pisikal na pagnanasa, hindi natin dapat sundin ang mga iyon ngayon. Hindi tayo dapat kumain ng mabubuting pagkain, magsuot ng komportableng damit, o maging makipagtalik kapag nag-asawa. Dapat nating supilin ang katawan sa lahat ng paraang kaya natin hanggang sa iwan natin ito.”

Kapwa mali ang mga pananaw na ito. Kapwa ito nakabatay sa pagkakamali. Sa 1 Corinto 15, ipinaliwanag ni Pablo kung bakit mahalaga ang doktrina ng muling pagkabuhay.

Bagaman wasto para sa atin ang mas mag-usap tungkol sa espirituwal na buhay kaysa sa mga usaping pisikal, ang ating mga katawan ay nakakaapekto sa mga usaping espirituwal. Nilikha tayo ng Dios hindi bilang mga espiritu lamang kundi bilang mga espiritung may pisikal na katawan. Tayo ay hindi basta mga hayop lamang, gayunman tayo ay hindi lamang mga espiritu na pansamantalang naninirahan sa mga katawan.

## Pagtatalaga sa Dios

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 6:19-20 para sa grupo.

Sinasabi sa atin ng mga talatang ito na ang ating mga katawan ay pag-aari ng Dios dahil tinubos niya tayo. Ang ating katawan ay templo ng Banal na Espiritu at hindi dapat gamitin para sa kasalanan.

Sinasabi ng Biblia na ang pisikal na katawan ay dapat lubusang ipasakop sa Dios.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 12:1 para sa grupo.

Sinasabi ng talatang ito na ang ating mga katawan ay dapat maging banal at ito ay pag-aari ng Dios. Ang pagsamba na nais ng Dios mula sa atin ay lubusang pagsunod.

Hindi tayo makapaglilingkod sa Dios ng tuloy-tuloy kung tayo ay kinokontrol ng mga pagnanasa ng ating mga katawan. Ang anumang kaugaliang kasalanan ay katulad ng pagiging lulong sa masama.

Isipin mo ang isang hayop na may dalawang amo. Ang isang amo ay nagbibigay ng utos, ngunit ang hayop ay hindi makasunod dahil ikinadena siya ng ikalawang amo. Ang amo na may hawak sa kadena ay hinihila ang hayop kahit saan niya ibig. Maaaring mas mahal ng hayop ang unang amo, ngunit hindi niya ito masunod. Ito ang katulad ng pagiging lulong sa masama. Maaaring nais ng tao na pagsilbihan ang Dios, ngunit ang pagkalulong ay isang kadena na hindi niya mapaglabanan.

Ang mga pagkalulong at karamihan sa mga anyo ng kasalanan ay nakakasira sa katawan at pag-iisip ng tao. Dahil ang ating mga katawan ay pag-aari ng Dios at itinalaga upang maglingkod sa kanya, mali na sirain ito. Ang talatang binasa natin sa Roma ay nagsasabi sa atin na dapat nating ibigay ang ating mga katawan bilang handog sa Dios, ngunit hindi natin iyon magagawa kung hindi natin nasusupil ang ating mga sarili.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 9:24-27 para sa grupo.

Alipin mo ang iyong katawan, ngunit dapat mo itong kontrolin. Napakabuti nito bilang isang alipin. Kapag hindi ito nasupil, ito ang iyong nagiging panginoon, at ang katawan ay isang napakasamang panginoon. Sinabi ni Pablo na hindi niya hinahayaan makapanaig sa kanya ang anumang pagnanasa (1Corinto 6:12).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 6:13 para sa grupo.

Ang katawan ay katulad ng isang grupo ng kagamitan na pag-aari mo. Nasa ilalim ng iyong pagkontrol ang mga kagamitan. Hindi mo na gagamitin ang mga iyon sa kasalanan kundi para sa Dios.

## Mga Likas na Pagnanasa

May mga tao na nag-iisip na hindi natin maiiwasan ang kasalanan dahil sa ating mga likas na pagnanasa. Totoo na tayo ay isinilang na may likas na pagkamakasalanan na nagdadala sa atin sa kasalanan. Kabilang sa kalikasang iyon hindi lamang ang mga pisikal na pagnanasa kundi gayun din ang mga pagnanasa ng isip at kalooban na nakakiling sa kasalanan. Ang isang taong hindi pa muling binubuhay ng Espiritu ng Dios ay hindi titigil sa pagkakasala, bagaman maaari siyang magtagumpay sa paglaban sa ilang kasalanan. Ang isang makasalanan na hindi pa nakararanas ng biyaya ng Dios ay maaaring hindi maniwala na makapamumuhay siya nang matagumpay.

Hindi ang natural na mga pagnanasa ang suliranin. Nilikha ng Dios ang mga likas na pagnanasa. Si Adan ay may mga likas na pagnanasa ngunit hindi siya makasalanan hanggang sa piliin niya na suwayin ang Dios. Ang mga pagnanasang ito ay bahagi ng disenyo ng Dios para sa sangkatauhan. Ang mga ito ay hindi makasalanan sa ganang sarili nila, ngunit dahil sa kanila nagiging posible ang pagtukso.

► Ano ang ilang halimbawa ng likas na pagnanasa?

Ang sumusunod na chart ay hindi kumpleto, ngunit nagbibigay ng ilang halimbawa ng mga likas na pagnanasa, ang ilan ay karaniwan at wastong pagpapahayag ng mga pagnanasang iyon, at ang ilang paraan na nagiging posible ang pagtukso.

Pansinin na ang mga likas na pagnanasa ay hindi palaging pagnanasa ng katawan. Ang mga ito ay likas dahil ang mga ito ay nagmumula sa kalikasan ng tao, ngunit hindi lahat ng ito ay pisikal na pagnanasa.

| Mga Kategory ng Likas na Pagnanasa | Mga Halimbawa ng Wastong Pagpapaha-yag ng Mga Likas na Pagnanasa | Mga Posibleng Kasalanan |
|---|---|---|
| Pangangalaga sa Sarili | Pag-iingat para sa Kaligtasan | Karuwagan |
| Pagtanggap ng mga Tao | Maingat na pananamit, pagpapakita ng paggalang | Pagmamataas, Pagkainggit |
| Kasiyahang Pampisikal | Pagkain, pagtulog, at pakikipagtalik sa buhay-mag-asawa | Pagmamalabis sa gawaing makasalanan |
| Mga Kasiyahan sa Lipunan | Pakikisalamuha sa Iba | Magtsismis,pagiging mapagmataas |
| Pisikal na Kaginhawahan | Pagpili sa kariwasaan | Katamaran, Materyalismo |
| Seguridad sa Pananalapi | Pagiging matipid, pamumuhunan sa negosyo | Kasakiman, kawalan ng katapatan |

► Mayroon bang likas na pagnanasa na lagi mong masusunod?

Walang alinmang likas na pagnanasa ang maaaring pahintulutan na maghari nang walang katanungan. Walang alinmang likas na pagnanasa ang lagi mong ligtas na masusunod dahil hindi nililimitahan ng isang pagnanasa ang sarili nito sa mga bagay na matuwid para sa iyo. Halimbawa, ang pagnanasa ng gutom ay hindi napipili kung alin ang kanyang sariling pagkain, pagkain ng ibang tao, o pagkain na hindi kayang bilhin ng tao.

May mga pagkakataon na maging ang wastong pagpapahayag ng pagnanasa ay dapat supilin. Hindi dahil ang isang tao ay nagugutom ay hindi nangangahulugan na maaari niyang basta kunin ang pagkain ng ibang tao. Natural na naisin natin ang pagpapahinga, ngunit kung minsan ang isang tao ay kinakailangang magtrabaho kahit na siya ay napapagod. Natural sa atin na naisin na umiwas sa panganib, ngunit dapat labanan ng isang tao ang pagnanais na tumakbo palayo sa panganib kapag tungkulin niya na pangalagaan ang ibang tao.

Ang mga likas ng pagnanasa ay maaaring sobra ang pagkabaluktot at naliligaw kaya't ito ay nagkakaroon ng hindi natural at hindi makataong anyo. Iyon ang dahilan kung bakit ang

ilang tao ay gumagawa ng labis na makasalanan o malupit na mga pagkilos. Ang mga likas na pagnanasa ay nababaluktot o naililigaw ng 1) maling katuruan, 2) ang pagbuo ng masasamang huwaran ng pag-iisip, 3) pananatili sa makasalanang kapaligiran, o 4) mga sariling makasalanang gawain ng tao.

Dapat asahan ng bawat mananampalataya na daranas siya ng tukso dahil sa mga likas na pagnanasa. Hindi karaniwang inaalis ng biyaya ang mga likas na pagnanasa, nguni't nagbibigay ito sa tao ng kapangyarihan na supilin ang kanyang mga kilos at ituon ang kanyang mga pagnanais tungo sa mga lehitimong mga bagay.

Dahil sa mga natural na pagnanasa kinakailangan ang espirituwal na mga disiplina upang mapanatili ang espirituwal na tagumpay. Hindi pinalalaya ng biyaya ang tao mula sa pangangailangan ng pagsunod sa mga tagubilin ng Kasulatan, pagdalo sa pananambahan, pananatili sa pagsupil ng katawan, at pagsasagawa ng pananalangin at pag-aaral ng Biblia. Ang isang mananampalataya na seryoso tungkol sa pagpapanatili ng espirituwal na tagumpay ay maaari ring maglagay ng pansarling pagbabawal upang protektahan ang kanyang mga lugar ng kahinaan.

Ang tukso ay tila kaakit-akit, ngunit kung ang puso ay nakatatag upang naisin ang kalooban ng Dios, ang taong ito ay tunay na makatatanggi sa pagtukso mula sa kanyang puso (1 Juan 5:3). Hindi niya iisipin na tinatanggihan niya kung ano talaga ang makapagpapasaya sa kanya. Sa pamamagitan ng pananampalataya nalalaman niya na hindi ipagbabawal ng Dios ang anumang hindi makasasama, kahit na hindi niya nakikita ang kasamaan ng isang bagay na ipinagbabawal (Deuteronomio 6:24). Sa pamamagitan ng pananampalataya nalalaman niya na walang anumang salungat sa kalooban ng Dios ang tunay na nakasisiya sa kanya, dahil ang kanyang kasiyahan ay nasa Dios (Awit 16:2, Awit 84:11).

### Diet at Ehersisyo

► Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagkain?

Hindi tahasang ipinagbabawal ng Biblia ang anuman para sa pagkain. Ang mga pagbabawal sa pagkain ng Lumang Tipan ay hindi hinihingi sa mga Kristiyano sa Bagong Tipan (1 Timoteo 4:4, Marcos 7:19). Mayroong isang usapin sa mga pagkain na inialay sa mga dios-diosan, subalit iyon ay hindi dahil ang pagkain mismo ay mali, kundi dahil ang ilang tao ay kumain ng pagkain na bahagi ng pagsamba sa dios-diosan (1 Corinto 8).

Ang *diet* ay mahalaga para sa kapakanan ng pisikal na kalusugan at lakas. Dahil tayo ay mga lingkod ng Dios, dapat nating naisin na manatili sa mabuting kalagayang pisikal. Dapat nating sikapin na hindi masira o paigsiin ang ating buhay dahil sa masamang pagkain. Maraming tao ang wala namang maraming pagpipilian sa pagkain, dahil kailangan nilang kainin kung ano ang mayroon at kung ano ang kaya nilang bilhin, subali't dapat nilang piliin ang pinakamabuting magagawa nila. Dapat din nilang turuan ang kanilang mga anak na gumawa ng mabuting pagpili sa pagkain.

May mga tao na may sapat na perang pambili ng pagkain kung minsan ay kumakain ng labis dahil sa lasa ng pagkain na gusto nila sa halip na piliin ang pagkain na magbibigay sa kanila ng pinakamainam na sustansiya. Natutukso rin ang mga tao na gumastos ng sobra sa mga hindi masustansiyang pagkain. May mga tao na hindi makabili ng aklat para sa pagsasanay sa ministeryo, subalit gumagastos ng malaking halaga linggo-linggo para sa sitsirya at Coke.

Ang pisikal na ehersisyo ay kinakailangan para ang tao ay manatili sa mabuting kundisyong pisikal. Hindi dapat hayaan ng isang tao ang kakulangan sa ehersisyo upang magkulang siya ng lakas o magkaroon ng sobrang timbang na makahahadlang sa kanya upang magawa ang kanyang pinakamabuti para sa Dios. Kung ang pinapasukang trabaho ng isang tao ay nangangailangan ng pisikal na paggawa, maaaring mangailangan siya ng dagdag na pisikal na eherisyo; kung hindi, dapat niyang disiplinahin ang kanyang katawan upang manatili sa mabuting kundisyon.

Dapat isaalang-alang ng isang Kristiyano ang diet at ehersisyo dahil siya ay pag-aari ng Dios. Gayunman, ang mga tiyakang tagubilin tungkol sa diet at ehersisyo ay hindi nakasulat sa Biblia. Dapat humanap ang tao ng paraan kung paano gagamitin ang prinsipyo ng pagtatalaga ng buhay sa Dios sa kanilang sariling kalagayan. Dapat nating iwasan ang paghusga at pagpuna sa iba. Ang mga detalyeng ito ay hindi dapat gawing mga alituntunin ng espirituwal na pamumuhay malibang ang isang piling grupo ng tao ay magtalaga ng sarili sa mga tiyak na disiplina.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 14:4 para sa grupo.

Dapat nating ilapat ang mga prinsipyo ng Kasulatan sa mga tiyak na paraan, subalit hindi natin dapat husgahan ang mga taong gumagamit ng mga ito sa ibang paraan, kapag ang tiyak na aplikasyon nito ay wala sa Kasulatan.

## Mahimalang Pisikal na Kagalingan

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 8:18-23 para sa grupo.

Ang karamdaman ay isang bunga ng sumpa na dumating sa buong sanlibutan nang magkasala ang mga unang tao. Ang plano ng kaligtasan ng Dios ay sa wakas ay papanumbalikin ang sannilikha at wawakasan ang lahat ng paghihirap. Gayunman, sinasabi ng mga talatang ito na ang pagpapanumbalik ay hindi mangyayari agad. Bagaman tayo ay ligtas na, ang ating mga katawan ay magpapatuloy na makakaranas ng pagtanda at karamdaman hanggang matapos ang plano ng kaligtasan ng Dios.

Gumawa na ng mga himala ang Dios sa mundo. Maraming himala ng pagpapagaling ang nakatala sa Biblia. Ipinangako ng Dios ang kagalingan bilang tugon sa mga panalanging may pananampalataya ng iglesya (Santiago 5:14-15). Hindi kinakailangan na ang taong maysakit ay may pananampalataya para sa kanyang sariling paggaling; ang iglesya ay

maaaring magkaroon ng pananampalataya para sa kanya. Samakatuwid, ang taong may sakit ay hindi dapat paratangan na kulang sa pananampalataya.[50]

Hindi natin maaasahan na ang isang taong may pananampalataya ay hindi magdaranas ng sakit. Pinahintulutan ng Dios na pisikal na magdusa si Job sa loob ng ilang panahon bagaman si Job ay naging matapat sa Dios (Job 2:8).

Sinabi ni Pablo na pinahintulutan ng Dios ang isang "tinik sa aking laman" upang panatilihin siyang mababang-loob at nakadepende sa Dios. Tatlong beses na nanalangin si Pablo upang siya ay iligtas, ngunit sa wakas ay napagtanto niya na nais ng Dios na bigyan siya ng kalakasan upang pagtiisan iyon sa halip na pagalingin siya (2 Corinto 12:7-9). Marahil parang ang "tinik sa aking laman" ay isang pisikal na sakit, bagaman hindi natin iyon natitiyak.

Nagtiis si Pablo ng pisikal na karamdaman habang siya ay nag-eebanghelyo sa mga taga-Galacia (Galacia 4:13-15). Maliwanag na mayroon siyang problema sa kanyang mga mata, dahil sinabi niya na minamahal siya ng mga taga-Galacia kaya't maluwag sa kanilang loob ng ibibigay nila sa kanya ang kanilang mga mata. Hindi natin alam kung gumaling si Pablo sa karamdamang ito sa sumunod na mga panahon, ngunit malinaw na hindi siya agad gumaling. Malinaw na hindi itinuro ni Pablo na ang bawat mananampalataya ay dapat laging malaya sa karamdaman, at hindi inisip ng mga taga-Galacia na ang kanyang karamdaman ay sumalungat sa ebanghelyo na kanyang ipinangaral.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Filipos 2:25-30 para sa grupo.

Maysakit si Epafrodito at nasa panganib na mamatay. Nagkasakit siya dahil labis siyang nagtatrabaho upang tulungan si Pablo. Sinabi ni Pablo na karapat-dapat parangalan si Epafrodito dahil inilagay niya sa panganib ang kanyang buhay para sa gawain ni Kristo.

Ang mga halimbawa nina Job, Pablo at Epafrodito ay nagpapakita sa atin na hindi natin dapat paratangan ang mga tao ng kakulangan ng pananampalataya kapag sila ay nagkasakit. Hindi natin dapat ipalagay na sila ay pinarurusahan dahil sa kasalanan. Ang Dios lamang ang nakakaalam kung mayroong espirituwal na dahilan para sa paghihirap ng isang tao. Ang ilan sa mga pinakadakilang Kristiyano sa kasaysayan, mga tao na may dakilang pananampalataya, ay nagdusa ng karamdaman sa matagal na panahon.

Hindi ipinagbabawal ng Biblia ang pagpunta sa mga doktor at paggamit ng medisina. Bagaman nananalangin tayo ng kalusugan at kagalingan, hindi masama na gamitin natin ang tulong na mayroon tayo.

Mali na hanapin natin ang pagpapagaling mula sa mga taong nagsasabi na mayroon silang kapangyarihan ng mahika o naglilingkod sa mga espiritu na hindi mula sa Dios. Hindi tayo naglilingkod kay Satanas, at hindi tayo dapat humanap ng mga benepisyo mula sa kanya.

---

[50] Pinagaling ni Jesus ang lalaking paralisado dahil sa pananampalataya ng kanyang mga kaibigan, (Marcos 2:5).

Ang ating katapatan ay sa Dios, at dapat tayong makontento sa kanyang mga pagpapala. Kung pinipili niya na hindi magpagaling, dapat tayong manalangin para sa biyaya at kalakasan upang maging matapat.

## Mga Sangkap na Mapanganib

May mga taong gumagamit ng mapanganib na sangkap na nagbibigay ng kasiyahan sa kanilang katawan ngunit may masamang epekto.

Ang mga narkotiko ay nakakasira sa katawan, nakakasira ng isip, nagbubunga ng pagkalulong sa masamang sangkap, at ipinagbabawal sa karamihan sa mga lugar.

Maliban sa napakaliliit na sukat, ang alkohol ay nakakaapekto sa pang-unawa ng isang tao at nagiging dahilan upang siya ay kumilos sa paraang hindi niya gagawin kung hindi siya apektado ng alkohol. Nakakalulong rin ang alkohol. Kung maraming maiinom, nakakasama ito sa kalusugan. Labis itong ginagamit sa mga lugar ng makamundo, imoral na paglilibang. Hindi direktang ipinagbabawal ng Biblia ang alkohol, nguni't maraming iglesya ang nagbabawal nito dahil nakakaapekto ito sa pag-uugali at pagpapasya, nakakalulong, at madalas na kasama ng imoral na pag-uugali. Maraming Kristiyano ang nag-aalala na kung ang isang tao ay maingat na gumagamit ng alkohol habang iniiwasan ang mga panganib, maaari niyang maimpluwensiyahan ang iba sa masamang paraan, lalung lalo na ang mga kabataan.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Kawikaan 20:1 at 31:4-5 para sa klase.

Ang tabako, sinisigarilyo o nginunguya nang regular, ay nakakalulong at nagpapaikli ng buhay nang ilang taon. Ang gumagamit nito ay may mataas na panganib ng kanser.

Hindi nagbabawal ng tiyakan ang Biblia ng narkotiko, alkohol o tabako. Gayunman, karamihan sa mga tao na nakauunawa ng pagiging mapanganib nito ay naniniwala na hindi dapat gumamit nito ang Kristiyano. Hindi iyon ang nangyayari sa lahat ng lugar, sa mga panahon bago nalaman ng mga tao ang lubos na epekto ng mga sangkap na ito.

Ang pinakamalaking panganib ng mga sangkap na ito ay ang pagkalulong ng sinumang gagamit nito. Kinokontrol ng pagkalulong ang buhay ng tao. Inuubos nito ang kanyang mga pinagkukunan ng pangangailangan (o ari-arian). Nakakaapekto ito sa kanyang pang-unawa, at nakapangangatwiran siya nang wala sa tama upang ituring na matuwid ang mga ito. Gumagawa siya ng mga sakripisyong nakasasama sa kanyang pamilya at trabaho. Ang pagkalulong ay humihingi ng katapatan na katulad ng isang relihiyon at sumasalungat sa katapatan sa Dios.

## Kalinisan at Kaayusan

Ang Kristiyano ay dapat magkaroon ng mga kaugalian ng pisikal na kalinisan na halos kasimbuti ng normal na kinagawian sa kanyang kultura. Hindi siya dapat mapansin ng iba dahil sa pagkakaroon ng hindi kaaya-ayang amoy, buhok na tila hindi sinusuklay, o damit

na marumi o masama ang kalagayan. Ang isang taong naghihirap ay maaaring magkaroon ng kahirapan sa pagpapanatili ng mabuting kaanyuan, ngunit dapat niyang gawin ang lahat ng kanyang makakaya.

Dapat kang makinig kapag pinupuna ng iyong mga kaibigan ang iyong hitsura o hygiene/pansariling kalinisan. Dapat turuan ng mga magulang ng mabubuting kaugalian ang kanilang mga anak.

Hindi dapat sundin ng mga Kristiyano ang paraan ng sanlibutan, nagdadamit at gumagamit ng mga alahas upang ipakita na sila ay mas higit kaysa sa iba. Gayunman, ang isang walang ingat na kaayusan ay maaaring magpahiwatig na ang taong iyon ay may kaunting paggalang sa mga taong kanyang nakakaharap. Halimbawa, kapag ikaw ay hindi maingat tungkol sa iyong kaayusan kapag nagtungo ka sa isang pagtitipon, maaaring isipin na para sa iyo ang pagtitipon at ang mga tao ay hindi karapat-dapat igalang. Dapat ipakita ng mga Kristiyano kung paano pararangalan ang Dios at ipakita ang respeto sa iba sa pamamagitan ng pagdadamit ng naaangkop.

Ang mga taong hindi nagtataglay ng espirituwal at walang hanggang prayoridad ay madalas na binibigyang-diin ang kanilang katawan sa pamamagitan ng pagdadamit sa paraang nakakatawag ng atensiyon. Ang lalaki ay maaaring ipakita ang kanyang malaking katawan. Maaaring gusto ng babae na maging pisikal na kaakit-akit sa kalalakihan. Ang isang Kristiyano ay hindi dapat magnais na magpakita ng pagmamataas o makuha ang maling uri ng atensiyon sa pamamagitan ng kanyang pananamit.

**Para sa Pagbabahaginan sa grupo**

Hikayatin ang mga mag-aaral na isipin kung paanong ang pagtatalaga ng sarili sa Dios ay makagagawa ng pagbabago sa kanilang paraan ng pamumuhay.

► Paano nagpapakita ang iyong mga kaugalian na ang iyong katawan ay pag-aari ng Dios?

Iwasan ang mahahabang pagtatalo na naglalayong ipatupad ang mga alituntunin ng pagkain o mga katulad na pagbabawal bilang mga kinakailangan sa mga Kristiyano.

► How Paano mo ipapaliwanag sa isang tao kung bakit hindi ka gumagamit ng mga sangkap tulad ng narkotiko, alkohol at mga katulad nito?

## Panalangin

Aming Ama sa Langit,

Salamat po sa kahanga-hangang disenyo na ibinigay ninyo sa amin upang makapamuhay una sa mundo at pagkatapos ay sa langit.

Tulungan mo po akong mamuhay na may lubos na dedikasyon sa iyo, dahil alam ko na ako'y nilikha mo at tinubos.

Tulungan mo po akong mamuhay nang malaya sa anumang makakahadlang sa aking paglilingkod at pagsamba sa iyo.

Salamat po sa dakilang pribilehiyo na mayroon ako na maging templo ng iyong Banal na Espiritu. Nais kong mamuhay sa paraang nagpaparangal sa iyo.

Amen

## Leksiyon 13 Mga Takdang Aralin

(1) Isulat ang iyong mga sagot sa bawat isa sa mga sumusunod na tanong sa isang personal na journal entry. (Hindi mo ito dapat ipasa sa tagapanguna sa klase).

- Lubos mo na bang itinalaga ang iyong sarili sa Dios? Ano ang kahulugan niyon sa iyo?
- Anong mga likas na pagnanasa ang pinakamadalas na nagdudulot ng tukso sa iyong buhay?
- Anong dalawa o tatlong talata sa Kasulatan ang dapat mong isaulo upang tulungan kang magpatuloy sa pagtatagumpay laban sa mga tuksong ito?
- Anong mga pagbabago ang sinabi sa iyo ng Dios na dapat mong gawin na napag-aralan mo sa leksiyong ito?

(2) Pag-aralan ang 1 Corinto 15. Una, hatiin ito sa mga seksiyon na ang bawat isa ay tatalakay ng mas maliit na paksa. Sumulat ng isang parapo para sa bawat seksiyon na nagpapaliwanag sa mensahe ng naturang seksiyon. Ano ang mga praktikal na direksiyon na dapat ibatay sa kabanatang ito?

# Mga Inirerekomendang Pagkukunan

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa mga paksang pinag-aralan sa kursong ito, pakitingnan ang mga sumusunod ng mapagkukunan.


**Leksiyon 1 – Integridad ng Kristiyano**

McDowell, Josh, and Bob Hostetler. *Right from Wrong.* Nashville: W Publishing Group, 1994.

Sider, Ron. *The Scandal of the Evangelical Conscience.* Grand Rapids: Baker Books, 2005.

**Leksiyon 2 – Ang Pagsasagawa ng Pagsunod sa Dios**

Keep, Tim and Becky. *It's All about Obedience.* Shoals: Whispering Pines Publishing, 2016.

*Spiritual Formation* (course from Shepherds Global Classroom). Available online or in print at: https://www.shepherdsglobal.org/courses

**Leksiyon 3 – Trabaho**

McQuilkin, Robertson. *An Introduction to Biblical Ethics.* (Second Edition). Wheaton: Tyndale House Publishers, Inc., 1995.

**Leksiyon 4 – Mga Kaugnayan**

Chapman, Gary. *The Five Love Languages.* Chicago: Northfield Publishing, 2015.

Carnegie, Dale. *How to Win Friends and Influence People*. New York: Pocket Books, 1936.

**Lesson 5 – Paggabay ng Dios**

Duewel, Wesley. *Let God Guide You Daily*. Greenwood, IN: One Mission Society, 1988.

**Leksiyon 6-7 – Pag-aasawa**

Drescher, John. *For Better, For Worse.* Morgantown, PA: Masthof Press, 2012.

Eggerichs, Emerson. *Love and Respect*. Nashville: Thomas Nelson, 2004.

Thomas, Gary. *Sacred Marriage.* Grand Rapids: Zondervan, 2000.

**Leksiyon 8 - Kapaligirang Kristiyano**

Schaeffer, Francis, Udo W. Middelmann, Lynn White Jr., and Richard Means. *Pollution and the Death of Man*. Wheaton: Tyndale House, 1970.

**Leksiyon 9 – Pananalapi**

Ramsey Dave. *The Financial Peace Planner*. New York: Penguin Books, 1998.

Wesley, John. "The Use of Money" (a sermon). Available online at https://www.whdl.org/use-money-sermon-50 (as of January 14, 2021).

**Leksiyon 10 - Katapatan**

Covey, Stephen M. R. *The Speed of Trust: The One Thing that Changes Everything.* New York: Free Press, 2006.

**Leksiyon 11 – Kahalagahan ng Tao**

Lewis, C. S. *The Abolition of Man*.

Colson, Charles and Nancy Pearcey. *How Shall We Now Live?* Wheaton: Tyndale House Publishers, 1999.

**Leksiyon 12 - Pamahalaan**

Schaeffer, Francis. *A Christian Manifesto*. Wheaton: Crossway Books, 1981.

**Leksiyon 13 – Ang Katawan ng Kristiyano**

Foster, Richard. *Celebration of Discipline*. New York: HarperCollins Publishers, 1978.

# Praktikal na Pamumuhay Kristiyano
# Talaan ng mga Takdang Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ________________________________________

Lagyan ng Pirma kapag natapos ang bawat takdang-aralin. Ang lahat ng takdang aralin ay dapat matagumpay na matapos upang makatanggap ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Leksiyon | Takdang Aralin 1 | Takdang Aralin 2 | Takdang Aralin 3 |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |
| 10 | | | |
| 11 | | | |
| 12 | | | |
| 13 | | | |

## Kahilingan Para sa Sertipiko Mula sa Shepherds Global Classroom

Ang Kahilingan para sa Sertipiko ng Pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring kumpletuhin sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga Sertipiko ay ipapadala sa pamamagitan ng internet mula sa presidente ng SGC sa mga tagapagturo at mga facilitator na gumawa ng aplikasyon para sa kanilang (mga) mag-aaral.